Strengthened Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Modelong Banghay-Aralin sa Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino

CORE SUBJECT



Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng **Strengthened Senior High School Curriculum**. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat: Lucha May T. Sidaya, Marilou B. Aninion, Herbert T. Bautista, Analyn D. Fabian, Edna C. Lucañas- De Jesus, Jane Olaver, Herminio B. Paulino Jr., Eugene P. Mapula, Nuayme S. Enriquez, Mark Jayson M. Campaña, Maria Teresa A. Portillo, Elvin H. Wenceslao

Tagasuri ng Nilalaman: Joy Cabonce, Danilo L. Baraquiel, Rizalyn D. Cunanan

Konsultant: Michael Charleston “Xiao” B. Chua
Dela Salle University – Manila

Learning Area Specialist: Marlon F. Adlit
Rowel S. Paderna
Kelvin L. Tolentino

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito **https://bit.ly/Feedback_LE_LAS_Core** kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LE. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng National Technical Working Group (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal.

Talaan ng Nilalaman

Modelong Banghay-Aralin 1 1

Modelong Banghay-Aralin 2 - 17

Modelong Banghay-Aralin 3 42

Modelong Banghay-Aralin 4 63

Modelong Banghay-Aralin 5 90

Modelong Banghay-Aralin 6 106

Pamagat / Paksa ng Aralin	Mga Anyo ng Pakikibaka at Pakikiangkop sa Pag-usbong ng Kamalayang Pilipino.	**Modelong Banghay-Aralin**	1

I. LAYUNIN	
A. Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang masusing pag-unawa sa iba't ibang anyo ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino
B. Pamantayan sa Pagganap	Nakapagpapahayag ng paninindigan (hal. posisyong papel, presentasyong, pahayag adbokasiya) na nagsusuri sa karanasan ng mga Pilipino sa pakikibaka laban sa iba't ibang anyo ng operasyon.
C. Mga Kasanayang Pampagkatuto	Naipaliliwanag ang kahulugan at katuturan ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino.
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO (*Pagpili ng Materyal)*	• *Alliance of Concerned Teachers. n.d. Educational Modules on Civic Education. ACT Philippines* • *Chua, Michael Charleston "Xiao" B. 2024. Xiao Time: Mga Dakilang Pilipino Vols 1and 2. City of San Fernando: Amlat Publishing and Project Saysay, 2024.* • *Constantino, Renato. 1975. The Philippines: A Past Revisited.Manila: tala Publising Services.* • *David, Randy. 2007. Public Lives. Mandaluyong City: Avil Publishing* • *Malay, Carolina S., and Ma. Cristina V. Rodriguez, eds. Ang Mamatay Nang Dahil Sayo: Heroes and Martyrs of the Filipino People in the Struggle against the Dictatorship, 1972-1986. Vols 1and 2. Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2015-2016.* • *Mojica, Proculo L. Terry's Hunters: The true Story of the Hunters ROTC Guerrillas. Manila: Benipayo Press, 1965.* • *Quirino, Carlos. Filipinos at War. Manila: Vera-Reyes, 1981.* • *Schumacher, John N. The Propaganda Movement, 1880-1895: The Creation of Filipino Consciousness, the Making of the Revolution. Rev.ed.Manila: Ateneo de Manila University Press, 1997.* • *Teodoro, Luis V. 2008. Serve the People: Ang Kasaysayan ng Radikal na Kilusan na Unibersidad ng Pilipinas. Quezon City: IBON Foundation, 2008* • ***DepEd. 2019.*** Basic Education Curriculum Guide. *Accessed June 2026. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/apcg.pdf.* • ***YouTube. 2026.*** *"Video Resource." YouTube video, accessed June 2026. https://m.youtube.com/watch?v=O4fAwRRXCQE*

III. NILALAMAN *(Pagsasaayos ng Nilalaman)*	**Mga Anyo ng Pakikibaka at Pakikiangkop sa Pag-usbong ng Kamalayang Pilipino.** A. Mga Anyo ng Pakikibaka: Katuturan at Kahulugan B. Mga Piling Kolektibong karanasan ng Pakikibaka Laban sa mga Dayuhan na Nagbunsod ng Kamalayang Pilipino	
IV. TUNGUHIN *(Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin at Pagsusuri ng mga Gawain)*	***Matapos ang aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:*** 1. *Nabibigyang-kahulugan ang mga anyo ng pakikibaka.* 2. *Natutukoy ang katuturan ng pakikibaka sa pambansang kamalayan.* 3. *Natatalakay ang kahalagahan ng kolektibong pakikibaka sa kasalukuyang lipunan.*	
IV. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO** *(Panuto sa guro kung paano isasakatuparan ang mga gawain.)*
A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	**UNANG ARAW** **1. Paghango sa Dating Kaalaman** *Magandang araw! Alam niyo ba kung ano-ano ang iba'-ibang pakikibaka na kinakaharap ng mga mamamayan sa ating pang-araw-araw na pamumuhay? Ito ang ating tutuklasin ngayon sa ating paksa. Simulan natin ang ating gawain sa pamamagitan ng (sabihin kung ano ang opsiyon ng guro na isasagawa).* ***OPSIYON 1: "SALITA-SALOOBIN"*** • *Isulat sa pisara ang salitang "Pakikibaka."* • *Itanong sa mga mag-aaral:* ***"Ano ang inyong pagkakaunawa sa salitang pakikibaka?"*** • *Ipasulat ang kanilang mga sagot sa meta strips at ipapaskil sa pisara o kaya naman ay ipabahagi sa pamamagitan ng oral recitation.* • *Para sa mga mag-aaral na may access sa internet at gadgets, maaaring gumamit ng ibang interaktibong digital na kagamitan kagaya ng* ***Mentimeter/padlet*** *upang maitala at maipakita ang kanilang mga sagot sa isang word cloud.* • *Gagamitin ng guro ang mga nakalap na sagot bilang batayan sa pamprosesong tanong at sa pag-uugnay ng aralin.*	*Pipili ang guro ng isang gawain mula sa dalawang ibinigay na opsiyon. Pagkatapos maisagawa ang gawain, sasagutin ng mga mag-aaral ang pamprosesong tanong. Maaaring magsagawa ng malayang paglalahad o magsulat sa activity notebook para sa kanilang sagot, at pagkatapos ay hihingi ng mga kasagutan mula sa ilang piling* mag-aaral**.** ***Bibigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng pakikibaka.***

	OPSIYON 2: "LARAWAN NG LABAN" •*Ang guro ay magpapakita ng tatlo hanggang limang (3-5) larawan o mga salita na naglalahad ng iba't ibang uri ng pakikibaka ng mga Pilipino (rebolusyonaryo, kultural, tahimik na protesta, welga ng mga manggagawa, online activism).* •*Iuugnay ng mga mag-aaral ang larawan o salita upang masuri ang katuturan ng pakikibaka.* •*Pagkatapos ng pagpapakita ng mga larawan, babasahin ng ilang mag-aaral ang kanilang naisulat. Padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong.* ***Pamprosesong Tanong:*** 1. *Ano ang iyong alam tungkol sa pakikibaka ng mga Pilipino?* 2. *Paano nakakatulong ang ganitong uri ng pakikibaka sa pagpukaw ng damdaming makabayan ng mga Pilipino?* **2. Paglalahad ng Layunin** *Mula sa ating pagtuklas ng salitang "pakikibaka", ngayon naman ay sisiyasatin natin nang mas malalim ang diwa ng paglaban. Sa araling ito, aalamin natin ang iba't ibang mukha ng pakikibaka, mauunawaan ang kahalagahan nito sa paghubog ng pambansang kamalayan, at tatalakayin ang mahalagang papel ng kolektibong pagkilos sa pagtugon sa mga isyu at hamon ng kasalukuyang lipunan.* ***OPSIYON 1: "Bakit ako Lumalaban?"*** ● *(Indibidwal na Gawain)* ● *Ang guro ay magpapakita ng ilang isyung panlipunan (hal.: edukasyon, kalikasan, kahirapan, karapatan).* ● *Pasasagutin ng guro ang mga estudyante sa tanong: Bakit ako lalaban para rito?* ● *Bibigyan ng meta strips o sticky notes ang mga mag-aaral at ipapadikit ang mga ito sa isang tsart na nakalagay sa pisara.* ● *Padadaluyin ng guro ang sagot sa pamprosesong tanong.*	*Ang gawaing ito ay* ***Reflective*** *dahil Hinihikayat ang mag-aaral na magnilay sa kanilang personal na karanasan at pananaw tungkol sa pakikibaka.* ***Ideational*** *na nakatuon sa pagbuo at pag-express ng sariling ideya tungkol sa kahulugan ng pakikibaka. Ito rin ay* ***Engage*** *sapagkat may aktibong partisipasyon sa pagbabahagi ng ideya sa pisara o digital word cloud.* ***Responsive dahil*** *tumutugon sa iba't ibang learning styles; may opsiyon sa digital o traditional format, at* ***inclusive*** *dahil nagbibigay ng pantay na pagkakataon sa lahat ng mag-aaral na lumahok.* *Ang IDF sa bahaging ito ay ideational na nag-aanalisa ng ugnayan ng larawan at konteksto ng pakikibaka. Reflective dahil nagpapaliwanag ng epekto ng pakikibaka sa pambansang kamalayan. Engage ang aktibong pagsali sa matching game*

	OPSIYON 2: "PAKIKIBAKA MATCHING GAME" • *Papangkatin ang klase sa dalawang grupo. Ang Pangkat A ay para sa mga uri ng pakikibaka, ang Pangkat B ay ang mga halimbawa.* • *Ipapa-match sa mga mag-aaral ang tamang pares. Pagkatapos, hihingan ng maikling pagpapaliwanag kung bakit magkaugnay ang dalawa.* • *Padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong.* ***Pamprosesong Tanong:*** 1. *Paano nakakatulong ang iba't ibang anyo ng pakikibaka sa paghubog ng kamalayang Pilipino?* 2. *Bilang kabataan, paano mo maipagpapatuloy ang diwa ng makabansang pakikibaka sa makatarungan at mapayapang paraan?* ***Preview Day I : (Paunang Pagtingin sa Unang Araw na Aralin)*** *Bukas ay magsisimula tayo sa pag-aanalisa ng mga isyu sa komunidad at tatalakayin kung paano natin maisasabuhay ang makatarungan at mapayapang pakikibaka sa ating sariling paligid.* ***C. Closure (Paglinang sa Natutunan)*** • *Gumawa ng 1–2 pangungusap na reflection: "Ano ang pinakamahalagang natutunan ko tungkol sa pakikibaka at kamalayang Pilipino at paano ko ito maiaaplay sa aking buhay?"* • *Ang guro ay magbibigay ng feedback at papuri sa malikhaing ideya at kritikal na pag-iisip ng estudyante.*	*kasama ang peers. Nagiging inclusive ang pagbibigay ng pantay na pagkakataon sa lahat ng mag-aaral na lumahok.* *Gumagamit ng EdTech tulad ng Meta Strips, sticky notes, o mga digital platform kagaya ng mentimeter/padlet para maitala ang mga ideya ng mga mag-aaral. Pinapalawak ang numeracy sa pagsusuri ng datos sa larawan at halimbawa. Hinihikayat ang literacy sa pagpapahayag ng ideya at pagsulat ng repleksyon.*

<table>
<tr>
<td>B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman</td>
<td>
IKALAWANG ARAW
1. Paglalahad ng Halimbawa

A. Recap of Day 1 (Balik-tanaw sa Unang Araw na aralin)
Nabatid na ninyo ang kahalagahan ng pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga mananakop na nagmulat ng damdaming makabayan at pagkilala sa kolektibong identidad bilang Pilipino.Ngayon naman ay tuklasin natin ang mga konkretong halimbawa na makikita sa ating paligid na nakaaapekto sa ating pamumuhay bilang Pilipino.

OPSIYON 1: “KOMIKS NG LABAN”
• Ang guro ay bubuo ng limang pangkat na kung saan ang bawat grupo ay gagawa ng maikling komiks strip na nagpapakita ng isang tunay na laban ng Pilipino sa panahon ng pananakop. Ipakita ang uri ng pakikibaka, ang dahilan, aksyon, epekto at ang kahalagahan sa kamalayang Pilipino.

• Ang paglalahad ng ideya ay nakabatay sa tsart sa ibaba.
<table>
<tr><th>Bayani</th><th>Uri ng Pakikibaka</th><th>Dahilan</th><th>Aksyon</th><th>Epekto</th><th>Kahalagahan sa kamalayang Pilipino</th></tr>
<tr><td>1.</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2.</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3.</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4.</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5.</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
• Isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa bond paper.

OPSIYON 2: “SINO AKO? BAYANI EDITION”
• Ang guro ay maghahanda ng limang iginuhit na larawan ng mga kilalang indibidwal na may malaking gampanin sa panahon ng kolonyalismo at bubuoin nito ng mga mag-aaral.
• Ang guro ay magbibigay ng paglalarawan sa limang kilalang indibidwal na may malaking ambag sa kasaysayan ng pananakop at pakikibaka. Huhulaan ito ng mga mag-aaral kung sino ang tinutukoy at ilalahad ang uri ng kanyang pakikibaka.
</td>
<td>
Pipili ang guro ng isang gawain mula sa dalawang opsiyon na mayroon. Magkakaroon ng pangkatang pagsagot na isusulat sa bond paper o kuwaderno, at pagkatapos ay manghihingi ng ilang kasagutan mula sa mga mag-aaral. Bibigyang-diin ng guro ang mga kilalang indibidwal na may malaking kontribusyon sa pakikibaka laban sa mga mananakop. Ito ay idetional sapagkat bumubuo ng narrartive at visual representation ng historical events. Integrative sa paraan ng pag-uugnay ng nakaraan at kasalukuyang Filipino conciousness. Engage base sa group-based collaboration; creative problem-solving at inclusive dahil lahat ng grupo ay may pagkakataon na mag express gamit ang drawing, writing, at discussion.

Sa bahaging ito, ang pag-aanalisa ng historical facts at pagbibigay interpretasyon ay ideational. Kakikitaan ito ng
</td>
</tr>
</table>

	• *Ang mga pangalanng mga kilalang indibidwal at paglalarawan ay makikita sa ibaba.* **Pamprosesong Tanong:** 1. *Kung ikaw ay nabuhay noong panahon ng kolonyalismo, aling anyo ng pakikibaka ang pipiliin mo? Bakit?* 2. *Paano nakaaapekto sa kasalukuyang panahon ang mga pakikibakang isinasagawa ng ating mga ninuno?*	*reflective sa parti ng pagninilay sa kontribusyon ng bayani sa kasaysayan at pambansang identidad. Ang active guessing game; collaboartive learning ay engage.Ang nakikitang koneksiyon ng historical na pakikibaka sa modernong pananaw ng kabataan.*

Pangalan	***Mga Paglalarawan***	***Epekto sa kasalukuyang Panahon***
1. Jose Rizal	*Nagsulong ng mapayapang reporma sa pamamagitan ng panulat (Noli Me Tangere, El Filibusterismo).*	
2. Andres Bonifacio	*Namuno sa armadong rebolusyon at nagtatag ng Katipunan.*	
3. Melchora Aquino	*Nagbibigay suporta sa katipunan bilang "Ina ng Rebolusyon"*	
4. Apolinario Mabini	*Utak ng rebolusyon, nagsilbing tagapayo ni Aguinaldo*	
5. Gomburza	*Mga Pilipinong paring binitay dahil sa pinaniniwalaang pag-uugnay sa rebelyon.*	

	2. *Pagtalakay ng Bagong Konsepto* *Ang kasaysayan ng Pilipinas ay kuwento ng laban at pag-asa. Sa bawat panahon ng pananakop, may mga Pilipinong tumindig para sa bayan. Ngayon, ating kilalanin at unawain ang iba't ibang anyo ng pakikibaka na humubog sa ating kamalayan bilang isang malayang lahi.* ***OPSIYON 1: "PAGTALAKAY NG GURO!"*** • *Ang guro ay maglalahad ng impormasyon ukol sa mga konsepto mula sa pagtalakay na natagpuan sa Deped LR Portal, deped.gov.ph,* • *Isusulat ng mga mag-aaral ang mahahalagang kaisipan mula sa pagtalakay ng guro.* *Sa mahabang panahon ng kolonyalismo sa Pilipinas, hindi kailanman nawalan ng tinig at lakas ang mga Pilipino sa paglaban para sa kalayaan. Sa kabila ng matinding pagsupil ng mga dayuhang mananakop, namayani ang diwa ng pakikibaka sa iba't ibang anyo mula sa armadong rebolusyon, mapayapang paglaban, hanggang sa paggamit ng panitikan at sining. Ang mga anyong ito ng pakikibaka ang naging mitsa sa pag-usbong ng pambansang kamalayan at pagmamahal sa bayan.* ***Mga Anyo ng Pakikibaka:*** ***1. Armadong Pakikibaka:*** *- isa sa pinakamatinding anyong pagtutol ng mga Pilipino laban sa mga Kolonyal na kapangyarihan* • ***Himagsikang Pilipino (1896-1898)*** *-Pinangunahan ng Katipunan ni Andres Bonifacio upang wakasan ang pananakop ng Espanya.* • ***Digmaang Pilipino-Amerikano (1899-1902)*** *-laban sa bagong mananakop matapos ang Espanya.* • ***Rebolusyong Dagohoy (1744-1829)*** *-Pinakamahabang pag-aalsa sa kasaysayan, naganap sa Bohol.*	*Ang gawain ay **reflective** dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na magsuri ng malalim tungkol sa mga anyo ng pakikibaka at ang epekto nito sa kamalayang Pilipino. Binibigyang-diin nito ang pagninilay sa layunin at kahalagahan ng mga kilusang makabayan at ang epekto nito sa pambansang identidad at pagkakaisa* *Ito ay **inclusive** dahil binibigyan ang lahat ng mag-aaral ng pagkakataon na magbahagi, magsaliksik, at magpahayag ng kanilang opinyon tungkol sa pakikibaka.* *Ang gawain ay **ideational** dahil nakatuon ito sa malalim na pag-unawa sa pakikibaka, kalayaan, at pambansang pagkakaisa, at kung paano ito nakakaapekto sa kamalayang Pilipino. **Integrative** naman ito dahil pinapalawak ang koneksiyon ng nakaraan at kasalukuyan, tinitingnan*

	2. Kultural at Intelektuwal na Pakikibaka *- ginamit ng mga Ilustrado at iba pang iskolar ang panulat at sining upang gisingin ang damdaming makabayan* • ***Mga akda ni Rizal****- Noli Me Tangere at El Filibusterismo* • ***Kababaihan sa Panatikan****- nagpahayag ng damdaming makabayan at panlipunan.* ***3.Mapayapang Pakikibaka at Diplomasya*** *- Piniling gamitin ang diplomasya sa halip na dahas:* • *Apolinario Mabini at Manuel l. Quezon- gumamit ng dayalogo't petisyon upang isulong ang Kalayaan.* ***4. Panlipunang Pakikibaka*** *- pagkilos laban sa panlipunang diskriminasyon, pang-aabuso, at kawalan ng Karapatan:* • *Kilusang Sakdalista (1930s)- nagprotesta laban sa kolonyal na pamahalaan ng Amerika.* ***5. Gerilyang Pakikibaka*** *- Isinasagawa sa pamamagitan ng taktika ng hit-and-run at gerilyang digmaan.* • *Pakikibaka ng mga Moro laban sa pananakop ng Espanya upang mapanatili ang kalayaan at relihiyon.* ***6. Pakikibaka sa panahon ng Batas Militar*** *- Isinasagawa sa pamamagitan ng paglaban at pakikibaka ng mga Pilipino para sa kalayaan, karapatan, at demokrasya.* • *Armadong Kilusan sa kanayunan - lumaban sa diktadura ni Marcos upang igiit ang demokrasya.*	*ang epekto ng pakikibaka sa pambansang identidad at kultura.*

(Para sa pagpapalalim ng kaalaman,ang guro ay maaaring bumalangkas sa mga sanggunian.)

Sources:

- *Constantino, Renato. 1975.* The Philippines: A Past Revisited. *Manila: Tala Publishing Services.*
- *Chua, Michael Charleston "Xiao." 2024.* Xiao Time: Mga Dakilang Pilipino, Vols. 1 and 2. *City of San Fernando: Amlat Publishing and Project Saysay.*
- *DepEd. 2019. Basic Education Curriculum Guide. Accessed June 2026. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/apcg.pdf.*
- *YouTube. 2026. "Video Resource." YouTube video, accessed June 2026 https://www.youtube.com/watch?v=O4fAwRRXCQE.*

OPSIYON 2: "HABI NG MGA KAISIPAN"

- *Ang guro ay magbibigay ng isang indibidwal na gawain hinggil sa paghahabi ng kaisipan at pupunan ng mga mag-aaral ang impormasyon ukol sa aspekto at detalye nito.*
- *Isusulat ng mga mag-aaral ang mahahalagang kaisipan na kanilang nasaliksik sa loob lamang ng 15 labinlimang minuto.*
- *Matapos nito ay padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong.*

Aspekto	***Detalye***
Paksa	
Mga Anyo ng Pakikibaka	
Layunin ng Pakikibaka	
Epekto sa Kamalayang Pilipino	
Kabuoang Kahalagahan	

Pamprosesong Tanong:

- *Anong anyo ng pakikibaka ang makikita sa kasaysayan ng Pilipinas?*
- *Ano ang mga naging layunin ng mga kilusang ito at paano ang mga ito ipinaglaban ng mga Pilipino?*
- *Paano nakatutulong ang mga karanasan sa pakikibaka sa paghubog ng pambansang identidad at pagkakaisa ng mga Pilipino*

	C. Closure: (Paglinang sa Natutunan) ***A Hero's Quick Sketch*** ● *Ang mga mag-aaral ay pipili ng isang kilala/ bayaning indibidwal sa kanilang komunidad at ihambing ang mga ito sa mga pambansang bayani (Rizal, Bonifacio, Mabini) hinggil sa kanilang kontribusyon sa pakikibaka.* ● *Gumawa ng simpleng sketch o diagram ng kanyang pakikibaka. Sa ilalim ng sketch, isulat sa 2-3 pangungusap kung paano ipinakita ng bayani ang makabayang kamalayan. Pagkatpos ay ipresenta sa klase o maliit na grupo* ***Pamprosesong Tanong:*** *1. Paano mo ito maiaaplay sa sarili mong buhay ngayon?*	*Patuloy ang EdTech gamit ang digital resources at komiks sa online platforms. Nakatuon ang numeracy sa pagsasaayos ng datos sa tsart. Ang literacy ay sa pagbuo ng maikling kwento o paglalarawan ng bayani sa sketch.*
	Preview Day 2: (Paunang Pagtinginsa Ikalawang Araw na Aralin) *Bukas ay tatalakayin natin ang mga halimbawa ng bayani at kanilang pakikibaka, at gagawa tayo ng sketch upang mailahad ang kontribusyon nila sa pambansang kamalayan* **IKATLONG ARAW** **3. Paglinang ng Kabihasaan** **A. Recap of Day 2 (Balik-tanaw Ikalawang Araw na Aralin** *Malinaw na ba ang kahulugan at katuturan ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino? Sino ang makapagbibigay ng halimbawa ng kultural na pakikibaka ng mga Pilipino noong panahon ng kolonyalismo? Sa anong paraan mo maipagpapatuloy ang kanilang pakikibaka sa makabago at mapayapang paraan? Ito ang ating gagawin sa yugtong ito. Bago pa man simulan ang naturang gawain, narito ang ilang pagpapakahulugan ng mga terminong makikita sa talakayan upang lalo pang maunawaan ang ating gawain.* ***Pagpapakahulugan: PAKIKIBAKA*** ● *Pagtatangkang makamit ang isang layunin sa kabila ng mga hadlang o pagsubok.* ● *Pagtindig o paglaban para sa karapatan, katarungan, o pagbabago sa lipunan.* ***Pagpapakahulugan: KAMALAYANG PILIPINO***	*Ang gawain ay **Ideational** sapagkat ang gawain ay nagpapahayag ng sariling inetrpretasyon sa pakikibaka ng Plilipino. Ito rin ay **Reflective** dahil sa nakatuon ang gawain sa pagninilay sa epekto ng aksyon ng grupo sa pambansang kamalayan. **Inclusive** dahil nagpapahayag ng sariling interpretasyon sa pakikibaka ng Pilipino ang active dramatization at collboration ay **engage** **.Integrative** dahil pinapakita ang ugnayan ng kasaysayan sa kasalukuyang social issues.*

	• *Malalim na pagkaunawa, pagkilala, at pagpapahalaga sa pagiging isang tunay na Pilipino.* ***OPSIYON 1: "GAMPANIN KO, LABAN KO: DULA NG KAMALAYANG PILIPINO!"*** • *Papangkatin ng guro ang klase ng limang (5) grupo.* • *Bawat grupo ay bibigyan ng tema. (Hal. Katipunero na nagtatanggol sa bayan, protesta laban sa Martial Law, ina na nagpapakain sa gitna ng kahirapan.)* • *Hayaang bumuo ng linya ang mga mag-aaral batay sa kanilang paksa.* • *Bibigyan ang bawat grupo ng limang minuto upang makapag-ensayo sa gawaing naiatas batay sa paksa ibinigay.* • *Isa-isang magtatanghal ang bawat grupo sa klase.* ***OPSIYON 2: "FOUR CORNERS: BOSES KO, PANININDIGAN KO"*** • *Ang guro ay maglalagay ng label sa apat na sulok sa silid-aralan. Sang-ayon, Hindi sang-ayon, Hindi sigurado, Maaaring sang-ayon* • *Maghanda ng mga kontrobersyal o makabuluhang pahayag kaugnay ng pakikibaka sa kamalayang Pilipino. Hal. "Ang Kabataan ay may malaking papel sa Lipunan", "Hindi na kailangan ang protesta sa panahong ito", Ang paggamit ng wikang Filipino ay isang anyo ng pakikibaka", "Ang social media ay mas nakakasira kaysa nakatutulong sa kabataan".* • *Babasahin ng guro ang pahayag at hikayatin ang bawat mag-aaral na pumunta sa sulok na tumutugma sa kanilang paniniwala.* • *Bibigyan ng 2-3 minuto ang bawat grupo sa sulok para mag-uusap at bumuo ng paliwanag kung bakit sila pumili ng posisyong iyon at ang bawat grupo ay may tagapagsalita.* • *Hayaang magsalita ang bawat grupo upang ipaliwanag sa kanilang panig.*	*Ang gawaing ito ay nagpapakita ng ideational . na kung saan nakabubo ng argumento at pagbibigay rason sa posisyon. Engage dahil may physical movement at group discussion. Ang pagninilay sa sariling paninindigan at epekto sa lipunan at reflective at ang pagbibigay ng pantay na participation regardless ng learning style ay inclusive.*

	Pamprosesong Tanong: *1. Anong uri ng pakikibaka ang ipinakita?* *2. Paano ipinakita ang kamalayang Pilipino?* **D.** *Closure: (Paglinang sa Natutunan)* ● *Ang mga mag-aaral ay gagawa ng mini-poster sa A4 paper tungkol sa pakikibaka ng kabataan ngayon (hal. online activism, community service).* ● *Gumamit ng 1–2 simbolo at tagline (hal. #BosesKo, #LabanKo).* ● *Ipresenta ang poster sa klase* ● ***Gallery Walk:*** *Obserbahan at magbigay ng feedback sa poster ng ibang grupo.* ***Pamprosesong Tanong:*** *1. Paano nakatutulong ang pakikibaka ng kabataan sa lipunan?*	*Gumagamit ng EdTech sa paggawa ng mini-poster na puwedeng i-digitalize at i-share. Pinapalakas ang numeracy sa pagtatantiya ng oras at bilang ng simbolo, at sa pag-organisa ng role play. Ang literacy ay sa pagsulat ng caption, tagline, at sanaysay, pati sa pagpapaliwanag ng aksyon ng bayani.*
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	*1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon Natapos ninyong talakayin ang katuturan ng mga pakikibaka sa mga salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino. Ngayon naman ay ilapat ninyo ang mga karunungan at kasanayan sa pamamagitan ng mga gawaing tumutugon sa kasalukuyang pakikibaka bilang salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino.* ***OPSIYON 1: POSTER MAKING: "ANG AKING LABAN BILANG PILIPINO"*** ● *Ang guro ay magpapagawa ng isang poster sa mga mag-aaral sa loob ng 20 minuto. Magiging pangkatang gawain ito na naglalarawan ng isang bayani ng rebolusyon at ng kanyang kontribusyon sa kalayaan ng Pilipinas.* ● *Hayaan ang mga mag-aaral na gumamit ng simbolo (kagaya ng makabagong imahe, watawat, mga bayani, at mga armas,) na may kaugnayan sa pakikibaka.* ● *Ang guro ay magbibigay ng isang maikling deskripsiyon ng pagpaliwanag ng kahalagahan ng bayani at ang epekto ng kanyang mga ginawa sa kasaysayan ng Pilipinas. Maaaring gumamit ng sariling estilo sa paggawa ng poster (mga kulay, imahe, at estilo ng pagsulat).* ● *Bibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ilahad sa klase ang kanilang nagawang output sa loob ng 30 minuto.*	*Ang gawaing ito ay ideational dahil nagpapahayag ng makabayang ideya sa visual form at ang pag-uugnay ng historical na pakikibaka sa modern na konteksto bilang integrative.Ito rin ay engage na may active hands-on collaboration at inclusive dahil lahat may pagkakataon na magpakita ng creativity, kahit may limitations sa drawing.*

	OPSIYON 2: "Historical Simulation o Mock Trial ng mga Bayani ng Rebolusyon" ● *Ang guro ay mag-oorganisa ng mock trial kung saan ang mga mag-aaral ay magpapanggap na mga abogado, saksi, at hukom sa isang korte.* ● *Papangkatin ng guro ang klase sa dalawang grupo na kumakatawan sa prosekusyon at depensa.* ● *Ang paksa ng trial ay ang papel at kontribusyon ng mga bayani tulad ni Jose Rizal, Andres Bonifacio, o Emilio Aguinaldo at iba pa sa pakikibaka laban sa kolonyalismo.* ● *Bibigyan lamang ng 5 minuto ang bawat pangkat para sa paghahanda at 30 minuto para sa bawat panig na isagawa ang kanilang gawain na itatanghal sa klase.* ***Pamprosesong Tanong:*** *1. Ano ang mga estratehiya at pilosopiya ng mga bayani na maaaring ituring na makatarungan at epektibo?* *2. Paano natin maiuugnay ang kanilang mga ideya sa mga kasalukuyang isyu sa lipunan?*	*Ang bahaging ito ay ideational na kung saan may pag-analisa at pag-synthesize ng historical facts at strategic thinking. Engage rin sa paraan ng active oral defense at debate. Ang pagninilay sa prinsipyo at pilosopiya ng bayani ay reflective. Ang pag-uugnay ng histrorical na pakikibaka sa contemporary social issues ay integrative at lahat ay may pantay na pagkakataon na magsalita bilang inclusive.*
V. PAGTATAYA *(Assessing Learnings)*	**1. Pagtataya** *Dadako naman tayo sa pagtataya ng inyong pag-unawa at mga kasanayang inyong nahubog. Pag-isipang mabuti ang pagsusulit na naglalaman ng karunungan, asal, at pagkilos ukol sa kultura/kalinangang Pilipino.* ***OPSIYON 1: "TAMA O MALI"*** *Isulat ang "**Tama**" kung ang pahayag ay wasto at "**Mali**" naman kung ang pahayag ay hindi wasto at ipaliwanag ang sagot kung bakit ito ay mali.* *1. Ang pakikibaka ay palaging nangangahulugang paggamit ng dahas upang makamit ang layunin. (Mali)* *2. Ang kamalayang Pilipino ay nahubog sa pamamagitan ng mga karanasan ng mga Pilipino sa kolonyalismo at pananakop. (Tama)* *3. Ang pakikibaka ay hindi mahalaga sa paghubog ng pambansang pagkakakilanlan.(Mali)* *4. Si Andres Bonifacio ay isang halimbawa ng lider na gumamit ng pakikibaka upang ipaglaban ang kalayaan ng bansa.(Tama)* *5. Ang pakikibaka ay maaari ring ipakita sa pamamagitan ng edukasyon at pagsusulat.(Tama)* *6. Ang kamalayang Pilipino ay hindi naapektuhan ng mga kilusang makabayan noong panahon ng mga Espanyol.(Mali)*	

	7. Ang pakikibaka ay isang paraan upang ipaglaban ang karapatan at dignidad ng isang tao o grupo.(Tama) *8. Ang mga kabataan ay walang papel sa kasaysayan ng pakikibaka sa Pilipinas.(Mali)* *9. Ang pakikibaka ay bahagi ng kasaysayan na patuloy na umiiral hanggang sa kasalukuyan. (Tama)* *10. Ang pag-unawa sa pakikibaka ay mahalaga upang mapalalim ang pagmamahal sa bayan.(Tama)* ***OPSIYON 2: "PAGPILI NG TAMANG SAGOT"*** *Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel* *1.Alin sa mga sumusunod ang pangunahing layunin ng mga kilusang makabayan sa panahon ng kolonyalismo?* *A. Makipagkalakalan sa ibang bansa* ***B. Magkaroon ng sariling pamahalaan*** *C. Mapanatili ang pamumuno ng mga Espanyol* *D. Mapalawak ang kapangyarihan ng simbahan* *2. Anong isyu ang madalas na nagpapahina sa kamalayang Pilipino sa kasalukuyan?* *A. Edukasyon* *B. Bayanihan* *C. Katutubong wika* ***D. Kolonyal na mentalidad*** *3. Paano ipinakikita ng kabataan sa kasalukuyan ang pakikibaka sa kamalayang Pilipino?* *A. Sa pagkakanya-kanya* *B. Sa panonood ng pelikula* *C. Sa pag-unlad ng teknolohiya* ***D. Sa pamamagitan ng social media activism*** *4. Bakit mahalaga ang pakikibaka sa kamalayang Pilipino?* *A. Upang mapanatili ang kasarinlan at soberanya* *B. Upang mapalakas ang pambansang identidad at pagkakaisa* *C. Upang ipaglaban ang karapatan at Kalayaan ng mamamayan* *D.* ***Lahat ng nabanggit***

	5. Alin sa mga sumusunod ang hindi bahagi ng pakikibaka ng mga Pilipino sa kamalayan? *A. Pag-aaral ng kasaysayan* *B.* ***Pagtanggi sa sariling wika*** *C. Pagtangkilik sa lokal na produkto* *D. Pagsusulat ng mga akdang makabayan* *6-10. Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Sagutin ito sa anyo ng isang maayos na sanaysay na may malinaw na simula, gitna, at wakas.* *1. Paano naging mahalagang bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas ang pakikibaka sa paghubog ng kamalayang Pilipino?"Paano ito nakaapekto sa pagkakakilanlan at pagkakaisa ng bansa?* **Generalization and Closure: (Paglalahat at Paglinang sa Natutunan)** *Sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing inyong natapos, napatunayan natin na kaya nating ilapat ang pakikibaka sa kamalayang Pilipino sa iba't ibang konteksto. Ngayon ay gawin naman ninyo ang pagbubuo at pagninilay sa pakikibaka sa kamalayang Pilipino.* ***OPSIYON 1: Gabay sa Malikhaing Sanaysay "Ang Mukha ng Pakikibaka"*** • *Pumili ng isang kasalukuyang isyu sa lipunan. Ipaliwanag ang iyong paninindigan gamit ang aral mula sa pakikibaka ng mga Pilipino noon at ngayon.Ipakita kung paano nakaaapekto ang pakikibaka sa pambansang kamalayan at sa iyong pananaw.* • *Gumawa ng sanaysay gamit ang malikhaing ideya upang mas maging makulay ang paglalahad.* • *Iwasan ang paulit-ulit na ideya at panatilihing malinaw ang mensahe at siguraduhing may malinaw na simula, gitna, at wakas.* ***OPSIYON 2: "Case Study"*** • *Ang guro ay magbibigay-bigay ng case study o halimbawa ng isang pangyayari o kilusang panlipunan sa kasaysayan ng Pilipinas o maging sa partikular na komunidad na kinabibilangan (halimbawa, ang EDSA People Power Revolution, Himagsikang Pilipino o karaniwang kaguluhang panlipunan).* • *Ang guro ay magpapabatid ng hakbang sa mga mag-aaral na dapat suriin ang mga detalye ng case study, kabilang ang mga sanhi, aksiyon, at epekto ng pangyayari.* • *Mula sa case study, bubuo ng isang generalisasyon na naglalarawan ng mga karaniwang aral mula sa mga pakikibaka at ang epekto ng mga ito sa kasaysayan ng bansa.* *Hayaan ng guro ang mga mag-aaral na magbahagi ang bawat pangkat ng kanilang generalisasyon at talakayin kung paano nila ito naisagawa.*

	Pagkatapos ibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang kilos-pamayanan, tapusin ang aralin sa pamamagitan ng] "*Tandaan natin, ang bawat maliit na aksyon ay mahalaga sa paghubog ng makatarungan at mapayapang komunidad."*
VI. KARAGDAGANG GAWAIN / INTERBENSYON	*Sa bahaging ito, sisimulan natin ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng malikhaing gawain at pananaliksik sa komunidad. Layunin nito na ipakita kung paano maipamamalas ang pakikibaka sa makabansang konteksto at sariling paligid.* ***Opsiyon 1: "Hashtag Pakikibaka"-Social Media Awareness Campaign*** • *Bumuo ng isang digital campaign (video o carousel post) (Instagram/facebook post, Tiktok clip, Youtube short) gamit ang trending format upang ipakita ang isang anyo ng pakikibaka sa makabansang konteksto gamit ang hashtag na may malinaw na mensahe* • *Lagyan ito ng caption na nagpapaliwanag ng isyu at paninindigan.* ***Opsiyon 2: "Local Heroes, Real Struggles"- Community Interview Project*** • *Magsagawa ng panayam (online o face-to-face) sa isang lokal na guro, manggagawa, lider ng barangay o magsasaka na may karanasan sa uri ng pakikibaka (halimbawa, laban sa land grabbing, educational advocacy, women's rights). Gamitin ang datos sa paggawa ng video profile, infographic, o case study.*
VII. PAGNINILAY *(Feedback and Continuous Improvement)*	*Matapos isagawa ang apat na araw na aralin, napansin ko na ang mga mag-aaral ay _____. Ang kanilang pangunahing natutuhan ay kinabibilangan ng _____, habang ang mga pangunahing naging hamon sa pagtuturo ay _____. Upang mapabuti ang pagtuturo, gumawa ako ng angkop na estratehiya sa pamamagitan ng _____, na nakatulong upang mapahusay ang pakikilahok at pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa susunod na itututro ko ang raling ito, aking _____*
VIII. *DEKLARASYON SA PAGGAMIT NG AI*	*Sa paghahanda ng rebisyong Lesson Exemplar na ito, gumamit ang may-akda ng Copilot, AI Gemini, ChatGPT, at Perplexity upang mahusay na maisama at mapagsama-sama ang mga komplikado at multidisiplinaryong impormasyon, at makatulong sa pagdisenyo ng mga materyales na madaling maunawaan, kawili-wili, at nagsasama ng iba't ibang pananaw tungo sa praktikal na aplikasyon. Gumamit din ang may-akda ng mga kagamitang ito upang makabuo ng mga mungkahing larawan at ilustrasyon para sa paggamit sa silid-aralan. Sinuri at pininal na ng may-akda ang pagsulat ng nilalaman. Buong pananagutan ng may-akda ang nilalaman ng Lesson Exemplar na ito.*

Pamagat / Paksa ng Aralin	Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino	**Modelong Banghay-Aralin**	2

I. LAYUNIN	
E. Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang masusing pag-unawa sa iba't ibang anyo ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong at pagpapatibay ng kamalayang Pilipino
F. Pamantayan sa Pagganap	Nakapagpapahayag ng paninindigan (hal. posisyong papel o pahayag adbokasiya) na nagsusuri sa karanasan ng mga Pilipino laban sa iba't ibang anyo ng opresyon
G. Mga Kasanayang Pampagkatuto	Nasusuri ang mga kolektibong karanasan ng pakikibaka laban sa mga dayuhan gamit ang piling kaso (cases) sa kasaysayan
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO (*Pagpili ng Materyal)*	• *Chua, Michael Charleston "Xiao" B. 2024. Xiao Time: Mga Dakilang Pilipino colume 1 and 2. City of San Fernando: Amlat Publishing and Project Saysay.* • *Constantino, Renato, and L. R. Constantino. "The Philippines: A past revisited." (2022). Guerrero, Amado. Lipunan at rebolusyong Pilipino. Lathalaang Pulang Tala, 1971.* • *Isorena, Efren. "Conquista Maritima: Ang Kolonisasyong Espanyol mula sa Perspektibang Maritimo, 1571–1600." Malay 27, no. 2, (2015).* • *Juan Jr, E. San. "Faustino Aguilar: Historyador ng Himagsikan at Pagbabagong-buhay ng Uri ng Anak-Pawis at Makabagong Kababaihan." Malay 32, no. 1 (2019).* • *Kintanar, Thelma B., and Clemen C. Aquino. Kuwentong bayan: Noong panahon ng Hapon: Everyday life in a time of war. UP Press, 2006.* • *Navarro, Atoy M., and Adonis L. Elumbre. "Nonay: Limot na Bayani ng Himagsikan." Saliksik E-Journal 3, no. 2 (2014): 1-1.* • *Roces, Mina. Gender, Nation and the Politics of Dress in Twentieth-Century Philippines. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2012.* • *Lanzona, Vina A. Amazons of the Huk Rebellion: Gender, Sex, and Revolution in the Philippines. Madison: University of Wisconsin Press, 2009* • *Jose, Ricardo T. Filipino Guerilla Resistance to Japanese Invasion in World War II. Quezon City: University of the Philippines Press. Retrieved. https://opensiuc.lib.siu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1044&context=legacy* • *SunStar Cebu. "A Short History on the Women's Suffrage in the Philippines." Last modified March 28, 2022. https://www.sunstar.com.ph/cebu/feature/a-short-history-on-the-womens-suffrage-in-thephilippines* • *Igorotage. "The Gallant Igorots of World War 2." Accessed May 7, 2025. https://www.igorotage.com/blog/p/wzeW9/gallant-igorots-world-war-2.* • *Unsurrendered 2 ROTC Hunters retrieved https://www.youtube.com/watch?v=DUGPs5RQt6Q*
III.NILALAMAN *(Pagsasaayos ng Nilalaman)*	

IV. TUNGUHIN *(Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin at Pagsusuri ng mga Gawain)*	***Matapos ang aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:*** *1. Naipaliliwanag ang mga dahilan at konteksto ng pag-usbong ng iba't ibang kilusang lumaban sa mga dayuhang mananakop;* *2. Napaghahambing ang mga piling kaso ng pakikibaka batay sa layunin, pamamaraan, at naging bunga nito; at* *3. Nasusuri ang mga kolektibong karanasan ng pakikibaka ng mga Pilipino at ang naging ambag nito sa paghubog ng kamalayang pambansa.*	
IV. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO** *(Panuto sa guro kung paano isasakatuparan ang mga gawain.)*
A. **Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman**	**UNANG ARAW** **1. Paghango sa Dating Kaalaman** ***Opsiyon 1: Time Travel*** **Panuto:** Suriin ang mga larawan ng pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga dayuhang mananakop noong panahon ng Espanyol, Amerikano, at Hapon. Sumulat ng isang karanasan sa paaralan, tahanan, o pamayanan kung saan ikaw o ang iyong pangkat ay nagkaisa upang harapin ang isang suliranin, kawalang-katarungan, o hamon. Ipaliwanag kung paano ito maihahambing sa pakikibaka ng mga Pilipino sa kasaysayan. **Pamprosesong Tanong:** g. Ano ang napansin ninyo sa mga naging karanasan ninyo kumpara sa mga karanasan ng mga Pilipino sa nakaraan? h. Sa inyong palagay, may mga pang-aapi, diskriminasyon, o isyu pa bang katulad ng nangyayari noon na umiiral hanggang sa ngayon? i. Paano tayo matututo mula sa kasaysayan upang mapabuti ang kasalukuyan? j. Ano ang masasabing halaga ng kasaysayan sa ating pagkatao at paghubog ng ating pagkamakabansa?	*Ipaskil muli (o basahin) ang mga halimbawa ng makasaysayang pangyayari mula sa Panahon ng Kastila, Amerikano at Hapon. Hilingin sa ilang boluntaryong mag-aaral na ibahagi sa klase ang kanilang sagot.*


Opsiyon 2: Word Search

Panuto: *Hanapin ang mga salitang may kaugnayan sa pakikibaka sa panahon ng mga Espanyol. Ang mga salita ay maaaring pahalang, patuwid , at palihis.*

Propaganda	Agraryo	Aguinaldo	
Ilustradoss	Encomienda	La Solidaridad	
Katipunan	Magdiwang	CARP	Cavite

2. Paglalahad ng Layunin

Mula sa mga natapos na gawain, napag-alaman natin na ang katuturan at kahulugan ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino. Ang mga naging pakikibaka ay nagbunga ng pagkagising ng kamalayang panlipunan at unti-unting pag-usbong ng damdaming nasyonalismo. Sa panahon naman na tuluyan tayong lumaya sa kamay ng mga Espanyol, napasailalim na naman ang bansa sa pananakop ng mga Amerikano, bunga ng kasunduan sa Paris. Ngayon, ay ating alamin ang mga naging tugon ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Amerikano. Bibigyang diin natin ang mahalagang papel ng mga kababaihan sa pagbuo ng kamalayang panlipunan sa pamamagitan ng kilusang Feminismo sa panahon ng mga Amerikano, ang naging pakikibaka ng mga kababaihan sa panahon ng pananakop ng mga Hapones at ang papel na ginampanan ng mga lahing Igorot sa Labanang Pockets.



Z	W	F	B	H	E	Z	F	U	V	A	I	M	H	T	Q	O	K
D	Q	J	O	S	V	N	Z	C	T	Z	T	S	B	Y	S	W	F
A	G	R	A	R	Y	O	C	L	A	F	M	K	C	O	B	X	R
L	C	P	B	D	M	T	Z	O	O	R	I	L	S	O	A	X	J
A	R	A	R	G	H	A	V	Z	M	E	P	V	L	B	N	U	G
	K	H	V	O	F	K	G	U	W	I	G	N	S	G	H	I	M
S	A	B	E	I	P	R	B	D	N	J	E	Y	E	O	C	Q	B
O	T	K	V	Y	T	A	Q	K	I	Z	X	N	W	I	T	V	Y
L	I	F	N	V	G	E	G	C	V	W	N	Z	D	O	Y	M	I
I	P	T	N	D	N	G	C	A	R	S	A	O	T	A	H	E	L
D	U	B	I	I	U	Y	N	B	N	S	B	N	F	Q	K	V	U
A	N	O	S	O	G	U	Z	C	S	D	R	L	G	I	V	X	S
R	A	N	M	D	P	M	D	Y	F	P	A	P	P	L	X	B	T
I	N	A	G	U	I	N	A	L	D	O	X	D	V	U	J	M	R
D	J	S	U	Q	N	M	D	D	D	I	F	T	H	L	J	E	A
A	N	V	A	D	L	A	V	H	F	A	S	V	V	N	R	X	D
D	R	C	B	P	J	I	C	K	V	T	U	Q	U	I	U	K	O
A	C	Z	B	Y	P	V	L	G	T	L	T	H	C	L	T	N	S

Ihahanda ng guro ang template, sa loob ng limang minuto ay hahanapin ng mga mag-aaral ang mga salitang may kinalaman sa pakikibaka sa panahon ng mga Espanyol.

Opsiyon 1

Activity: K-W-L Chart

Panuto: *Sagutin ang* ***K-W-L Chart****. Punan ang bahaging* ***K*** *ng mga alam mo na ukol sa kolektibong karanasan ng pakikibaka laban sa mga dayuhan na nagbunsod ng kamalayang Pilipino. Punan ang bahaging* ***W*** *ng mga gusto mong malaman ukol sa aralin.*


K *(Ano ang ALAM KO NA)*	***W*** *(Ano ang GUSTO KONG MALAMAN)*	***L*** *(Ano ang NATUTUHAN KO)*

Bigyan ng (5)limang minuto ang mga mag-aaral upang punuan ang bahaging K (Ano ang ALAM ko na) at angbahaging W (Ano ang GUSTO KONG MALAMAN). Ang bahaging L (Ano ang NATUTUHAN KO) ay pupunuan ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng aralin.

Opsiyon 2



Activity: 3 Panahon – 2 Epekto – 1 Bayan

Panuto: *Sa tulong ng mga larawan, tukuyin kung anong panahon ito naranasan ng mga Pilipino. Sa ikatlong kolum, sumulat ng isang epekto sa lipunan at isa naman para sa kamalayang Pilipino.*

Larawan	***Panahon***	***Epekto***
		
		

Ihanda ang mga larawan, maaring printed o yung makikita sa slides gamit ang projector o T.V. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng gawaing ito

Ang gawaing ito ay nagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga simbolo at larawan (visual literacy), pag-unawa, pagsusuri, at pagsulat ng mga ideya tungkol sa kasaysayan.

Opsiyon 3

Activity: Boto ng Babae-Boto ng Bayan

Panuto: *Sa pamamagitan ng sitwasyon ay susuriin ng mga mag-aaral ang epekto ng kawalan ng karapatan ng mga kababaihan na bumoto at ang kanilang maaaring maging hakbang sa pagsulong ng karapatang pagboto ng mga kababaihan.*

SITWASYON: *Sa ilalim ng mga Amerikano nabuo ang 1935 Konstitusyon. Sa kabila ng pagsulong ng mga kababaihan sa paggawa, edukasyon at mga gawaing panlipunan, hindi pa rin sila pinayagang makaboto o magkaroon ng representasyon sa pamahalaan. Bahagi lamang sila ng isang organisasyong pangkabataan na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay anuman ang kasarian. Batid mo, ang mga hinaing ng mga kababaihan sa inyong lugar, mula sa mga ina, mga manggagawa, mga*


Ang gawaing ito ay nagpapakita ng literacy dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na: basahin at unawain ang isang sitwasyong historikal tungkol sa karapatan ng kababaihan sa panahon ng mga Amerikano. Suriin ang mga dahilan at epekto ng kawalan ng karapatang bumoto ng kababaihan. Magbigay ng sariling opinyon at mungkahing

	guro, at iba pang kababaihang naghahangad na maging bahagi ng eleksiyon at pagpili ng mga susunod na lider ng bayan. ***SULIRANIN:*** *Anong kampanya ang maaari mong gawin o buoin upang mahikayat ang iyong mga kasama na suportahan ang panawagan ng mga kababaihan na mabigyan sila ng karapatang bumoto?* ***Gabay na Tanong:*** 1. *Ano ang mga posibleng dahilan kung bakit hindi pinapayagang bumoto ang mga kababaihan noon?* 2. *Bakit mahalaga ang boto ng mga kababaihan? Paano ito nakaaapekto sa lipunan?* 3. *Ano ang maaari mong gawin bilang kabataan noong panahong iyon upang maisulong ang karapatang bumoto ng kababaihan?* 4. *Anong mensahe ang nais mong iparating sa mga mambabatas kung ikaw ay gagawa ng isang kampanya?* ***Preview sa Ikalawang Araw:*** *Balikan ang iba't ibang pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga dayuhang mananakop at tukuyin ang kahalagahan ng kamalayang panlipunan sa paghubog ng ating pagkakakilanlan bilang isang bansa. Sa susunod na talakayan, susuriin natin kung paano nakaambag ang mga kilusan noong panahon ng mga Espanyol, Amerikano at Hapon sa paglinang ng kamalayang Pilipino.At* higit pa *nating palalalimin ang pag-unawa sa kasaysayan sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga dahilan at konteksto ng pag-usbong ng iba't ibang kilusang lumalaban sa mga dayuhang mananakop gamit ang kolektibong karanasan ng pakikibaka ng mga Pilipino* ***C. Closure (Pampinid na Gawain)*** ***Exit Ticket:*** *Itanong: Ano ang isang mahalagang aral na iyong natutuhan ngayon tungkol sa pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga dayuhang mananakop, at paano mo ito maiuugnay sa kahalagahan ng pagkakaisa at kamalayang panlipunan sa kasalukuyan?*	*solusyon batay sa kanilang pag-unawa sa isyu. Bumuo ng isang kampanya o adbokasiya gamit ang malinaw at mapanghikayat na komunikasyon.* *Ipahayag sa pasalita o pasulat ang kanilang mga pananaw hinggil sa pagkakapantay-pantay ng kasarian at karapatang pampolitika.* *Nahuhubog dito ang kasanayan sa pagbasa nang may pag-unawa, kritikal na pag-iisip, pagsusuri ng impormasyon, atepektibong komunikasyon.* *Ihahanda ng guro ang SITWASYON, babasahin ito sa klase. Hayaang ang mag-aaral ang maglahad ng SULIRANIN.*

B. **Integrasyon ng Bagong Kaalaman**	**IKALAWANG ARAW** **1. Paglalahad ng Halimbawa** **A. Recap of Day 1 (Balik-tanaw sa Unang Araw na aralin)** ***Opsiyon 1: Totoo o Hindi*** ***Panuto:*** *Ipakita sa pisara ang mga pahayag. Isusulat ang Tama sa sagutang papel kung wasto ang pahayag at kung Mali, ipaliwanag ng maikli kung bakit mali ang naging pahayag.* 1. *Ang pangunahing layunin ng mga repormistang Pilipino gaya nina Rizal, del Pilar, at Lopez Jaena ay ang ganap na kalayaan mula sa Espanya* ✗ ***Hindi*** *– Layunin nila ang* ***reporma at representasyon****, hindi ganap na kalayaan.* 2. *Ang sistemang "polo y servicio" na nagdulot ng pagdurusa sa mga pamilyang Pilipino dahil sa sapilitang paggawa.* ✔ **Totoo** 3. *Nabigyan ng malawak na oportunidad ang kababaihan na makapag-aral at maging guro noong panahon ng mga Amerikano.* ✔ **Totoo** 4. *Ginamit ang terminong* ***Indio*** *upang ipakita ang mababang tingin sa mga katutubong Pilipino.* ✔ **Totoo** – Ito ay naging katawagan sa mga Pilipino na nagpapakita na mas mataas ang mga Kastila kaysa sa mga Pilipino. 5. *Si Gabriela Silang ang nanguna sa kilusan para sa karapatang bumoto ng kababaihan noong panahon ng Amerikano.* ✗ **Hindi** – **Si Pura Villanueva Kalaw** ang kilalang nagsulong nito	*Maaaring tawagin ang ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot bilang mabilis na sharing bago matapos ang klase. Ang kanilang tugon ay magsisilbing batayan para sa susunod na aralin tungkol sa mga kilusan sa panahon ng Amerikano at Hapon.*

Opsiyon 2: Larawan-suri

Panuto: Ang guro ay maghahanda ng iba't ibang larawan ng panuelo. Tanungin ang mga mag-aaral kung pamilyar ba sila sa mga ito. Iuugnay ang mga larawan sa aktibismong panuelo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kontektsto na ang panuelo ay isinusuot bilang bahagi ng traje de mestiza, kasuotang madalas na ginagamit ng mga edukadong kababaihan noong panahon ng mga Amerikano. Ito ay sumisimbolo ng kagandahang-asal, karangalan, at kalaunan ay naging simbolo ng mapayapang protesta sa kawalan ng karapatang bumoto ang kababaihan.



Pamprosesong Tanong:

1. *Suriin ang mga larawan na nakikita ninyo aka?*
2. *Ano naman ang naging simbolismo o mensahe nito sa pagsusuot ng mga kababaihan ng panuelo?*
3. *Paano maiuugnay ang panuelo sa naging pakikibaka ng mga kababaihan upang mabago ang pananaw sa kanilang papel na ginagampanan sa lipunan?*

Opsiyon 3: Data Retrieval Chart

Panuto: A. *Paghambingin ang Aktibismong Panuelo at Kilusang Sufragista sa layunin, paraan ng pakikibaka, mga mahahalagang personalidad, at ang naging epekto nito sa lipunan.*

Aspekto	***Aktibismong Panuelo***	***Kilusang Sufragista***
Layunin		
Paraan ng Pakikibaka		
Mga Kilalang Personalidad		
Epekto sa Lipunan		

Naipapakita sa gawaing ito ang literacy dahil hinihikayat ang mga mag-aaral na: Mag-ugnay ng mga visual na simbolo sa kontekstong historikal at panlipunan. Paunlarin ang kanilang visual literacy sa pamamagitan ng pagsusuri sa kahulugan at mensaheng ipinahahayag ng mga larawan. Sa gawaing ito, ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang umunawa, magsuri, at magpaliwanag ng mga simbolo at impormasyong historikal.

B. *Punan ang talahanayan sa pamamagitan ng pagsasaliksik tungkol sa kilusang gerilya sa oanahon ng mga Hapones sa bansa. Isulat ang layunin o dahilan ng pagkakabuo tungo sa mga kinikilalang personalidad ng bawat kilusan.*

Kilusang Gerilya	***Layunin***	***Dahilan ng Pagkabuo***	***Kilalang Personalidad***
Hunters ROTC Guerillas			
HUK Amazons			
Igorot sa Labanang Pockets			

2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto

Opsiyon 1: Teacher-Led Discussion

Panuto: *Gamit ang mga link sa ibaba. Talakayin ang pakikibaka ng mga Pilipino na nagbunsod ng kamalayang Pilipino. Matapos panoorin ay magsagawa ng talakayan gamit ang mga gabay na tanong:*

a. *Paano nakaapekto ang mga isyung panlipunan, pang-ekonomiya, at politikal noong panahon ng Espanyol sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino?*
b. *Ano naman ang mga pangunahing pagbabagong naranasan ng mga kababaihan noong panahon ng Amerikano, at paano ito nakatulong sa kanilang pakikibaka para sa kanilang karapatan?*
c. *Ano ang kahalagahan ng pagkakamit ng karapatang bumoto ng kababaihan noong 1937 sa kasaysayan ng Pilipinas?*
d. *Ano anu ang mga pangunahing hamon ng mga Pilipino sa panahon ng okupasyong Hapon, at paano nila ito hinarap?*
e. *Paano nakaambag ang mga karanasang ito sa paghubog ng kamalayang panlipunan at pagkamakabansa ng mga Pilipino, at paano mo ito maiuugnay sa kasalukuyang panahon?*

Maaring naibigay na sa pamamagitan ng flip classroom ang mga babasahin upaNg hindi na gumamit ng malaking oras para sa pagbabasa. Ang gawaing ito ay maaring gawin bilang pangkatan.

Link ng Videos:

https://www.youtube.com/watch?v=TuZToHqTyyg&list=PLPozg80exzd0gngwaM3SF3D6XM2ZEbnBb&index=13

https://www.youtube.com/watch?v=Gt1Kw2E94_8

https://www.youtube.com/results?search_query=panahon+ng+okup asyong+hapon

KARANASAN NG PAKIKIBAKA LABAN SA MGA DAYUHAN NA NAGBUNSOD NG KAMALAYANG PILIPINO

1. PANAHON NG KOLONYALISMONG ESPANYOL

A. Isyung Panlipunan

Sa ilalim ng pamumuno ng mga Espanyol, ang kaayusang panlipunan ay pabor lamang sa mga mananakop, mestizo, at principalia. Pinilit ng simbahan na baguhin ang paniniwala ng mga katutubo at ginamit ito upang manipulahin ang mamamayan (Constantino et al., 2022). Lumaganap ang diskriminasyon, at sa kalaunan ay namulat ang mga Pilipino sa kawalang-katarungan. Nagbunga ito ng mga kilusang reporma, panitikan ng mga ilustrado, at mga pag-aalsa tulad ng kina Tamblot, Silang, at Dagohoy—patunay ng unti-unting pagbangon ng makabayang kamalayan (Guerrero, 1971).

B. Isyung Pang-ekonomiya

Ang sistemang pang-ekonomiya ng Espanyol ay nakatuon sa pagsasamantala sa likas-yaman at lakas-paggawa ng mga Pilipino. Ipinatupad ang *polo y servicio*, *tributo*, at mga monopolyo (lalo na sa tabako), na nagdulot ng kahirapan at gutom. Dahil dito, napukaw ang kamalayang ekonomikal ng mga Pilipino at lumaganap ang mga pag-aalsa, na kalaunan ay humantong sa Himagsikang 1896 (Constantino et al., 2022).

C. Isyung Politikal

Walang boses ang mga Pilipino sa pamahalaan dahil hawak ng mga Espanyol ang lahat ng sangay ng kapangyarihan. Maging ang simbahan ay may kontrol sa pamahalaan. Hindi rin pantay ang batas, at madalas ay inaapi ang mga Pilipino sa mga hukuman. Sa pag-usbong ng edukasyon, naliwanagan ang mga ilustrado at humiling ng mga reporma, ngunit dahil sa pagtanggi ng Espanya, isinilang ang Katipunan na nagtulak sa rebolusyon para sa Kalayaan (Juan, Jr 2019).

Ang mga isyung panlipunan, pang-ekonomiya, at politikal sa panahon ng kolonyalismong Espanyol ay nagtulak sa mga Pilipino na mamulat, lumaban, at magsimula ng rebolusyon upang makamit ang tunay na kalayaan at katarungan.

2. KALAGAYAN NG KABABAIHAN SA KOLONYALISMONG AMERIKANO

Sa ilalim ng kolonyalismong Amerikano (1898–1946), unti-unting nagbago ang kalagayan ng kababaihang Pilipino sa larangan ng **edukasyon, karapatan, at papel sa lipunan**. Bagama't may diskriminasyon pa rin, mas naging aktibo at malaya ang kababaihan kumpara noong panahon ng Espanyol (Juan, Jr 2019).


1. **Edukasyon para sa Kababaihan**
   - Naging bukas ang sekular at libreng edukasyon para sa kababaihan.
   - Naitatag ang mga paaralang pambabae gaya ng **Philippine Normal School**.
   - Maraming kababaihan ang naging guro sa tulong ng mga **Thomasites**.
2. **Paglahok sa Larangang Pampubliko**
   - Naging aktibo ang kababaihan sa politika at lipunan.
   - **Pura Villanueva Kalaw** ay nagsulong ng karapatang bumoto.
   - Nabuo ang mga samahang gaya ng **Asociación Feminista Filipina** na lumaban para sa karapatang sibiko at moral ng kababaihan.
3. **Karapatang Bumoto (Suffrage)**
   - Noong **1937**, nakamit ng kababaihan ang karapatang bumoto.
   - Higit **500,000 kababaihan** ang bumoto pabor sa plebisito.

Ang panahong Amerikano ay nagsilbing mahalagang yugto sa kasaysayan ng kababaihan—mula sa pagiging tahimik sa tahanan, naging guro, lider, at aktibong tagapagtanggol ng karapatan. Naitanim dito ang binhi ng modernong kamalayang pangkababaihan sa Pilipinas (Juan, Jr 2019).

	3. HAMON NG OKUPASYONG HAPON Ang pananakop ng mga Hapon ay isang madilim at mapang-abusong yugto sa kasaysayan ng Pilipinas. Nagdulot ito ng matinding paghihirap sa kabuhayan, pagkawala ng kalayaan, at paglabag sa karapatang pantao ng mga Pilipino (Navarro et al. 2014). **1. Kahirapan sa Kabuhayan** • Nasira ang mga bukirin, pabrika, at transportasyon dahil sa digmaan. • Nagkaroon ng kakulangan sa pagkain, gamot, at trabaho. Ipinatupad ang **sapilitang pagtatrabaho (forced labor)** para sa mga Pilipino. **2. Karahasan at Paglabag sa Karapatang Pantao** • Maraming Pilipino ang pinahirapan, ikinulong, at pinaslang. • Libo-libong kababaihan ang naging "**comfort women**"—sapilitang ginawang alipin sa sex ng mga sundalong Hapon. **3. Kawalan ng Kalayaan at Propaganda** • Ipinasara ang mga paaralan, pahayagan, at radyo na hindi kontrolado ng Hapon. • Ipinilit ang **pananakop sa anyo ng "Greater East Asia Co-Prosperity Sphere"**. • Pinalaganap ang wikang Nihongo, sinunog ang mga aklat ng Amerikano, at binura ang mga ideyang Kanluranin sa edukasyon. **4. Kilusang Gerilya at Makabayang Laban** • Lumaganap ang kilusang gerilya sa buong bansa bilang paglaban sa mga Hapon. • Pinamunuan nina **Luis Taruc at Hukbalahap** ang mga laban sa Gitnang Luzon. • Maraming mamamayan ang tumulong sa mga gerilya sa kabila ng panganib. Ang okupasyong Hapon ay puno ng hirap at dahas, ngunit dito rin umusbong ang **diwa ng pagkakaisa, kabayanihan, at makabayang kamalayan** ng mga	

	Pilipino—mga haliging tumatag sa kasaysayan ng bansa pagkatapos ng digmaan (Kintanar, 2006). ***Opsiyon 2: BASA-Suri*** ***Panuto:*** *Pangkatan. Hatiin ang klase sa (5) limang pangkat. Magtatakda ng babasahin ang guro sa bawat grupo. Bibigyan ng 15 minuto upang maghanda ng alinman sa mga sumusunod: concept map, role play, graphic organizer. Maging malikhain sa pagbuo ng output. Pagkatapos ay padadaluyin ng guro ang talakayan.* **Mga Babasahin:** - *Gender, Nation and the Politics of Dress in Twentieth-Century Philippines ni Mina Roces pp. 4-9* - *A Short History on the Women's Suffrage in the Philippines retrieved: https://www.sunstar.com.ph/cebu/feature/a-short-history-on-thewomens-suffrage-in-the-philippines* - *Amazons of the Huk Rebellion: Gender, Sex, and Revolution in the Philippines (New Perspectives in SE Asian Studies) Paperback – Illustrated, March 16, 2009* - *Filipino Guerilla Resistance to Japanese Invasion in World War II* - *The Gallant Igorots of World War 2 retrieved: https://www.igorotage.com/blog/p/wzeW9/gallant-igorots-world-war-2* **Mga Gabay na Tanong:** a. Paano ginamit ang pagsusuot ng marangyang damit bilang simbolo ng pagkakakilanlan, kapangyarihan, at paghubog ng papel ng kababaihan sa lipunang Pilipino noong ika-20 siglo? b. Ano anu ang mga mahahalagang hakbang at pangyayaring nagbunsod upang makamit ng kababaihang Pilipino ang karapatang bumoto noong 1937? c. Paano nakakaapekto ang paglahok ng kababaihan sa Huk Rebellion sa tradisyunal na pananaw sa kasarian at sa kanilang papel sa rebolusyonaryong kilusan? d. Ano anu ang mga pangunahing estratehiya at dahilan kung bakit nagtagumpay o nagpatuloy ang kilusang gerilya laban sa pananakop ng mga Hapones? e. Paano ipinakita ng mga Igorot ang kanilang kabayanihan at ambag sa paglaban sa mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig?	*Ipabasa o ipatakda na sa mga mag-aaral ang mga babasahin. Maaring ibigay ng guro ang printed na babasahin o ang mismong link sa mga mag-aaral. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot sa mga gabay na tanong. Ito rin ang magsisilbing daloy sa talakayan.*

	C. Closure: (Paglinang sa Natutunan) ***Opsiyon 1: "AKTIBISMO MODE: ON!"*** ***Panuto:*** *Mag-aatas ng (5) limang mag-aaral upang gumanap bilang personalidad sa mga tinalakay na kilusan o mga impersonators. Magkakaroon ng open forum, panayam sa mga boses ng kilusan. Magtatakda ang guro ng moderator, tagapagsalita, mga tagapakinig, tagatala at technical support. Maaring gamitin ang gabay na tanong sa pagsasagawa ng open forum.* ***Mga Gabay na Tanong para sa Open Forum****:* ***A. Igorot sa Labanan sa Pockets (hal. Gawa-gawang Igorot scout leader) "Kung dati ay ginabayan mo ang mga sundalo sa gubat ng Bataan, ano ang landas na nais mong gabayan ngayon?"*** *1. Ano ang iyong pakiramdam bilang isang katutubong lumaban sa digmaan?* *2. Paano mo maipagmamalaki ang kultura ng mga Igorot sa kasalukuyan?* *3. Sa panahong ito, paano mo ituturo sa kabataan ang katapangan at karangalan?* ***B. Huk Amazons (hal. Kumander Dayang-dayang / generikong babaeng Huk) "Kung ang laban ng Huk noon ay para sa karapatan ng manggagawa at magsasaka, ano ang laban mo ngayon?"*** *1. Bakit mo piniling sumama sa isang armadong kilusan bilang isang babae?* *2. Ano ang pinakamatinding sakripisyo na ginawa mo para sa masa?* *3. Sa panahon ngayon, paano mo ipaglalaban ang karapatan ng mga inaapi?* ***C. Hunters ROTC Guerilla (hal. Terry Adevoso / Eleuterio Adevoso) "Paano mo iaangkop ang laban para sa kalayaan sa mga isyu ng kabataan ngayon?"*** *1. Ano ang pinakadiwa ng pagiging gerilya noong panahon ng Hapon?* *2. Kung ikaw ay magiging lider sa panahon ngayon, paano mo isusulong ang pagmamahal sa bayan?* *3. Ano ang aral na maaari mong ibahagi sa mga kabataan ukol sa paglilingkod sa bayan?*	

	D. Kilusang Sufragista (hal. Pura Villanueva-Kalaw o Concepcion Felix) "Ngayon na may karapatang bumoto ang kababaihan, ano pa ang dapat ipaglaban?" *1. Ano ang pinakamatinding hamon na hinarap ninyo noon bilang mga kababaihang humihiling ng karapatan?* *2. Ano ang masasabi mo sa mga kababaihan ngayon na hindi gumagamit ng kanilang karapatang bumoto?* *3. Sa anong paraan mo ipaglalaban ang kababaihan sa modernong lipunan?* ***E. Aktibismong Panuelo (hal. Gliceria Marella de Villavicencio) "Sa kasalukuyang panahon, paano mo ipagpapatuloy ang laban para sa bayan?"*** *1. Ano ang nagtulak sa'yo para suportahan ang rebolusyon noong panahon ng Espanyol?* *2. Sa panahong ngayon, paano mo ipapakita ang pagiging makabayan bilang isang babae?* *Kung, may pagkakataon kang makausap ang mga kabataang aktibista sa ngayon, ano ang magiging mensahe mo sa kanila?* ***Opsiyon 2: 3-2-1 Reflection Exit Card*** ***Panuto:*** *Sagutin ang sumusunod:* ***3****-Magtala ng (3) tatlong mahahalagang natutuhan mo tungkol sa pakikibaka ng mga Pilipino sa panahon ng Espanyol, Amerikano, at Hapon.* ***2****-Magbigay ng (2) dalawang pagkakatulad o koneksyon ng mga pakikibaka noon sa mga isyung nararanasan sa kasalukuyan.* ***1****-Isulat ang isang aral na nais mong isabuhay bilang mag-aaral o mamamayan.* ***Opsiyon 3****:* ***Pagbuo ng Dayagram*** ***Panuto****: Ipakita ang epekto ng kolektibong pakikibaka ng mga Pilipino sa kamalayan at lipunang Pilipino.* 	***Para sa Debate:*** ***Daloy ng Gawain*** ***1. Pagbuo ng Pangkat*** *– Hatiin ang klase sa dalawang panig* ***2. Paghahanda (10–15 minuto)*** *– Magbuo ng argumento at ebidensya mula sa kasalukuyang isyu* ***3. Debate Proper*** *– Magpalitan ng argumento ang dalawang panig* ***4. Rebuttal*** *– Sagutin ang argumento ng kabilang panig* ***5. Pangwakas na Pahayag*** *– Isang maikling pagbubuod ng paninindigan*

	Preview Day 3: *" Sa nakaraang mga talakayan, napalalim natin ang pag-unawa sa mga karanasan ng pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga dayuhang mananakop na nagbunsod ng paghubog ng kamalayang Pilipino. Tinalakay din natin ang mga layunin at dahilan ng mga kilusan sa panahon ng mga Amerikano at Hapones, gayundin ang mahahalagang papel ng mga kababaihan at mga Igorot sa pag-usbong ng damdaming makabayan.* *Sa ikatlong araw, sasagutin natin ang mga tanong kung paano mapapanatili at maipapasa ang kamalayang Pilipino sa gitna ng patuloy na pagbabago sa lipunan at daigdig. Susuriin din natin kung may mga katulad pa bang kilusan sa kasalukuyan at kung paano maiuugnay ang katapangan at dedikasyon ng mga makasaysayang personalidad na nararanasan ng mga mamamayan sa ngayon".* **IKATLONG ARAW** **3. Paglinang ng Kabihasaan** **A. Recap of Day 2 (***Balik-tanaw Ikalawang Araw na Aralin)* ***Opsiyon 1: Freedom Wall ng Kamalayan*** *Panuto: Gamit ang mga makukulay na metacards, sumulat ng isang pangungusap na nagtataglay ng pinakamahalagang aral o "kamalayan" na natutunan mula sa nakaraang aralin.* ***Opsiyon 2: Bayan o Sarili? Debate sa Kamalayang Pilipino sa Kasalukuyan*** ***Panuto:*** *Hahatiin ang klase sa (2) dalawang pangkat upang magsagawa ng structured debate tungkol sa kasalukuyang isyu ng mga proyekto sa flood control at alegasyon ng korapsyon o pagkakasangkot ng ilang opisyal ng pamahalaan. Susuriin ng bawat panig kung paano naipapakita ang kamalayang Pilipino sa kasalukuyang panahon kung ito ba ay nakatuon sa kapakanan ng bayan o sa kanilang pansariling interes.*	

	Mga Pangkat ***Unang Panig: PRO-BAYAN*** ***Pananaw:*** ***Naniniwala na ang tunay na kamalayang Pilipino ay*** *nakasentro sa kapakanan ng bayan at kabutihang panlahat.* *Mga Punto na maaaring pagtuunan:* • *Pagpapahalaga sa transparency at pananagutan ng pamahalaan* • *Pagprotekta sa pondo ng bayan para sa serbisyong publiko tulad ng flood control* • *Pagpapakita ng malasakit sa mga mamamayang apektado ng baha at kapabayaan* • *Pagsusulong ng integridad at malasakit sa kapwa Pilipino* ***Ikalawang Panig: PRO-SARILI*** ***Pananaw:*** *Naniniwala na sa kasalukuyang panahon, ang kamalayang Pilipino ay madalas na* ***naiimpluwensiyahan ng pansariling interes at personal na kapakinabangan****.* ***Mga Punto na maaaring pagtuunan:*** • *Pag-iral ng korapsyon at personal na interes sa ilang proyekto ng gobyerno* • *Impluwensiya ng kapangyarihan at pera sa desisyon ng ilang opisyal* • *Pagkakaroon ng hindi pantay na paggamit ng pondo ng bayan* • *Pagiging mas binibigyang prayoridad ang sariling kapakinabangan kaysa sa serbisyo publiko* ***C. Closure: (Paglinang sa Natutunan)*** ***Pagsulat ng Repleksiyon*** ***Panuto:*** *Sagutin sa pamamagitan ng 3–5 pangungusap.* *Titingnan natin ang pakikibaka sa aspektong panlipunan, ekonomiya, politika, at maging ang gampanin ng kababaihan at mga katutubong gerilya (gaya ng mga Igorot at Huk). Sa kasalukuyang panahon, anong uri ng 'pananakop' o hamon ang kinakaharap ng ating bansa (hal. kahirapan, isyung panlipunan, pekeng balita), at paano natin magagamit ang kamalayang ipinamana ng ating mga ninuno upang labanan ito?*	

<table>
<tr>
<td>C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan</td>
<td>
IKAAPAT NA ARAW

1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon

A. Recap of Day 1 (Balik-tanaw sa Ikatlong Araw na aralin)
Natapos ninyong tukuyin at suriin ang mga salik na nagpalalim sa kamalayang Pilipino, kabilang ang layunin at dahilan ng pagbuo ng mga kilusang panlipunan at ang mahahalagang personalidad na naging bahagi nito. Ngayon, ilalapat natin ang inyong mga kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng mga gawaing mag-uugnay sa mga natutunan sa kasalukuyang kalagayan ng mga kababaihan, kabataan, at mga katutubo. Sa pamamagitan nito, higit ninyong mauunawaan kung paano nananatiling makabuluhan ang mga aral ng kasaysayan sa paghubog ng kamalayang makabayan at pakikilahok sa lipunan sa kasalukuyang panahon.

Opsiyon 1: Advocacy Campaign
Panuto: Gamit ang kontekstong:” Ang kabataan sa kasalukuyang panahon ay nahaharap sa ibat ibang suliraning palipunan gaya ng karahasan, diskriminasyon at dis-impormasyon. Paano mo gagamitin ang tapang at prinsipyo ng mga makasaysayang kilusan upang tumugon sa mga isyung ito?”. Bumuo ng adbokasiya ukol dito gamit ang spoken poetry, digital collage o poster, infographics. At ibahagi ito sa klase.

Opsiyon 2: LIHAM PARA SA KABABAIHAN, KABATAAN, At KATUTUBO
Panuto: Gumawa ng isang liham na hindi bababa sa 500 salita at hindi lalabis sa 800 salita na naglalaman ng mga nais iparating sa mga kababaihan, kabataan, at sa mga katutubo sa kasalukuyang panahon.

Opsiyon 3: “Data Comparison Table”
Panuto: Punan ng wastong impormasyon ang talahanayan. Sagutin ang mga gabay na tanong pagkatapos. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.
<table>
<tr><th>Kolektibong Karanasan</th><th>Paraan ng Pakikibaka</th><th>Resulta/Epekto</th></tr>
<tr><td>Isyung Panlipunan, Ekonomiko at Politikal sa Panahon ng Kolonyalismong Espanyol</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kalagayan ng Kababaihan sa Kolonyalismong Amerikano</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Mga Hamon ng Okupasyong Hapones</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Ang gawaing ito ay sumusukat ng literacy skills sa pamamagitan ng kakayahan ng mag-aaral na magbasa ng konteksto ng lipunan at magsulat ng isang makabuluhan, organisado, at wastong liham na tumutugon sa isang tiyak na layunin at mambabasa.</td>
</tr>
</table>

	Mga Gabay na Tanong: 1. *Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga paraan ng pakikibaka ng mga Pilipino sa tatlong panahong tinalakay?* 2. *Kung ikaw ay nabubuhay sa isa sa mga panahong ito, anong paraan ng pakikibaka ang iyong susuportahan at bakit?* 3. *Paano nakatutulong ang pag-aaral ng mga kolektibong karanasang ito upang maunawaan ang mga kasalukuyang isyung panlipunan sa Pilipinas?* 4. *Anong aral mula sa mga karanasan ng mga Pilipino noong kolonyalismong Espanyol, Amerikano, at Hapones ang maaari mong ilapat sa iyong buhay bilang mamamayan?* 5. *Bakit mahalagang alalahanin at pag-aralan ang mga kolektibong karanasan ng mga Pilipino sa kasaysayan?* **2. Paglalahat** ***Opsiyon 1: Kamay ng Pagbabago, Pusong may Kamalayan*** ***Panuto:*** *Isulat sa hugis kamay kung paano maisasabuhay ang mga kaalamang natutunan mula sa mga sinuring pakikibaka ng mga Pilipino sa iba't ibang panahon. Ang mga sagot ay isusulat sa hugis puso gayundin, sa kung ano ang kanilang nararamdaman ng malaman ang mga naging pakikibaka ng mga Pilipino upang makamit ang kasalukuyang kalayaan.* ***Opsiyon 2: Kasama ako sa Kilusan*** ***Panuto:*** *Kumpletuhin ang pahayag.* *"Kung ako ay nabubuhay noong panahon ng _____ ako ay magiging bahagi ng kilusan sa paraang _____, dahil naniniwala ako na _____."*	

V. PAGTATAYA
(Assessing Learnings)

Opsiyon 1:

Panuto: *Muling balikan ang* ***K-W-L Chart****. Sa bahaging ito ay isusulat ng mag-aaral ang kanilang NATUTUHAN sa* ***L-kolum****.*

K *(Ano ang ALAM KO NA)*	***W*** *(Ano ang GUSTO KONG MALAMAN)*	***L*** *(Ano ang NATUTUHAN KO)*

Opsiyon 2: Performance Task

Panuto: *Hahatiin ang klase sa (4) apat na grupo. Bubuo ng isang 15-minutong multimedia output alinman sa mga sumusunod na pamamaraan: documentary style video, digital zine, o di kaya'y podcast episode. Gawing batayan ang G.R.A.S.P. sa ibaba.*

Goal : *Ang iyong layunin ay magsaliksik, magsuri, at maglahad ng isang malikhaing presentasyon na magpapakita sa kung paano naging kolektibong tugon ang mga piling pakikibaka ng mga Pilipino laban sa pananakop ng mga dayuhan, at kung paano ito nagbunsod ng kamalayang makabansa.*

Role: *Ikaw ay isang kasapi ng isang pangkat ng mga mamamahayag sa isang makabansang multimedia outlet na may layuning itampok ang makasaysayang pakikibaka ng mga Pilipino upang mapalalim ang kaalaman ng kabataan sa kasaysayan ng bansa.*

Audience: *Ang pangunahing tagapakinig at mambabasa mo ay ang mga kabataang Pilipino na may mababaw na kaalaman sa kasaysayan, partikular sa mga kilusang lumaban sa mga Espanyol, Amerikano, at Hapones.*

Situation: *Bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan, naatasan ang iyong grupo na gumawa ng isang documentary-stylevideo, digital zine, o podcast episode na magtatampok ng isa sa mga sumusunod na kolektibong pakikibaka: Kilusang Agraryo, Kilusang Propaganda, Himagsikan ni Bonifacio at Rebolusyon ni Aguinaldo, Aktibismong Panuelo o Sufragista, Hunters ROTC / HUK Amazons / Igorot sa Labanang Pockets. Kailangang mailahad ang konteksto, layunin, paraan ng pakikibaka, at epekto nito sa kamalayang makabansa ng mga Pilipino noon at sa kasalukuyan.*

Product/Performance: *Lumikha ng isang 15-minute multimedia output (video, podcast, o digital zine) na: May malinaw na paglalahad ng napiling kilusan at ang kasaysayan nito. Gumagamit ng primarya at sekondaryang sanggunian (larawan, sipi, panayam, artikulo, atbp.) Nagtatampok ng pagsusuri sa epekto ng kolektibong pagkilos sa kamalayang Pilipino. Nagtatapos sa refleksyon: "Ano ang bisa ng kilusang ito sa paghubog ng makabansang kamalayan ngayon?"*

	Opsiyon 2: Multiple Choice ***Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.*** *1. Isipin mong isa kang kabataang babae noong panahon ng diktadura. Nakita mong nagsasama-sama ang mga ina ng mga desaparecidos na may suot na puting panuelo habang nananawagan ng hustisya. Kung ikaw, ay kabilang sa kilusang ito, paano mo ipapaliwanag sa iba ang kahalagahan ng pagsusuot ng panuelo bilang anyo ng pakikibaka?* *A. Isa itong simbolo ng paggalang sa tradisyon ng mga kolonyal na kababaihan.* *B. Ipinapakita nito ang tahimik na suporta ng kababaihan sa umiiral na pamahalaan.* ***C. Isa itong mapayapang paraan upang ipahayag ang damdaming makabayan at panawagan para sa hustisya.*** *D. Ginagamit lamang ito upang ipagdiwang ang papel ng kababaihan sa moda at lipunan..* *2. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang tagumpay ng Kilusang Sufragista sa Pilipinas noong panahon ng mga Amerikano?* *A. Pagkakaroon ng kababaihan ng karapatang magtrabaho sa gobyerno* *B. Pagkakapantay-pantay ng sahod sa kalalakihan* ***C. Pagkakaroon ng kababaihan ng karapatang bumoto*** *D. Pagbuwag sa mga batas kolonyal* *3. Bakit nabuo ang Hunters ROTC Guerrilla movement noong panahon ng pananakop ng mga Hapones?* *A. Bilang pangkat ng mga sundalong Amerikano na naiwan* *B. Upang labanan ang mga Espanyol sa Luzon* *C. Upang magtanggol ng mga lugar sa Mindanao* ***D. Bilang lihim na kilusan ng kabataang kadete upang labanan ang pananakop ng Hapones*** *4. Ano ang natatanging papel na ginampanan ng mga Huk Amazons sa kasaysayan ng armadong pakikibaka?* ***A. Mga kababaihang lumaban bilang mandirigma at lider sa kilusang Hukbalahap*** *B. Bilang mga tagapangalaga ng bahay ng mga gerilya* *C. Mga guro sa liblib na lugar ng Nueva Ecija* *D. Mga tagasuporta sa likod ng labanan*

	5. Paano naiiba ang ginampanang papel ng Huk Amazons sa karaniwang gampanin ng kababaihan noong panahon ng digmaan? ***A. Ang mga kababaihan ay lumahok mismo bilang mandirigma at lider, lumabag sila sa tradisyunal na inaasahan sa kababaihan.*** *B. Ang mga kababaihan ay nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga sundalo* *C. Lumikha ng propaganda ang mga HUK Amzaons laban sa Hapon* *D. Nakipagtulungan ang mga kababaihan sa mga Espanyol upang makatulong sa pakikipaglaban sa Hapon* *6. Si Pura Villanueva-Kalaw ang nanguna sa kilusang suffragista noong unang bahagi ng 1900s. Isa rin siya sa aktibong nangampanya para sa karapatang bumoto ng mga kababaihan. Alin sa mga sumusunod ang itinatag ni Kalaw noong 1905?* *A. Girl Scout of the Philippines* ***B. Asosasyon Feminista Ilonga*** *C. Kapisanan ng mga Kababaihan* *D. HUK Amazons* *7. Ang Hunters ROTC Guerrilla ay isa sa mga kilalang grupong gerilya na lumaban sa mga Hapones sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pilipinas. Sino sa mga sumusunod ang nagtatag nito?* *A. Josefa Llanes Escoda* ***B. Terry Adevoso*** *C. Miguel Ver* *D. Pura Villanueva-Kalaw* *8. Ang mga Huk Amazons ay binubuo ng kababaihang gerilya. Alin sa mga sumusunod ang kilalang lider-kababaihan na aktibong nakibaka sa kanayunan bilang bahagi ng kilusang Hukbalahap?* *A. Trinidad Tecson* *B. Nieves Fernandez* ***C. Luzviminda Francisco*** *D. Melchora Aquino* *9. Alin sa mga sumusunod ang naging kontribusyon ni Juan Duyan sa Labanan sa Pockets?* ***A. tumulong sa mga sundalong Pilipino at Amerikano sa mga kabundukan ng Luzon*** *B. Itinatag ang Repulika ng Katagalugan* *C. Nag-organisa ng rebolusyon sa rehiyon ng Bicol* *D. itinatag ang rebolusyonaryong pamahalaan sa Vigan*

	10. Maraming Pilipino ang tumugon sa pananakop ng Hapon at lumaban sila upang ipagtanggol ang kanilang kalayaan at karapatang pantao. Ano ang kanilang ginawang aksyon upang higit na maipakita ang diwang makabayan at pagkakaisa ng mga Pilipino? *A. Paglisan ng bansa upang umiwas sa digmaan* *B. Tahimik na pagtanggap sa pamahalaan ng Hapon* *C. Pagkiling sa kulturang Hapón at pagtanggap ng Nihongo* ***D. Pagsali sa kilusang gerilya at paglaban sa mga mananakop*** *11. Lumaganap ang diskriminasyon, at sa kalaunan ay namulat ang mga Pilipino sa kawalang-katarungan. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing dahilan ng paglakas ng kamalayang panlipunan ng mga Pilipino noong panahon ng Espanyol?* *A. Pag-unlad ng mga industriya sa kanayunan* *B. Pagtanggap sa relihiyong Katolisismo sa ilang bahagi ng Pilipinas* ***C. Hindi pantay na pagtrato at pang-aabuso ng mga kolonyal na pinuno*** *D. Pagbabawal sa mga katutubong kasuotan na minana pa sa mga katutubo* *12. Ang sistemang pang-ekonomiya ng Espanyol ay nakatuon sa pagsasamantala sa likas-yaman at lakas-paggawa ng mga Pilipino. Ano ang epekto ng "polo y servicio" sa kabuhayan ng mga pamilyang Pilipino?* ***A. Lumala ang kahirapan at nawalay sa pamilya ang mga kalalakihan*** *B. Nagdulot ito ng maraming oportunidad sa trabaho tulad ng pagnenegosyo.* *C. Pinabuti nito ang kalagayan ng mga magsasaka sa buong Pilipinas na nagbigay ng mas magandang buhay.* *D. Pinabilis nito ang mga kalakalan sa iba't ibang lalawigan at ang pakikipagkalakalan sa iba't ibang mga bansa.* *13. Walang boses ang mga Pilipino sa pamahalaan dahil hawak ng mga Espanyol ang lahat ng sangay ng kapangyarihan. Bakit hindi nabibigyan ng katarungan ang mga Pilipino sa mga hukuman noong panahon ng Espanyol?* *A. Dahil mas pabor ang batas sa mga katutubong Pilipino* *B. Dahil mas maraming nagkakasala dahil sa pagnanakaw ng mga Pilipino.* ***C. Dahil hindi sila marunong bumasa o magsalita ng Espanyol at walang pantay na karapatan.*** *D. Dahil binibigyan sila ng pribilehiyong umapela at magbigay ng kanilang saloobin at damdamin.*

	14. *Sa ilalim ng kolonyalismong Amerikano, unti-unting nagbago ang kalagayan ng kababaihang Pilipino sa larangan ng* ***edukasyon, karapatan, at papel sa lipunan*** *Ano ang naging pangunahing kontribusyon ng edukasyon sa kababaihang Pilipino noong panahon ng mga Amerikano?* *A. Napilitang manatili sa bahay upang mag-aral online* *B. Nabigyan sila ng pagkakataong makapaglakbay sa ibang bansa* ***C. Nabuksan ang mas malawak na oportunidad para sa pag-aaral at pagiging guro*** *D. Naituro sa kanila ang pananahi at pagluluto na nagbigay ng karunungan sa kababaihan.* 15. *Isa sa pinakamatibay na patunay ng pag-unlad ng kalagayan ng kababaihan ay ang pagkamit nila ng karapatang bumoto. Ito ay bunga ng matagal na kampanya at kilusan ng mga kababaihan upang kilalanin ang kanilang kakayahang makilahok sa eleksyon.Kailan opisyal na nakamit ng kababaihan sa Pilipinas ang karapatang bumoto?* ***A. Noong 1937 matapos ang isang plebisito*** *B. Noong 1946 kasabay ng kalayaan ng bansa* *C. Noong 1973 sa ilalim ng bagong Saligang-Batas* *D. Noong 1898 matapos ang pananakop ng Espanya* **Generalization and Closure:** Sa kabuoan ng ating aralin, Tinukoy, natin ang mga karanasan ng pakikibaka ng mga Pilipino sa iba't ibang panahon mula sa kolonyalismong Espanyol, sa pananakop ng Amerikano, hanggang sa okupasyong Hapon na nagbunsod ng pag-usbong at paghubog ng kamalayang Pilipino. Naintindihan din natin kung paano ang mga isyung panlipunan, pang-ekonomiya, at politikal, gayundin ang mahalagang papel ng kababaihan, kabataan, at mga katutubo, ay naging bahagi ng kolektibong pagkamulat at pagkamakabayan ng bansa. Sa huli, ang mga araling ito ay nagpapaalala na ang kamalayang Pilipino ay patuloy na hinuhubog ng ating kasaysayan at kasalukuyang karanasan. Bilang mga mag-aaral at mamamayan, mahalaga ang patuloy na pagpapahalaga sa katotohanan, katarungan, at pagkakaisa upang mapanatili at mapalalim ang ating diwa ng pagiging makabayan sa gitna ng patuloy na pagbabago ng lipunan.

VI.KARAGDAGANG GAWAIN / INTERBENSYON	***Option 1: Pagbuo ng Collage*** ***Panuto:*** *Gamit ang mga lumang magasin, dyaryo, printed materials, gunting at pandikit. Bumuo ng collage na magpapakita ng lakas ng kababaihan, kabataan, at katutubo sa kasalukuyang panahon.* ***Option 2: Gising Na Kamalayan: Tinig Ng Bayan, Lakas Ng Mamamayan"*** ***Panuto:*** *Humanap ng isang* ***quotation*** *na nagpapakita ng kamalayang Pilipino. Ipaliwanag ito at ilagay sa isang malinis na papel o ipost sa inyong social media account.* ***Halimbawa*** *"Ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan ay hindi makararating sa paroroonan."— Dr. Jose Rizal Ang kasabihang ito ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng kamalayang panlipunan at pambansang identidad — na dapat nating kilalanin at pag-isipan ang ating kasaysayan upang patuloy ang kamalayan para sa kasalukuyang kalagayan ng bayan.*
VII.PAGNINILAY *(Feedback and Continuous Improvement)*	*Matapos isagawa ang apat na araw na aralin, napansin ko na ang mga mag-aaral ay _____. Ang kanilang mga pangunahing natutuhan ay kinabibilangan ng _____, habang ang mga pangunahing naging hamon sa pagtuturo ay _____. Upang mapabuti ang pagtuturo, gumawa ako ng pag-aangkop sa pamamagitan ng _____, na nakatulong upang mapahusay ang pakikilahok at pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa susunod na ituturo ko ang araling ito, aking _____.*
VIII.DEKLARASYON SA PAGGAMIT NG AI	Sa paghahanda ng rebisyong *Lesson Exemplar* na ito, gumamit ang may-akda ng Copilot, AI Gemini, ChatGPT, at Perplexity upang mahusay na maisama at mapagsama-sama ang mga komplikado at multidisiplinaryong impormasyon, at makatulong sa pagdisenyo ng mga materyales na madaling maunawaan, kawili-wili, at nagsasama ng iba't ibang pananaw tungo sa praktikal na aplikasyon. Gumamit din ang may-akda ng mga kagamitang ito upang makabuo ng mga mungkahing larawan at ilustrasyon para sa paggamit sa silid-aralan. Sinuri at pininal na ng may-akda ang pagsulat ng nilalaman. Buong pananagutan ng may-akda ang nilalaman ng *Lesson Exemplar* na ito.

Pamagat / Paksa ng Aralin	Mga Naging Tugon ng Pilipino sa Kasaysayan	**Modelong Banghay-Aralin**	3

I. LAYUNIN	
A. Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ang masusing pag-unawa sa iba't ibang anyo ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino.*
B. Pamantayan sa Pagganap	*Nakapagpapahayag ng paninindigan (hal. posisyong papel, presentasyong pahayag, adbokasiya) na nagsusuri sa karanasan ng mga Pilipino sa pakikibaka laban sa iba't ibang anyo ng opresyon.*
C. Mga Kasanayang Pampagkatuto	*Nakatataya sa mga bunga ng mga kilusang panlipunan tulad ng kilusang agraryo, propaganda, at himagsikan sa pagsusulong ng kamalayang Pilipino.*
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO (*Pagpili ng Materyal)*	• *Chua, Michael Charleston, "Xiao" B. 2024. Xiao Time: Mga Dakilang Pilipino volumes 1 and 2. City of San Fernando: Amlat Publishing and Project Saysay.* • *Kasaysayan: The Story of the Filipino People (10 volumes), Reader's Digest* • *Lanzona, Vina A. "Amazons of the Huk Rebellion: Gender, Sex, and Revolution in the Philippines."* • *Mojica, Proculo L. Terry's Hunters: The True Story of the Hunters. ROTC Guerrillas.: Mojo Publishing, 1986.* *Commission of the Philippines, 1999.* • *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints 60, no. 4 (December 2012): 559–562* • *Soriano, Rafaelita Hilario, ed. Women in the Philippine Revolution. Quezon City: National Historical* • *Schumacher, John N. The Propaganda Movement, 1880–1895: The Creation of a Filipino Consciousness. Manila: Ateneo de Manila University Press, 1997.*
III. NILALAMAN *(Pagsasaayos ng Nilalaman)*	***Mga Naging Tugon ng Pilipino sa Kasaysayan*** *A. Pakikibaka sa Panahon ng Espanyol* *1. Kilusang Agraryo noong ika- 18 at ika- 19 na siglo* *2. Kilusang Propaganda* *3. Ang Himagsikan ni Bonifacio at ang Rebolusyon ni Aguinaldo* *B. Kilusang Feminista sa Panahon ng Amerikano* *1. Aktibismong Panuelo* *2. Sufragista*



	C. Kilusang Gerilya *1. Hunters- ROTC guerrillas* *2. Huk Amazons* *3. Igorot sa Labanang pockets*	
IV. TUNGUHIN *(Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin at Pagsusuri ng mga Gawain)*	***Matapos ang aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:*** 1. *Nakasusuri sa bunga ng bawat kilusang panlipunan at sa paghubog ng kamalayang Pilipino.* 2. *Nailalapat ang mga naging bunga ng kilusang agraryo, propaganda, at himagsikan, kilusang feminista sa panahon ng mga Amerikano, at kilusang gerilya sa paghubog ng pambansang kamalayan.* 3. *Naitataya ang papel ng mga kilusang panlipunan sa pagsusulong ng pambansang identidad at kamalayang Pilipino*	
IV. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO** *(Panuto sa guro kung paano isasakatuparan ang mga gawain.)*
A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	**UNANG ARAW** **1. Paghango sa Dating Kaalaman** **Opsiyon 1: WORD ASSOCIATION** • Hahatiin ang klase sa limang pangkat, at ang bawat pangkat ay bibigyan ng tig-iisang paksa mula sa nakaraang aralin.Tulad ng sumusunod; - Kilusang Agraryo noong ika-18 at ika- 19 na siglo - Kilusang Propaganda - Ang himagsikan ni Bonifacio at ang Rebolusyon ni Aguinaldo - Kilusang Feminista sa Panahon ng Amerikano - Kilusang Gerilya • Bibigyan ng limang minuto ang bawat pangkat na sumulat ng kanilang mga konsepto na maiuugnay sa paksang nakaatas sa kanila.	*Ang guro ay pipili lamang ng isang gawain sa bawat bahagi ng aralin na sa kanyang palagay ay aakma sa kakayahan ng mga mag-aaral subablit sinisigurado na magiging lundayan ng mga mag-aaral sa unti unting pagkatuto sa paksa.* *Ang mga gawaing ito ay nagpapakita ng paghahalaw ng mga dating kaalaman ng mga mag-aaral batay sa nakaraang aralin at*

	• Matapos ang pagbibigay ng mga kaugnay na konsepto, bibigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat na maipakita at maipaliwanag ang kanilang naging gawain sa harap ng klase. ***Opsiyon 2: "ALPHABET BRAINSTORM*** • *Gamit ang "alphabet chart", pipili at iuugnay ng mga mag-aaral ang* dalawa o higit pa na konsepto upang makabuo ng mga ideya na may kaugnayan sa iba't ibang anyo ng pakikibaka laban sa mga dayuhan tungo sa pagsulong ng kamalayang Pilipino. Maaaring palitan ng guro *ang mga salitang nakalagay sa ibaba, nang mas akma sa mga tinalakay sa nakaraang paksa.*	*magiging tulay upang maiugnay ang mga ito sa kasalukuyang paksa.* *Nagpapaunlad ng literacy skills ang mga gawaing ito sa pamamagitan ng pagtatakda sa mga mag-aaral na magsuri at mag-ugnay ng mga konsepto.*

Alphabet Chart				
Andrés Bonifacio/ Agraryo	Battle of Pockets	Cavite/ Cordillera	Diego Silang	Emilio Aguinaldo/ Espanyol
Feudalismo / Frayle	Gerilya	Hunters ROTC/ Huk Amazon	Igorot/ Ilustrado	Japanese
Kababaihan	La Solidaridad	Magsasaka/ Malolos Congres	Negros	Oposisyon/ Oligarkiya
Pura Villanueva Kalaw	Q	Rebolusyon	Suffragista	Tributo
Unyon	Vicente Lukban	WW2	XY	Z

• Pagkatapos ng gawain, padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong.

	Pamprosesong Tanong: 1. Ano-anong mahahalagang konsepto ang inyong naiugnay sa paksang ibinigay sa inyong pangkat? 2. Naging mahirap ba para sa inyong pangkat ang pag-uugnay ng mga konsepto sa paksang tinalakay? At Bakit? 3. Batay sa mga konseptong naiugnay ninyo sa paksa,paano ninyo mabubuod ang paksang iniatang sa inyong pangkat gamit lamang ang isa o dalawang pangungusap? **2. Paglalahad ng Layunin** ***Opsiyon 1: #HASHTAG NG KILUSAN*** • Magpakita ang guro ng mga larawan na kaugnay ng isang kilusang panlipunan na nakikibaka sa iba't ibang paraan. • Hayaang gumawa ang mga mag-aaral ng isang hashtag na sumasalamin sa diwa ng kilusan. **Mga Halimbawa:** #PlumaHindiEspada (Kilusang Propaganda) #LabanBabae (Sufragista, Huk Amazons) #IgorotParaSaBayan (Mga mandirigmang Igorot) • Pagkatapos ng gawain, padadaluyin ng guro ang pagsagot sa mga pamprosesong tanong.  DALL-E 3. (2024). *Depiction of the 1937 women's suffrage movement in the Philippines* [Gemini AI-generated digital art].	*Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga digital art at AI-generated illustrations (gaya ng Propaganda Movement o Cordillera warriors), nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na "magbasa" at mag-interpreta ng mga biswal na simbolo, ekspresyon, at historikal na detalye na hindi lamang nakadepende sa tekstong nakasulat. Layunin ng mga gawain na paunlarin ang visual at media literacy (Pagbasa ng Imahe) ng mga mag-aaral.* *Sa gawaing pagbuo ng hashtag, ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng pagkakataong paunlarin ang kanilang kakayahan*

	 *Gemini AI. (2026). The Study of the Propaganda: A Scene of Reformist Discussion. [Original illustration generated via XIAOTIME, 18 December 2012)]*  *Gemini. (2026). The guardian of Banaue's ancient rites [Digital artwork]. Google Image Generation.*	*sa synthesizing. Kailangang makuha ng mag-aaral ang pinakadiwa (main idea) ng isang malawak na kilusang panlipunan at isalin ito sa isang maikli, makapangyarihan, at madaling matandaang parirala (e.g., #PlumaHindiEspada). Ito ay modernong anyo ng pagbubuod na angkop sa 21st-century literacy.* *Critical at Historical Literacy: Sa bahagi ng pamprosesong tanong, napipilitan ang mga mag-aaral na iugnay ang salita (hashtag) sa konteksto ng kasaysayan, na nagpapaunlad ng kanilang kakayahang mag-analisa at magpaliwanag sa lohikal na paraan.*

	Opsiyon 2: PANAHON MO 'TO!" MGA ROLE-PLAY CARD • Ang bawat pangkat ay bubunot ng isang sitwasyong card (hal. "Ikaw ay isang babae noong 1900. Anong hamon ang kinakaharap mo?" • Bawat grupo ay gagawa ng tableau batay sa sitwasyong nabunot ng pangkat. • Pagkatapos ng gawain, padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong. **Pamprosesong Tanong:** 1. Ano-ano ang inyong nararamdaman sa mga sitwasyong nabunot ng inyong grupo? 2. Naging madali ba ang paggawa ng naiatas na gawain? Ipaliwanag 3. Sa inyong palagay, batay sa gawain, ano ang paksang tatalakayin ng ating klase sa linggong ito? ***Preview Day 1: (Paunang Pagtingin sa Unang Araw na Aralin)*** *Mula sa gawaing ating natapos, naging mas maliwanag sa atin ang mga naging pakikibaka ng iba't ibang kilusang panlipunan sa iba't ibang panahon sa ating kasaysayan. Simulan nating palalimin ang inyong kaalaman sa paksa sa pamamagitan ng mga gawaing inihanda sa bahaging ito.* ***C. Closure (Pampinid na Gawain)*** **Exit Ticket**: Itanong: Ano ang isang mahalagang kaalamang iyong natutuhan sa paunang gawain na makakatulong sa pag-unawa sa paksang tatalakayin?	

<table>
<tr>
<td>B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman</td>
<td>
IKALAWANG ARAW

1. Paglalahad ng Halimbawa
A. Recap of Day 1 (Balik-tanaw sa Unang Araw na aralin)
Ngayon, naunawaan mo na ang mga mahahalagang kaganapan na may kaugnayan sa iba’t ibang anyo ng pakikibaka laban sa mga dayuhan tungo sa pagsulong ng kamalayang Pilipino. Suriin naman natin ang mga bunga ng mga kilusang panlipunan sa pagbabagong pang-ekonomiya, panlipunan at pampulitika noong panahon ng kolonyalismo sa Pilipinas.Upang mataya ang paunang kaalaman ng mga mag-aaral sa paksang tatalakayin, gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa mga gawain.

Opsiyon 1: K-W-L-S CHART
Magbibigay ang guro ng kopya ng K-W-L-S Chart sa mga mag-aaral. Atasan ang mga mag-aaral na punan ang una at ikalawang kolum ng K-W-L-S chart upang mataya ang mga paunang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa paksang tatalakayin. Padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong.
<table>
<tr><th>Know</th><th>Want to Know</th><th>Learned</th><th>So What?</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
Opsiyon 2: ANTICIPATION/ REACTION GUIDE
• Ang guro ay maghahanda ng isang “Anticipation/Reaction Guide” na tsart. Naglalaman ito ng mga pahayag na may kaugnayan sa paksang tatalakayin.
• Aatasan ng guro ang mga mag-aaral na basahin at unawain ang bawat pahayag. Matapos nito ay aatasan ang mga mag-aaral na lagyan ng tsek (✓) ang tamang kolum kung sila ay sang-ayon o hindi sang-ayon sa pahayag. Sa bahaging ito ng aralin, ang sasagutin lamang ng mga mag-aaral ay ang kolum na “Bago ang Aralin”. ●
• Padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong.
</td>
<td>
Pipili ang guro ng isang Pipili ang guro ng isang gawain mula sa dalawang opsiyon. Matapos maisagawa ang napiling opsiyon, magbabahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang natapos na gawain sa klase. Bibigyang diin ng gawaing ito ang paglilipat ng kasanayan para sa iba’t ibang konteksto.

Ang bahaging ito ay parehong relevant at reflective. Sa pamamagitan ng gawain, ang mga mag aaral ay mabibigyan ng pagkakataon na magkaroon ng repleksyon na nakatuon sa kung paano nila mailalapat ang mga mahahalagang konseptong natutunan sa praktikal na aspeto ng buhay bilang bahagi ng lipunang Pilipino.
</td>
</tr>
</table>

	Bago ang Aralin		Pahayag	Bago ang Aralin			
	Sang-ayon	**Hindi Sang-ayon**		**Sang-ayon**	**Hindi Sang-ayon**		
			1. Malaki ang ginampanang papel ng mga kilusang panlipunan katulad ng kilusang agraryo, kilusang suffragist, Propaganda, Katipunan at gerilya sa pagsulong ng kamalayang Pilipino.				
			2. Ang suffragist movement sa Pilipinas ay hindi lamang laban para sa karapatang bumoto, kundi isang makasaysayang pagpapatunay na ang kababaihan ay may kakayahan at karapatang makibahagi sa paghubog ng bayan. Isa itong paalala na ang tunay na				

			demokrasya ay nakasalalay sa pagkilala sa pantay na karapatan ng lahat ng mamamayan— anuman ang kanilang kasarian.				
			3. Dahil sa pagkakahiwalay ng mga Igorot sa kabundukan, hindi sila naging bahagi ng anumang makabuluhang pakikibaka laban sa mga Amerikano o Hapones, at pinili na lamang nilang manahimik at makiisa sa mga bagong pamahalaan.				
			4. Dahil sa mga sinulat ng mga propagandista, napilitan ang pamahalaang kolonyal na isuko ang kapangyarihan at ipagkaloob ang kalayaan sa mga Pilipino.				

		5. Ang kilusang pang-agraryo ay nagbunga ng mas mataas na kamalayan ng mga magsasaka sa kanilang karapatan sa lupa, na nag-udyok sa mga reporma sa lupa tulad ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), at naging simula ng mas organisadong panawagan para sa makatarungan at pantay-pantay na distribusyon ng lupain sa Pilipinas.		

Pamprosesong Tanong:

1. Nahirapan ka ba sa pagsagot kung ikaw ay sang-ayon o hindi sang-ayon sa mga pahayag?
2. Mula sa mga pahayag na tinalakay, ano sa iyong palagay ang magiging paksa ng susunod na aralin?

* *Ipaliliwanag ng guro na babalikan ang gawain na ito sa huling bahagi ng aralin upang mataya ang pagbabago sa pagkaunawa ng mga mag-aaral sa aralin bago at matapos ang talakayan*

2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto

Ang mga kilusang panlipunan sa Pilipinas sa panahon ng pananakop ay may mahalagang papel sa pagbuo ng kamalayang makabayan. Ano nga ba ang mga naging epekto ng bawat kilusang panlipunan sa paghubog ng kamalayang Pilipino? Tuklasin natin ito sa susunod na bahagi.

Opsiyon 1: PILIPINAS NOON at NGAYON

- Nakatala sa chart sa ibaba ang mga paglalarawan ng mga pangyayari ukol sa iba't ibang anyo ng pakikibaka laban sa mga dayuhan tungo sa pagsulong ng kamalayang Pilipino. Tukuyin ang mga pagkakatulad nito sa mga nagaganap sa kasalukuyang panahon sa ating bansa.
- Hatiin ang mga mag-aaral sa apat na grupo at maging handa sa pagpapaliwanag sa harap ng klase. Maaari rin itong maging indibidwal na gawain kung saan isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa kuwaderno.
- Matapos nito ay padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong.

Pilipinas Noon	**Pilipinas Ngayon**
Ang sistemang encomienda ay nagdulot ng pag-abuso sa mga katutubo. (Kilusang Agraryo)	
Pagpapasa ng batas na nagpapahintulot sa mga kababaihan na makibahagi sa mga pambansang halalan noong 1937. (Kilusang Feminista)	

Ang gawaing ito ay perpektong umaayon sa SHS core principle ng contextualization. Hindi lamang kinakabisado ng mga mag-aaral ang kasaysayan (e.g., encomienda, 1937 suffrage); pinipilit silang iugnay ito sa mga isyung panlipunan sa kasalukuyan (tulad ng repormang agraryo ngayon, women empowerment, at mga modernong rebolusyon o halalan). Hinahasa nito ang kanilang critical evaluation at historical empathy.

Ang pagkumpleto sa talahanayan (Noon at Ngayon) ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa konteksto ng binasang historikal na teksto at pag-oorganisa ng sariling kaisipan sa isang sistematikong paraan upang makabuo ng lohikal na paghahambing (comparative analysis).

	Ang ambag ng mga Igorot sa Battle of Pockets ay nagpakita ng kanilang kagalingan sa mga taktikal na operasyon at lihim na pakikidigma. (Kilusang Gerilya)		*Ang pag-interpreta sa mga tema gaya ng Imprenta at Pahayagan o Pagkakapantay-pantay ng Kasarian gamit ang larawan ay nagpapaunlad ng semiotic literacy (kakayahang magbigay-kahulugan sa mga simbolo, kulay, anggulo, at historikal na representasyon sa larawan). Sinasanay din nito ang kanilang oral at argumentative literacy kapag ipinaliwanag na nila ang kaugnayan nito sa paksang tatalakayin.* *Ang mga temang tulad ng "Pagbuo ng Unang Republika" o "Karapatan ng mga Magsasaka" ay may nakapaloob na lohika ng demographics at resource distribution (pamamahagi ng lupa, populasyon, sakop ng teritoryo). Sa pamamagitan ng paggabay ng guro, ang pagbasa sa larawan ay maaaring magbunga ng*
	Mga pamamaraan ng pagpapahayag tulad ng mga sulatin, pahayagan (La Solidaridad), at mga akda (Noli Me Tangere, El Filibusterismo). (Kilusang Propaganda)		
	Noong Abril 1897, si Aguinaldo ay pinili bilang pangulo ng Pamahalaang Rebolusyonaryo ng Pilipinas. (Rebolusyon ni Aguinaldo)		
	Opsiyon 2: SURI- LARAWAN • Magpapakita ang guro ng mga piling larawan na may kaugnayan sa sumusunod na tema. - Pagtutok sa Karapatan ng mga Magsasaka - Pagpapalaganap ng Ideya ng Kalayaan - Pagkakaroon ng Imprenta at Pahayagan - Pagbuo ng Unang Republika ng Pilipinas - Pagpapalaganap ng Pagtanggap sa pagkakapantay-pantay ng kasarian		

	• Tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga kaisipang ipinapahiwatig ng mga larawan at ilalahad nila ang kaugnayan ng mga ito sa paksang tatalakayin. Matapos nito ay padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong. **Pamprosesong Tanong:** 1. Ano-ano ang pagbabagong naidulot ng mga kilusang panlipunan sa kasaysayan ng Pilipinas? 2. Paano nakakaapekto ang mga kilusang panlipunan sa paghubog ng makabayang kamalayan ng mga Pilipino? **C. *Closure: ISANG SALITA, ISANG DIWA*** • Magbibigay ang bawat mag-aaral ng isang salita na sa tingin nila ay sumasagisag sa naging ambag ng mga kilusang panlipunan sa kasaysayan ng Pilipinas (hal. kalayaan, pagkakaisa, karapatan, tapang, pagkakapantay-pantay). • Ipaliliwanag ng mga mag-aaral sa loob ng isa o dalawang pangungusap kung bakit nila napili ang salitang iyon. • Isusulat ng guro ang mga salita sa pisara at mula roon ay bubuo ang mga mag-aaral ng isang pahayag mula sa mga salitang nabanggit.	*pagsusuri kung gaano kalawak ang epekto ng mga kilusang ito (hal. Ilang porsyento ng populasyon ang naapektuhan? Gaano kalawak ang teritoryong ipinaglalaban?)* *Ang gawaing ito ay lumalagpas sa mababang antas ng pag-alala (rote memorization). Sa pamamagitan ng paghahati sa limang kolum (Kilusan, Layunin, Paraan, Resulta, Epekto), ang mga mag-aaral ay sinasanay sa causal analysis (sanhi at bunga) at historical contextualization—mga kasanayang pangkolehiyo at pang-trabaho na binibigyang-diin sa SHS. Ang group discussion ay nagtataguyod din ng peer-to-peer learning at kolaborasyon.*

IKATLONG ARAW

3. Paglinang ng Kabihasaan

A. Recap of Day 2 (Balik-tanaw Ikalawang Araw na Aralin)

Malinaw na ba ngayon sa inyo na ang mga Kilusang Panlipunan sa Pilipinas sa panahon ng pananakop ay may mahalagang papel sa pagbubuo ng kamalayang makabayan, paglaban sa kolonyalismo, at pagtataguyod ng karapatan ng mamamayan. Ito ang ating lilinangin sa yugtong ito.

Opsiyon 1: TALAHANAYAN NG TAGASURI

- Aatasan ng guro ang mga mag-aaral na kumpletuhin ang talahanayan sa ibaba para sa bawat kilusang panlipunan.
- Hahatiin ng guro ang klase sa limang pangkat. Matapos ang talakayang pangkatan at pagbuo ng kanilang output, pangungunahan ng guro ang pagsagot ng mga mag-aaral sa mga pamprosesong tanong.

Kilusan	**Layunin**	**Paraan ng Pagkilos**	**Resulta o Bunga**	**Epekto sa Kamalayang Pilipino**
Kilusang Agraryo				
Kilusang Propaganda				
Katipunan				
Kilusang Suffragists				
Kilusang Gerilya				

Ang talahanayan o matrix ay isang pangunahing kagamitang matematikal para sa pag-uuri ng datos (data organization). Natututunan ng mga mag-aaral ang grid logic (ugnayan ng hilera o row at kolum o column). Bukod dito, ang pagsusuri sa "Resulta" at "Epekto" ay nangangailangan ng pag-unawa sa konsepto ng historical timeline o agwat ng panahon, na isang aspeto ng temporal numeracy.

Ang paggawa ng poster at slogan ay isang anyo ng performance-based task na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na ipakita ang kanilang natutunan sa malikhaing paraan. Ang pagtatalaga ng magkakaibang paksa sa bawat pangkat (mula Kilusang Agraryo hanggang Gerilya) ay nagbibigay-daan sa mas malawak na talakayan at pagbabahagi ng kaalaman kapag ipinakita na ang mga output.

	Opsiyon 2: POSTER- SLOGAN NG PAGBABAGO • Hahatiin sa limang pangkat ang klase na may limang miyembro at Bibigyan ng guro ang bawat pangkat ng isang kilusang panlipunan na sentro ng paggawa nila ng output. Pangkat 1- Kilusang Agrararyo Pangkat 2- Kilusang Propaganda Pangkat 3- Ang Katipunan Pangkat 4- Kilusang Suffragist Pangkat 5- Kilusang Gerilya • Aatasan ng guro ang bawat pangkat na gumawa ng isang poster na may islogan na may tema ukol sa bunga ng isa sa mga kilusang panlipunan sa pagsulong ng kamalayang Pilipino. • Ihahanda ng bawat grupo na maibahagi ang kanilang natapos na poster-slogan sa harap ng klase. • Maaaring hingin ng feedback ang mga mag-aaral sa output ng kanilang mga kaklase. **Pamprosesong Tanong:** 1. Ano-anong kilusang panlipunan ang nabigyan ng tuon ng ating gawain? 2. Sa inyong palagay, ano maaaring maging bunga ng kilusang panlipunan sa pagsulong ng kamalayang Pilipino? 3. Gaano nga ba kahalaga ang mga kilusang panlipunan sa paghubog ng isang bansa?	*Ang gawaing ito ay nagpapaunlad ng visual literacy (paggamit ng simbolo, kulay, at guhit upang magpahatid ng mensahe) at rhetorical literacy sa pamamagitan ng slogan. Ang pagsulat ng slogan ay nangangailangan ng mataas na antas ng pagpili ng mga salita (word choice) upang makabuo ng isang maikli ngunit makapangyarihang pahayag na may tugma at ritmo.* .

	C. Closure: (Paglinang sa Natutunan) ***ISANG PAMANA, ISANG PANATA*** Aatasan ang mga mag-aaral na kumpletuhin ang sumusunod na pahayag. "Sa lahat ng kilusang panlipunang ating natalakay, ang pinakamahalagang aral na aking natutuhan ay _____. Bilang kabataang Pilipino, maipapakita ko ito sa pamamagitan ng _____."	
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	**IKAAPAT NA ARAW** **1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon** **A. Recap of Day 1 (Balik-tanaw sa Ikatlong Araw na aralin)** Ang mga kilusang agraryo, propaganda, Katipunan, suffragist, at gerilya ay nagpapakita na ang pagbabago sa lipunan ay nagmumula sa mga mamamayang may kamalayan at malasakit sa bayan. Ang kanilang mga pakikibaka ay nagbibigay-daan sa pagkakaroon ng mga karapatan, kalayaan, at pagkakakilanlang tinatamasa natin ngayon. Bilang mga kabataang Pilipino, tungkulin nating ipagpatuloy ang kanilang nasimulan sa pamamagitan ng pagiging mapanuri, responsableng mamamayan, at aktibong tagapagtaguyod ng kabutihang panlahat. Sa nakaraang bahagi, inilahad natin na ang mga Kilusang Panlipunan sa Pilipinas sa panahon ng pananakop ay nakatulong sa pagbuo ng kamalayang makabayan, paglaban sa kolonyalismo, at pagtataguyod ng karapatan ng mamamayan. Sa pagkakataong ito, atin namang ilapat ang mga karunungan at kasanayan sa pamamagitan ng mga mungkahing gawaing makapag-aambag sa paglutas ng mga kasalukuyang suliranin na kinakaharap ng bansa.	*Pipili ang guro ng isang gawain mula sa dalawang opsiyon. Matapos maisagawa ang napiling opsiyon, magbabahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang natapos na gawain sa klase. Bibigyang diin ng gawaing ito ang paglilipat ng kasanayan para sa iba't ibang konteksto.*

Opsiyon 1: WORD OF THE DAY

- Bibigyan ng guro ang mga mag-aaral ng puting papel upang isulat ang isang salitang pinaka-tumatak sa kanila hinggil sa mga bunga ng kilusang panlipunan sa paghubog ng kamalayang Pilipino.
- Ipaliliwanag ng mga mag-aaral kung bakit ito ang salitang kanilang napili at ano ang kahalagahan nito sa kanila.

Opsiyon 2: QUOTABLE QUOTE

- Ibabahagi ng guro sa mga mag-aaral ang mga kataga sa ibaba at iuugnay sa paksang patungkol sa mga bunga ng kilusang panlipunan sa paghubog ng kamalayang Pilipino.

> **"Freedom is never voluntarily given by the oppressor; it must be demanded by the oppressed."**
>
> Martin Luther King Jr.

Ang bahaging ito ay parehong relevant at reflective. Sa pamamagitan ng gawain, ang mga mag aaral ay mabibigyan ng pagkakataon na magkaroon ng repleksyon na nakatuon sa kung paano nagkaroon ng pagbabago tungo sa pag-unlad ng kanilang kaalaman bago at matapos talakayin ang aralin.

2. Paglalahat

Mula sa iba't ibang gawaing inyong natapos, napatutunayan natin na ang kolektibong pakikibaka ay may malaking bahagi sa pagsusulong ng kamalayang Pilipino. Ngayon, ay gawin naman ninyo ang pagbubuo at pagninilay sa mga bunga ng kilusang panlipunan sa paghubog ng kamalayang Pilipino.

Opsiyon 1: "K-W-L-S CHART

Know	**W**ant to know	**L**earned	**S**o What?

Pipili ang guro ng isang pagtataya mula sa dalawang opsiyon. Bibigyang diin ng opsyon ang summative na pagtataya na nakatuon sa pag-unawa ng paksang tinalakay. Ang bahaging ito ay relevant at reflective.

	Pamprosesong Tanong: 1. Ano ang mga nailagay mong impormasyon sa ***Learned*** na bahagi ng K-W-L-S chart? 2. Sa bahaging ***So What***, ano ang mga maaaring praktikal na gamit ng iyong natutunan sa paksa? ***Opsiyon 2: ANTICIPATION/ REACTION GUIDE*** Balikan ang kasagutan sa unang bahagi ng Anticipation Guide Chart na naglalaman ng mga sagot ng mga mag-aaral bago ang pagsisimula ng aralin at muling balikan ito bilang pagsusuri sa mga bagong kaalamang nahabi. Padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong. **Pamprosesong Tanong:** 1. Ano ano ang mga naging pagbabago sa iyong naging sagot mula sa "bago ang aralin" na bahagi patungo sa "matapos ang aralin" na bahagi? 2. Bakit ito ang iyong naging repleksiyon mula sa naging pag-unlad ng kaalaman mula sa paksa?	*Binubuo nito ang pangkalahatang kaalaman at kasanayan. Ito din ay halimbawa ng summative assessment.*
V. PAGTATAYA *(Assessing Learnings)*	***Opsiyon 1: Maiksing Pagsusulit*** **A. MULTIPLE CHOICE.** Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang pinakaangkop na sagot. 1. Ano ang isa sa mahahalagang bunga ng Kilusang Propaganda? A. Pagtatatag ng Katipunan B. Pagpapatalsik sa mga prayle C. Mabilis na pagkamit ng kalayaan **D. Pagtaas ng kamalayang nasyonalismo ng mga Pilipino** 2. Ano ang naging epekto ng pagkakatuklas sa Katipunan noong 1896? A. Pag-alis ng mga Amerikano B. Pagkalat ng relihiyong Islam **C. Pagsiklab ng Rebolusyong Pilipino** D. Pagbabalik ng monarkiyang Pilipino	

3. Ano ang pangunahing mensahe ng mga kilusang panlipunan sa kasaysayan ng Pilipinas?
   A. Ang kahalagahan ng pagsunod sa dayuhan
   B. Ang paglimot sa nakaraan at kasaysayan ng bansa
   C. Ang pagkakaisa para sa pagkamit ng katarungan
   D. Ang pagtutol sa edukasyong mula sa mga dayuhan

4. Paano nakaambag ang kilusang agraryo sa ideya ng pagkakapantay-pantay?
   A. Pagpapababa ng buwis sa mayayaman
   B. Pag-alis ng mga prayle at dayuhan sa bansa
   C. Paghiling ng pantay na karapatan sa lupa para sa lahat
   D. Pagturo ng Kastilang wika at iba pang wikang dayuhan

5. Anong aspeto ng pagkakakilanlan ng Pilipino ang pinatatag ng mga kilusang panlipunan tulad ng kilusang agraryo, propaganda, at himagsikan?
   A. **Damdaming Makabayan** B. Kultura ng kanluran C. Lahi D. Relihiyon

B. TAMA o MALI. Basahin nang mabuti ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek (✓) ang kahon ng TAMA kung sang-ayon ka sa pahayag at ekis (✗) kung MALI. Gamitin ang espasyong inilaan para sa iyong sagot.

_____1. Ang pagkabigo ng mga reporma ay nagtulak sa mga Pilipino na itaguyod ang rebolusyon at himagsikan. **TAMA**

_____2. Makamit ang ganap na kalayaan ng Pilipinas mula sa Espanya ang layunin ng Kilusang Agraryo. **MALI**

_____3. Maituturing na direkta at radikal na tugon sa mga repormang hindi ipinagkaloob ng mga Kastila ang pagkakatatag ng Katipunan. **TAMA**

_____4. Isa sa mga bunga ng mga kilusang panlipunan ay ang pagkakaroon ng ideya ng nasyonalismo o makabayang kamalayan. **TAMA**

_____5. Ang kilusang Propaganda ay nagtagumpay sa pagkamit ng mga reporma mula sa pamahalaang Kastila. **MALI**

	Opsiyon 2: COLLAGE NG PILIPINAS 2045 • Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa apat na grupo at magpapakita ng isang malikhaing paraan ng kanilang pananaw at inaasahang kalagayan ng Pilipinas sa taong 2045 gamit ang collage. • Pag-isipan kung ano ang mga inaasahang anyo ng Pilipinas sa 2045. Maaaring tungkol ito sa teknolohiya, edukasyon, kalikasan, lipunan, kabuhayan, o iba pa. • Maghanap ng mga larawan mula sa lumang magasin, diyaryo, brochures, o maaari ring gumamit ng printed na larawan mula sa internet (kung pinahihintulutan). Ihanda rin ang iba pang materyales tulad ng gunting, pandikit, colored paper, at kartolina. • Bibigyan ng pagkakataon na makapagbahagi ang mga mag-aaral sa klase.
VI. KARAGDAGANG GAWAIN / INTERBENSYON	***Option 1: TIMELINE INFOGRAPHIC CREATION*** • Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang *infographic timeline* na nagpapakita ng mga mahahalagang pangyayari sa kilusang agraryo, propaganda, at himagsikan, pati na rin ang epekto ng bawat kilusan sa pag-unlad ng kamalayang Pilipino. • Lalagyan ng mag-aaral ng maikling paliwanag sa bawat yugto kung paano ito nakaambag sa pagkamulat ng kamalayang Pilipino sa kanilang karapatan at pagkakakilanlan bilang bansa. ***Option 2: "ADVOCACY JINGLE*** Ang guro ay magtatalaga sa mga mag-aaral na lumikha ng isang *advocacy jingle* ukol sa mga mungkahing solusyon sa paglutas ng sumusunod na isyung panlipunan ng Pilipinas. A. problemang pang-agrikultura B. pagkakaisa at pagtutulungan C. pagkakapantay-pantay ng kasarian D. mabuting pamamahala (good governance) Gumamit ng mga lirikong gumagamit ng makabayan at makabuluhang mga salita. Bibigyan ng pagkakataon na maitanghal ng mga mag-aaral ang kanilang advocacy jingle sa klase.

VII. PAGNINILAY *(Feedback and Continuous Improvement)*	*Matapos isagawa ang apat na araw na aralin, napansin ko na ang mga mag-aaral ay* _____ _____ *Ang kanilang mga pangunahing natutuhan ay kinabibilangan ng* _____ _____*, habang ang mga pangunahing naging hamon sa pagtuturo ay* _____ *Upang mapabuti ang pagtuturo, gumawa ako ng pag-aangkop sa pamamagitan ng* _____ _____*, na nakatulong upang mapahusay ang pakikilahok at pag-unawa ng mga mag-aaral.* *Sa susunod na ituturo ko ang araling ito, ito ang aking* _____ _____ _____
VIII. DEKLARASYON SA PAGGAMIT NG AI	Sa paghahanda ng rebisyong *Lesson Exemplar* na ito, gumamit ang may-akda ng, *Gemini AI* at *Perplexity AI* upang mahusay na maisama at mapagsama-sama ang mga komplikado at multidisiplinaryong impormasyon, at makatulong sa pagdisenyo ng mga materyales na madaling maunawaan, kawili-wili, at nagsasama ng iba't ibang pananaw tungo sa praktikal na aplikasyon. Gumamit din ang may-akda ng mga kagamitang ito upang makabuo ng mga mungkahing larawan at ilustrasyon para sa paggamit sa silid-aralan. Sinuri at pininal na ng may-akda ang pagsulat ng nilalaman. Buong pananagutan ng may-akda ang nilalaman ng *Lesson Exemplar* na ito.

Pamagat / Paksa ng Aralin	Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikipag-angkop sa Panahon ng Pagsasarili	**Modelong Banghay-Aralin**	4

I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
A. Pamantayang Pangnilalaman	• Naipamamalas ang masusing pang-unawa sa iba't ibang anyo ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong ng kamalayang Pilipino.
B. Pamantayan sa Pagganap	• Nakapagpapahayag ng paninindigan (hal. posisyong papel, presentation, pahayag adbokasiya) na nagsusuri sa karanasan ng mga Pilipino sa pakikibaka laban sa iba't-ibang anyo ng opresyon.
C. Mga Kasanayang Pagkatuto	• Nasusuri ang kolektibong karanasan ng pakikiangkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang piling kaso (cases).
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO *(Pagpili ng mga Materyal)*	• Chua, M.C. B., Kasaysayan ng Pilipinas 2, Ang Bayan Mula sa Pagkabansang Republika Hanggang Kapangyarihang Bayan, Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman • Matsuzawa, Mikas 31 Years of Amnesia, 2017 newslab.philstar.com • Philippine Journal of Public Administration, Vol. XXXVII, No.2 (April 1993) Colonialism and Elitism in Philippine Political Development: Assessing the Roots of Underdevelopment pssc.org.ph • Cordillera People's Democratic Front, National Democratic Front of the Philippines, Kabataang Makabayan – Demokratiko a Tignayan kadagiti Agtutubo iti Kordilyera (KM-DATAKO), , September 23, 2020 philippinerevolution.nu • Human Rights Violations' Victims Memorial Commission, Jose (7 Points – Torture), September 21, 2022 https://hrvvmc.gov.ph/jose/ • Bamboo. Tatsulok. YouTube video, 5:13. Posted by "Star Music," August 25, 2014. https://www.youtube.com/watch?v=CPj8pcUwOts. • Gloc-9. Upuan. YouTube video, 5:42. Posted by "GLOC-9," June 17, 2011. https://www.youtube.com/watch?v=HBpIVKyRoOg.

III. NILALAMAN *(Pagsasaayos ng Nilalaman)*	C. **Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikipag-angkop sa Panahon ng Pagsasarili:** C.1 Local Elitism C.1.a Kahulugan at Katuturan C.1.b Dinamiko ng Pamilya, Estado at Kapangyarihan C.1.c Dinastiyang Politikal at Local Elitism C.2. Diktadurya C.2.a Ang Diktadura sa Konteksto at Kamalayang Pilipino C.2.b Ang Karapatang Pantao sa Panahon ng Diktadurya	
IV. TUNGUHIN *(Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin at Pagsusuri ng mga Gawain)*	*Unpacked Learning Competency* ***Matapos ang aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:*** *1.* Nakapagpaliwanag sa konsepto ng *Local Elitism* *2.* Nakapaghahambing sa pagkakatulad at pagkakaiba ng Dinastiyang Politikal at *Local Elitism* *3.* Nakapagtalakay sa Karapatang Pantao sa Panahon ng Diktadurya *4.* Nakakaunawa sa diktadurya at konteksto ng kamalayang Pilipino *5.* Napaglalahad sa paninindigan ukol sa mga karanasan ng pakiki-angkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang mga piling kaso.	
V. PAMAMARAAN (Marapat na may 2-3 gawain sa bawat bahagi)		**TALA SA GURO** *(Panuto sa guro kung paano isasakatuparan ang mga gawain.)*

A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	**UNANG ARAW** **1. Paghango sa Dating Kaalaman** Magandang araw! Ngayon ay ating tutuklasin kung sino ang may kontrol sa kapangyarihan, yaman, ekonomiya, at pamahalaan sa ating lipunan. Alamin natin, kung paano ito nakakaapekto sa ating pamumuhay. Simulan natin ang ating aralin sa pamamagitan ng makikita ninyong pamamaraan tulad ng; (Ihanda ang gagamiting pamamaraan o aktibidad na iyong gagawin bilang guro) ***OPSIYON 1: "EOEQ" (Emotion Open Ended Question)*** Ang guro ay magbibigay ng Open Ended Question na pupunan ng mga mag-aaral batay sa natutuhan nilang aralin sa nakaraang linggo,dugtungan ang sumusunod na parirala. • Masaya ako dahil____ • Nalungkot ako sapagkat_____ • Natakot ako dahil _____ • Hindi ako makapaniwala sapagkat ___ • Umaasa ako na magiging ____ **Pamproseong Tanong:** 1. Sa mga nabanggit na emosyon, alin ang nagbigay sa iyo ng malalim na pag-unawa sa nakaraang aralin? 2. Paano mo maiuugnay ang emosyon mong ito sa mga isyu ng kapangyarihan, yaman, at pamahalaan sa kasalukuyan?	**Ang Day 1 ay gagamitin sa Week 1 at Week 2.** **Sa Week 1, pumili ng isa sa tatlong opsiyon para sa activation ng dating kaalaman.** **Sa Week 2, pumili muli ng isa sa tatlong opsiyon ngunit ibang activity naman ang gamitin (hal. Week 1 – Tukoy Sitwasyon, Week 2 – Simbolo ng Nakaraan).** *Matapos maipagawa ang isang gawain sa mga mga mag-aaral, sasagutin ang pamprosesong tanong. Maaaring indibidwal na pagsagot sa sagutang papel muna at matapos ito ay humingi ng ilang kasagutan sa mga piling mag-aaral.* ***Bibigyang pokus ang mga kaganapan sa nakaraang aralin at ang koneksyon nito sa susunod na aralin.*** *(Ang mga sangkap ng IDF na ating makikita sa bahaging ito ay* ***reflective.*** *Reflective sapagkat nakatuon ang gawain sa pagiging kritikal mula sa mga kaugnay na karanasan tungo sa pagsusulong ng kamalayang Pilipino mula sa mga kilusang panlipunan tulad ng kilusang agraryo, propaganda, at himagsikan. Formative assessment din ang mga Pamprosesong Tanong upang matantiya ng guro ang lawak at lalim ng pang unawa ng mga mag-aaral sa konsepto ng pagsusulong ng*

		kamalayang Pilipino mula sa mga kilusang panlipunan tulad ng kilusang agraryo, propaganda, at himagsikan. Ito ay ideational sapagkat binibigyang diin nito ang mga bagay o katangian na nakikita at nararanasan ng mga mag aaral (context) upang magbigay kahulugan sa konsepto ng pagsusulong ng kamalayang Pilipino mula sa mga kilusang panlipunan tulad ng kilusang agraryo, propaganda, at himagsikan. Ito ay nasa bahaging evaluate).

	OPSIYON 2: "TUKOY SITWASYON" Ang guro ay magbibigay ng mga sitwasyon na tinalakay sa nakaraang aralin. Tutukuyin ng mga mag-aaral kung anong uri ng sitwasyon ang naganap: **Sitwasyon 1:** Sa ilalim ng kolonyal na pamamahala, ang mga kababaihan ay hindi binibigyan ng pantay na karapatang pampolitika gaya ng kalalakihan. Kaya sa panahon ng Amerikano lumitaw ang grupo ng mga kababaihan na ipinaglaban ang kanilang sibil at politikal. **Sitwasyon 2:** Sa panahon ng Hapon may mga Pilipinong armadong mandirigma na lumaban sa mga Hapon gamit ang maliliit ngunit mabilis na pag-atake, espionage at sabotahe upang mapahina ang kapangyarihan ng mananakop na Hapon. **Sitwasyon 3:** Isang binatang Pilipino na nagtapos ng bachillerato (High School) sa Maynila ang gustong mag-aral ng abogasya sa Unibersidad ng Santo Tomas ngunit, dahil siya ay Pilipino at hindi Kastila, siya ay hindi pinayagang makapasok sa mga kurso ng batas at medisina maliban kung may pahintulot ng mga prayle. **Pamprosesong Tanong:** 1. Kung ikaw ang nasa sitwasyon, anong hakbang ang iyong gagawin upang ipaglaban ang iyong karapatan? 2. Ano ang masasabi mo sa naging tugon ng mga Pilipino—ito ba ay epektibo o may ibang mas mabuting paraan? 3. Sa kasalukuyan, anong isyu sa lipunan ang maihahalintulad mo rito, at paano dapat ito harapin?	

	OPSIYON 3: "SIMBOLO NG NAKARAAN" Ang guro ay magpapakita ng iba't ibang simbolo na may kinalaman sa nakaraang aralin. Babanggitin ng mga mag-aaral kung ano ang pangyayari o kaganapan na tinalakay na sumasalalim sa bawat simbolo. 1. Balota 2. Bayoneta 3. Bukid 4. Pluma at Panulat 5. Itak at Dugo **Pamprosesong Tanong:** 1. Anong kaganapan sa kasaysayan ang sumasalamin sa bawat simbolong iyong nakita? 2. Ano ang iyong naging batayan sa pagtukoy ng kahulugan ng simbolo? 3. Paano mo maiuugnay ang kahulugan ng mga simbolong ito sa mga isyu sa lipunan ngayon? **2. Paglalahad ng Layunin** Natukoy natin ang mga kilusang panlipunang nagbago sa kasaysayan ng Pilipinas. Ngayon, susuriin natin ang mga hamon ng kasalukuyan—elitismo, dinastiyang politikal, at diktadurya—at ang epekto nito sa buhay ng mga Pilipino, pati na rin ang ating papel bilang responsableng mamamayan. ***OPSIYON 1: "AWIT-SURI "*** • Ang guro ay maghahanda isang audio visual presentation may kaugnayan sa konsepto ng Elitism at Political Dynasty https://www.youtube.com/watch?v=CPj8pcUwOts- Tatsulok-Bamboo https://www.youtube.com/watch?v=HBpIVKyRoOg Upuan- Gloc 9	*Pipili ang guro ng isang gawain mula sa dalawang opsiyon. Matapos maipagawa ang isang gawain sa mga mga mag-aaral, sasagutin ang pamprosesong tanong. Maaaring indibidwal na pagsagot sa kuwaderno muna at matapos ito ay humingi ng ilang kasagutan sa mga piling mag-aaral.* ***Bibigyang diin ng guro ang kahulugan at katuturan ng local elitism, dinastiyang political at diktaduryal.*** *Ang mga katangian ng bahaging ito ay* ***responsive*** *at* ***reflective****. Ito ay kumikilala sa iba't ibang katangiang pinagmulan ng mga mag-aaral at binibigyang pansin ang kritikal na kaisipan at metacognition.* ***Maaari na ang Opsiyon 1 ay gagamitin sa Week 1 bilang pagpapakilala ng konsepto ng Local Elitism at Political Dynasty at ang Opsiyon 2 ay gagamitin sa Week 2 bilang reinforcement at mas malalim na talakayan.***

	Pamprosesong Tanong 1. Ano ang mga salita mula sa awitin ang pumukaw ng inyong pansin?Bakit? 2. Ano ang pagkakatulad ng dalawang awitin? 3. Ano anong mga sitwasyon sa kasalukuyan ang sumasalamin sa awitin? 4. Kung ikaw, ay bibigyan ng pagkakataon paano mo gagamitin ang iyong boses upang makatugon sa isyung panlipunan na binanggit sa awitin? ***OPSIYON 2: "KAHULUGAN NG CARICATURE"*** • *Ang guro ay maghahanda ng mga caricature na nagpapakita ng konsepto ng Elitismo, Dinastiyang Politikal at Diktadurya. Magbibigay rin siya ng mga salitang naglalarawan ukol dito tulad ng;* 1. Kapangyarihan 6. Pamana 2. Nepotismo 7. Karapatang Pantao 3. Oligarkiya 8. Kontro 4. Yaman 9. Takot 5. Monopolyo. 10. Panunupil • *Ibibigay ang mga salitang ito sa mga mag-aaral at ididikit ito sa mga konseptong nabanggit at ipapaliwanag ng mga mag-aaral ang mga salitang idinikit sa bawat caricature.*	*Pipili ang guro ng isang gawain mula sa dalawang opsiyon. Matapos maipagawa ang isang gawain sa mga mga mag-aaral, sasagutin ang pamprosesong tanong. Maaaring indibidwal na pagsagot sa sagutang papel at matapos ito ay humingi ng ilang kasagutan sa mga piling mag-aaral.* ***Bibigyang diin ng guro ang pakikiangkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang mga kolektibong karanasan sa mga piling kaso (cases) ng local elitism, dinastiyang politikal, at diktaduryal.*** *Muli ito ay* ***formative assessment. Integrative*** *ito sapagkat tumitingin ito sa pakikiangkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang mga kolektibong karanasan sa mga piling kaso (cases) ng local elitism, dinastiyang politikal, at diktaduryal.*

	Pamprosesong Tanong: 1. Bakit idinikit ang mga salitang ito sa caricature *na napili?* 2. Anong mga salitang nauulit sa paglalarawan ng mga nabanggit na konsepto? 3. Sa inyong palagay alin sa mga ito ang patuloy na umiiral sa kasalukuyang panahon? Bakit? 4. Paano mo maiuugnay ang nakikita mong larawan sa karanasan ng iyong lokal na pamahalaan o komunidad? 5. Anong mensahe ang nais iparating ng artist sa pamamagitan ng caricature? Sang-ayon ka ba? Bakit?	*Ito ay may kaugnayan sa **context** at **connection** sapagkat nakatuon sa kanilang karanasan. Ito ay **explore**, sapagkat ginagalugad sa gawain ang iba't bang kaalaman ukol sa pakikiangkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang mga kolektibong karanasan sa mga piling kaso (cases) ng local elitism, dinastiyang politikal, at diktaduryal*

	PANSARANG GAWAIN **Day 1- Week 1- Exit Reflection** • Sa pagtatapos ng klase, ipapasulat sa bawat mag-aaral sa kanilang kwaderno ang isang pangungusap na naglalarawan ng pinakamahalagang aral na kanilang nakuha mula sa talakayang naisagawa. Pagkatapos, pumili ng 2–3 estudyante upang basahin ang kanilang sagot sa klase. **Day 1-Week 2- Pair Sharing** • Ipares ang mga mag-aaral. Bawat isa ay magbabahagi ng isang insight mula sa aralin ngayong araw. Pagkatapos ng 3 minuto, hilingin sa ilang pares na ibahagi sa klase ang kanilang napag-usapan. **IKALAWANG ARAW** **Balik-Aral** **Day 2- Week 1** Sa simula ng klase, magbigay ng 3 tanong ukol sa nakaraang aralin. Sasagutin ito ng mga mag-aaral nang pasalita. **Day 2- Week 2** Magbigay ng 5 item quiz tungkol sa elitismo at political dynasty **1. Paglalahad ng Halimbawa**. Sa gawaing naisagawa ay nagkakaroon na ng pahapyaw na kaalaman ang mga mag-aaral ukol sa tatalakaying aralin sa buong linggo. Sa pagkakataong ito naman, ay bibigyan na natin ng mukha ang aralin sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahulugan at katangian ng konseptong Local Elitism.	.

	OPSIYON 1: "VIDEO SURI" Sa pagkakataong ito, panonoorin mo ng 2-3 minutong video na nagpapaliwanag ng konsepto ng local elitism at political dynasty. Pagkatapos, ipasagut ang sumusunod na tanong: Why the Same Families Stay in Power | Political Dynasties in the Philippines **Pamprosesong Tanong:** 1. Ano ang pangunahing mensaheng nais ipabatid ng video? 2. Paano ipinakita sa video ang konsepto ng local Elitismo? Ano ang maaaring maging epekto ng local elitism at political dynasty sa pamahalaan at mamamayan? 3. Sang-ayon ka ba sa ipinakitang pananaw sa video? ***OPSIYON 2: SINO ANG NAGHAHARI?" (CLASS BRAINSTORMING AND SYMBOL MATCHING)*** Ipapakita ang mga larawan o pangalan ng kilalang pamilya sa politika (gamit ang flashcards o slides) (hal. Marcos, Duterte, Aquino, Binay, at iba pa.) **Pamprosesong tanong:** 1. Kapag may eleksiyon, sino-sino ang palaging tumatakbo at nananalo sa inyong lugar?" 2. Bakit kaya sila ang palaging nasa puwesto?" 3. Ano kaya ang epekto nito sa mga ordinaryong mamamayan? 2. **Pagtalakay sa Bagong Konsepto** Sa pagkakataong ito ipapaliwanag ang konsepto ng Local Elitism, Paghahambing ng Dinastiyang Politikal sa Local Elitism at Karapatang Pantao sa Panahon ng Diktadurya.	

A. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	***Gawain/Opsiyon1: "SMART ART" at "VENN DIAGRAM"*** Ang mga mag-aaral ay magbibigay ng kahulugan at katangian ng Local Elitism gamit ang Smart Art. Mula dito, ang mga mag-aaral ay bubuo ng Ven Diagram na magpapakita ng pagkakatulad at pagkakaiba ng Local Elitism at Dinastiyang Politikal. **(Ang teksto at template ay makikita sa LAS)** **Pamprosesong Tanong:** 1. Ano ang kahulugan ng Local Elitism? 2. Ano naman ang pagkakaiba ng Local Elitism sa Dinastiyang Politikal? 3. Saan magkakahalintulad ang Local Elitism sa Dinastiyang Politikal? 4. Paano nakaaapekto ang local elitism sa distribusyon ng mga posisyong pampolitika at sa proseso ng pagpapasya sa inyong lugar? Ipaliwanag ang inyong sagot ***GAWAIN 2: PAGBABASA NG ARTIKULO UKOL SA PAKSANG KARAPATANG PANTAO SA PANAHON NG DIKTADURYA: ANG ATING PANAHON:*** Ang Bayan Mula sa Pagkabansang Republika Hanggang Kapangyarihang Bayan1 - Michael Charleston B. Chua (Ang teksto ay makikita sa LAS)	*Ang mga opsiyon ay maaaring gamitin sa Week 1 at Week 2. Pumili lamang ng isang opsiyon na aktibidad para sa bawat linggo.*

	Pamprosesong Tanong: 1. Anong proklamasyon ang inilabas ni dating pangulong Marcos? 2. Ano anong mga datos na nagsasabi na nagkakaroon ng tahasang paglabag sa karapatang pantao noong panahon ng Diktadurya? 3. Paano naman nilabag ang mga Karapatang Pantao noong panahon ng diktadurya? 4. Ano ang naging epekto ng military rule sa karapatang pantao? 5. Sa kasalukuyang panahon nagaganap pa rin ba ang paglabag sa karapatang pantao hanggang sa ngayon?At Bakit ***OPSIYON 2: "ULAT-MULAT!"*** • Hahatiin ng guro ang klase sa apat na grupo at ang bawat grupo ay bubunot ng mga job card na nakapaloob dito ang mga paksang kanilang iuulat sa klase na kunwari sila ay mga news anchor o reporter. Ang bawat grupo ay bibigyan ng tatlong minuto upang mag-ulat. **Unang Grupo:** Konsepto ng Local Elitism **Ikalawang Grupo:** Paghahambing ng Dinastiyang Politikal at Local Elitism **Ikatlong Grupo:** Karapatang Pantao sa panahon ng Diktadurya **Ikaapat na Grupo:** Ang Diktadurya sa Konteksto ng Kamalayang Pilipino. (Tignan ang Rubrics sa pagpupuntos sa Annex 13)	

	Pamprosesong Tanong: 1. Ano ang kahulugan ng Local Elitism? 2. Ano ang pagkakaiba at pagkakapareho ng Political Dynasty at Local Elitism? 3. Ano-ano ang patunay na nagkaroon ng tahasang paglabag sa karapatang pantao noong panahon ng diktadurya? 4. Paano ipinakita ang paglabag sa karapatang pantao noong panahon ng diktadurya? 5. Sa iyong palagay, darating din kaya ang panahon na sa Pilipinas ay mawawala ang ganitong uri ng mga karanasan? Pangatwiranan. ***PANSARANG GAWAIN*** **Week 1, Day 2- Exit Ticket** • Sa pagtatapos ng klase, ipasulat sa maliit na papel ang sagot sa tanong na ;Ano ang pinakamahalagang epekto ng elitismo mula sa tatlong (3) magkakaibang pananaw? -sa ekonomiya, -sa politika, at -sa pakikibaka. • 'Kolektahin at basahin ang ilan bilang pagbubuod. **Week 2- Day 2- Reflective Sharing** ***Opsyon 1:*** Ipasulat sa bawat mag-aaral ang tatlong bagay na natutunan nila sa araw na ito. Pagkatapos, pumili ng 3–4 estudyante upang ibahagi ito. ***Opsyon 2:*** Ipasulat ang tatlong (3) mahahalagang historikal o panlipunang katotohanan na tumatak sa kanila ngayong araw.	*Ang mga nakalistang opsiyon ay maaaring gamitin para sa Week 1 at Week 2. Pumili lamang ng isang opsiyon na aktibidad para sa bawat linggo.*

	IKATLONG ARAW **Balik-Aral** **Week 1, Day 3- Peer Recap** • Sa simula ng klase, pumili ng 2–3 estudyante. Hilingin sa kanila na magbigay ng maikling buod (2–3 pangungusap) ng mga tinalakay noong nakaraang araw. Ang guro ay magdaragdag ng follow-up questions upang masigurong tama at kumpleto ang recap. **Week 2- Day 3- Concept Map** • Hatiin ang klase sa maliliit na grupo (3–5 miyembro bawat isa). Bigyan sila ng manila paper o board. Ipagawa ang concept map na naglalarawan ng mga pangunahing ideya mula sa Week 1 (Local Elitism, Political Dynasty, Karapatang Pantao, Diktadurya). Pagkatapos ng 3 minuto, ipapakita ng bawat grupo ang kanilang concept map at ipapaliwanag ang ugnayan ng mga konsepto. **1. Paglinang sa Kabihasaan** Sa pagkakataong ito ay malinaw na sa mga mag-aaral ang mga konsepto ng Local Elitism, pagkakaiba at pagkakapareho ng Political Dynasty sa Local Elitism, estado ng karapatang pantao sa panahon ng Diktadurya at ang konteksto nito sa kamalayang Pilipino. Ngayon naman, ay susuriin natin kung paano makikiangkop sa kasalukuyang panahon ang mga mag-aaral sa karanasan ng local elitism, political dynasty, at karapatang pantao sa panahon ng diktadurya.	

	Gawain 3-OPSIYON 1: "KAPAG MAY KATWIRAN, IPAGLABAN MO" (Ang teksto ng bawat kaso ay mababasa sa LAS) **Panuto:** 1. Hatiin ang klase sa apat na grupo. 2. Bawat grupo ay bubunot ng isang job card na naglalaman ng kaso. 3. Bibigyan sila ng 5–7 minuto upang basahin, pag-usapan, at sagutin ang mga pamprosesong tanong. 4. Magkakaroon ng 2–3 minutong presentasyon bawat grupo. 5. Ang guro ay magsisilbing facilitator ng talakayan at magbibigay ng dagdag na kaalaman o paglilinaw kung kinakailangan. **Unang Kaso:** Elitismo sa edukasyon; hindi pantay na access sa oportunidad batay sa kalagayang panlipunan. **Pamprosesong Tanong:** 1. Paano mo mababalanse ang pagkilala sa kakayahan ng iilan at ang pagkakapantay-pantay ng oportunidad para sa lahat? 2. Paano magiging patas ang sistemang edukasyonal sa isang lipunang stratified? 3. Nagiging instrumento ba ng elitismo ang edukasyon kung ito ay mas naaabot lamang ng iilang may innate na advantage at privilege? Pangatwiranan 4. Sa kabila ng layunin ng nasabing paaralan na	*Sa bahaging ito ay bibigyan ng guro ng pagkakataon ang mga mag-aaral na suriin ang artikulo o teksto gamit ang pinagsamang **critical thinking** at **collaboration** ng mga mag-aaral. Ito ay explore na kung saan tutuklasin ng mga mag-aaral ang konsepto ng pakikiangkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang mga kolektibong karanasan sa mga piling kaso (cases) ng local elitism, dinastiyang politikal, at diktaduryal.* *Ito ay **inclusive, ideational** at **integrative**. Makikita sa pamprosesong tanong na kumikilala ito sa iba't ibang konteksto, pag-unawa sa kaisipan at pangkalahatang pagtingin sa konsepto ng pakikiangkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang mga kolektibong karanasan sa mga piling kaso (cases) ng local elitism, dinastiyang politikal, at diktaduryal.* *Ito ay nakatuon din sa **context** at **connection**. Makikita rin sa bahaging ito ang **emphatize**, kung saan naiuugnay ng mag-aaral sa talakayan ang konsepto ng pakikiangkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang mga kolektibong karanasan*

	palaguin ang talento ng kabataan, naisasantabi ba nito ang masa o ordinaryong Pilipino? Pangatwiranan **Pangalawang Kaso:** Ang Pamahalaang Walang Pagsuway **Pamprosesong Tanong:** 1. Anong epekto ng isang pamahalaang walang puwang sa dissent o kritisismo? 2. Paano pinapahina ng ganitong sistema ang demokrasya? 3. Maituturing bang epektibo ang isang lider kung ang kaayusan ay nakamit sa kapinsalaan ng kalayaan ng mamamayan?Kailan nagiging diktadurya ang isang pamahalaang tila "masipag" at "disiplinado"? **Ikatlong Kaso:** Ang Nawalang Aktibista – Ang Karanasan ni Ernesto **Pamprosesong Tanong:** 1. Sa ngalan ba ng kaayusan at seguridad, katanggap-tanggap bang ipagsawalang-bahala ang mga karapatang pantao? 2. Ano ang mga epekto sa kasalukuyan ng mga paglabag sa karapatang pantao noong Batas Militar? **Ikaapat na Kaso:** Ang Pamilya De la Cruz – Kapangyarihang Walang Hanggan? **Pamprosesong Tanong:** 1. Sa anong paraan nakakaapekto ang political dynasty sa pamamahala at demokrasya? 2. Dapat bang ipagbawal ng Saligang Batas ang	*sa mga piling kaso (cases) ng local elitism, dinastiyang politikal, at diktaduryal.* *Ito ay pinagsama-samang* ***responsive, relevant at reflective*** *na nakatuon sa kanilang paniniwala, karanasan at pagpapahalaga. Ito ay konektado sa tunay na buhay ng mga mag-aaral na nakaugat sa realidad at lokal nitong kalagayan.*

	political dynasty? Bakit **Oo** o bakit **Hindi**? 3. Ano ang maaaring alternatibo upang masigurong patas ang representasyon sa pamahalaan? (*Tingnan ang Rubrics sa pagpupuntos sa Annex 14)* **OPSIYON 2: MGA PAKSA NG DEBATE SA KONTEKSTONG PILIPINO ELITISMO AT LIPUNAN** Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa dalawang grupo. Bubunot ng job card na naglalaman ng paksang pagdedebatehan. Mula sa paksang nabunot, magbabato-pick ang dalawang grupo. Ang mananalo ay maaring pumili o magpasya kung anong panig ang nais niyang gamitin. Ang Pro Side or Anti-Side. Bibigyan ng oras ang mga mag-aaral para mabigyan ng pagkakataon na maidepensa ang kanilang hanay. **1. Elitismo at Lipunan:** "Ang elitismo ay hadlang sa tunay na demokrasya sa Pilipinas." "Ang mga elitista ay may tungkuling moral na nanguguna sa reporma ng bansa." **2. Batas Militar at Karapatang Pantao** "Ang deklarasyon ng Batas Militar noong 1972 ay makatarungan at kinakailangan." "Ang epekto ng Batas Militar ay higit na nakasama kaysa nakakabuti sa Pilipinas." **3. Political Dynasty** "Ang political dynasty ay dapat ipagbawal sa Pilipinas." "Ang political dynasty ay hindihadla ng sa epektibong pamumuno." *(Tignan ang Rubrics sa pagpupuntos sa Annex 15)*	*Sa puntong ito ay bibigyan ng pagkakataon ng guro na pag-aralan ang mga kasong inihain sa mga mag-aaral, maaaring ito ay indibidwal na gawain o pangpangkat na gawain, ito ay **responsive, relevant**, at **reflective**.* *Ito ay **inclusive, ideational at integrative.** Ito ang nagbibigay ng pagkakataon na mas maging malinaw ang mga konsepto ng pakikiangkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang mga kolektibong karanasan sa mga piling kaso (cases) ng local elitism, dinastiyang politikal, at diktaduryal. Nasusubok nito ang **critical thinking, creativity, collaboration,** at **communication** upang mabisang maipahayag ang ideya ng mag-aaral pasulat man o pasalita.*

D. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	**1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon** Natapos nating malaman ang paninindigan ng mga mag-aaral sa bawat kaso na may kinalaman sa mga paksa ng Local Elitism, Political Dynasty, Karapatang Pantao at Diktadurya, Ngayon naman ay ilapat sa iba't ibang gawain ang natutuhan sa klase. **GAWAIN 4-OPSIYON 1: "ADVOCACY CAMPAIGN"** Pag-unawa sa Karapatang Pantao at Demokrasya Halimbawa: Sa pagtalakay sa diktadura at batas militar, mas naiintindihan ng mag-aaral ang kahalagahan ng kalayaan, karapatang pantao, at checks and balances. Application: Paggawa ng advocacy campaign sa paaralan ukol sa pagsusulong ng karapatang pantao. *(Tignan ang Rubrics sa Annex 16)* **OPSIYON 2: "PAGSASALIKSIK SA KOMUNIDAD"** Kritikal na Pagsusuri sa Kasalukuyang Lipunan Halimbawa: Maaaring gamitin ng mga estudyante ang kaalaman sa political dynasty at elitismo upang masuri kung paano nakakaapekto ang mga ito sa lokal at pambansang eleksiyon. **Aplikasyon**: Gumawa ng community research tungkol sa mga politikong namumuno sa kanilang lugar (Ilang henerasyon na ba silang nanunungkulan?)	*Pipili ang guro ng isang gawain mula sa dalawang opsiyon. Matapos maisagawa ang napiling opsiyon, magbabahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang natapos na gawain sa klase.* ***Bibigyang diin ng gawaing ito ang paglilipat ng kasanayan para sa iba't ibang konteksto.*** *Ang bahaging ito ay parehong* ***relevant*** *at* ***reflective****. Hinahasa ang pagiging malikhain, kritikal at mapanuring pag-iisip.*

PANSARANG GAWAIN

Day 3-Week 1- Minute Paper

- Ipasulat sa bawat mag-aaral ang isang maikling talata (1 minuto lang ang pagsulat) na naglalarawan kung paano nila nakikita ang political dynasty sa kanilang komunidad. Pagkatapos, pumili ng 2–3 estudyante upang ibahagi.

Day 3- Week 2- Group Synthesis Poster

Bumuo ng isang Personal o Pangkatang Action Plan na may pamagat na " Mga Hakbang para sa Mas Matatag na Demokrasya."

Punan ang talahanayan.

Suliranin	Posibleng Epekto sa Lipunan	Aksyon na Aking Gagawin
Political Dynasty		
Elitismo		
Pang-aabuso sa Kapangyarihan		

Pamprosesong Tanong:

1. Bakit mahalagang maging mapanuri sa pagpili ng mga pinuno?
2. Paano makatutulong ang kamalayang pangkasaysayan upang hindi na mauulit ang mga pagkakamali ng nakaraan?

	IKAAPAT NA ARAW **Balik-Aral** **Week 1-Day 4- Keyword Drill** • Sa simula ng klase, magbigay ng 3-5 keywords. Hilingin sa mga mag-aaral na ipaliwanag ang kahulugan ng bawat isa. **Week 2-Day 4- Think–Pair–Share** • Sa simula ng klase, magbibigay ang guro ng isang tanong ukol sa nakaraang linggo (halimbawa: "Ano ang pinakamahalagang epekto ng political dynasty sa karapatang pantao?"). • Think: Bigyan ng 2 minuto ang bawat mag-aaral upang magsulat ng kanilang sagot sa papel. • Pair: Pagkatapos, ipares ang mga mag-aaral. Bawat isa ay magbabahagi ng kanilang sagot sa partner. • Share: Pumili ng 3–4 na pares upang ibahagi ang kanilang napag-usapan sa klase. **2. Paglalahat** Sa loob ng apat na araw ay nasuri ng mga mag-aaral ang kolektibong karanasan ukol sa local elitism, dinastiya, karapatang panto sa panahon ng diktadurya at kung paano sila makakaangkop sa mga hamong nakapaloob dito, nakapagbigay rin sila ng mga paninindigan at prinsipyo batay sa mga kaso ipinirisenta. Sa pagkakataong ito ay gagawa sila ng isang buod tungkol sa kanilang natutunan sa nakalipas na aralin.	*Pipili ang guro ng isang gawain mula sa dalawang opsiyon. Matapos maisagawa ang napiling opsiyon, magbabahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang natapos na gawain sa klase.* ***Bibigyang diin ng gawaing ito ang mga puntos na bumubuo sa paksang tinalakay sa pamamagitan ng repleksyon.*** *Ito ay* ***reflective****. Ipinapakita dito ang kritikal na kaisipan at metacognition sa pagbuo ng gawain at paliwanag ukol dito.*

	OPSIYON 1: "EOEQ" (Emotion Open Ended Question) Ang guro ay magbibigay ng Open Ended Question na pupunan ng mga mag-aaral batay sa natutuhan nilang aralin. • Masaya ako dahil ___ • Nalungkot ako sapagkat _____ • Natakot ako dahil _ • Hindi ako makapaniwala sapagkat _____ • Umaasa ako na magiging _____ • Galit ako sa kadahilanang _____ Dagdag na Gawain sa EOEQ: Pagkatapos nilang sagutin ang mga open-ended prompts, maaaring ipapangkat ang mga mag-aaral upang ikumpara ang kanilang sagot at bumuo ng isang collage o visual map na nagpapakita ng kolektibong damdamin ng klase ukol sa karapatang pantao at elitismo. ***OPSIYON 2: "LIKHAWIT"*** Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa 3 hanggang 4 na grupo. Bawat grupo ay lilikha ng awitin hinggil sa pagsusulong ng karapatang pantao, pagkakapantay-pantay, at pagkakaisa. Bibigyan ng 5-10 minuto na paghahanda para makabuo ng mga linya at himig. Bawat grupo ay bibigyan ng 3 minuto na presentasyon. *(Tignan ang Rubrics sa Annex 17)* **3. Pagtataya** Dadako naman tayo sa pagtataya ng inyong pang-unawa at mga kasanayang inyong nahubog. Pag-isipang mabuti ang pagsusulit na naglalaman ng karununga, asal, at pagkilos ukol sa kultura/kalinangang Pilipino	*Makikita rin sa gawain ang yugto ng* ***emphatize at creativity*** *kung saan nailalagay ng mag-aaral ang kanilang damdamin sa paksa.* *Pipili ang guro ng isang pagtataya mula sa dalawang opsiyon.* ***Bibigyang diin ng opsiyon ang summative na pagtataya na nakatuon sa pag-unawa ng paksang tinalakay.*** *Ang bahaging ito ay* ***relevant*** *at* ***reflective.*** *Binubuo nito ang pangkalahatang kaalaman at kasanayan. Ito rin ay halimbawa ng* ***summative assessment.***

“TAMA O MALI’.

Isulat ang **TAMA** kung wasto ang pahayag at MALI kung hindi wasto.

1. Ang elitismo ay naniniwalang dapat lahat ng tao ay may pantay-pantay na kakayahang mamuno. **M**
2. Sa political dynasty, ang kapangyarihang politikal ay umiikot lamang sa iisang pamilya. **T**
3. Ang diktaduryal na pamahalaan ay nagpapahintulot ng malayang pamamahayag at malayang halalan. **M**
4. Si Ferdinand Marcos Sr. ay nagdeklara ng Batas Militar noong 1972. **T**
5. Sa ilalim ng isang diktadurya, may kalayaan ang mga mamamayan na magpahayag ng saloobin laban sa pamahalaan. **M**

Pagsulat ng Sanaysay

Panuto: Basahin at unawain ang sanaysay.

Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na tanong sa anyo ng isang sanaysay.

Noong panahon ng batas militar sa ilalim ng diktadurang Marcos (1972–1986), umiral ang sistemang awtoritaryan. Naging makapangyarihan ang iilang pamilya sa politika at ekonomiya (political elitism). Marami ang biktima ng paglabag sa karapatang pantao, at pinatahimik ang oposisyon. Sa kabila nito, nagsimulang magkaisa ang mga mamamayan, estudyante, simbahan, at manggagawa sa mga kilos-protesta. Isa sa mga rurok nito ay ang People Power Revolution noong 1986.

Gabay na Tanong:

1. Paano ipinakita ng mga Pilipino ang pakikiangkop at pagkilos sa harap ng diktadurya at elitismo?
2. Ano anong mga anyo ng kolektibong pagkilos ang lumitaw sa panahong ito?

	3. Ano ang aral na maaaring makuha ng kasalukuyang henerasyon mula sa karanasang ito? 4. Sa iyong palagay, paano maiiwasan ang pagbabalik ng ganitong sistema? **4.Karagdagang Gawain** Gumupit o kumuha ng mga artikulo na may kinalaman sa konteksto ng Elitismo, Political Dynasty, at Diktaduryal. Mula sa mga artikulong binasa sasagutin nila ang mga tanong sa ibaba. **Pamprosesong tanong:** 1. Ano ang nilalaman ng artikulo? 2. Bakit ito umiiral noong panahong ito at paano ito nagdulot ng paglabag sa karapatang pantao? Kung ikaw ang nasa sitwasyong ito, anong mga hakbang ang gagawin mo para maisulong ang iyong karapatan?	

V. PAGTATAYA *(Assessing Learnings)*	*Gagamitin ng guro ang **portfolio assessment** kung saan titipunin ng mag-aaral ang kanilang mga natapos na gawain bilang patunay ng kanilang pag-unawa sa paksa at kasanayang nahubog.* **Gawain: MULTIPLE CHOICE** **Panuto:**Basahin at unawain ang sumusunod na mga tanong. Ilagay sa patlang ang tamang sagot. Sagutin ang mga katanungan. Isulat sa patlang ang tamang sagot. _____1. Ano ang pangunahing ideya ng elitismo? A. Lahat ng tao ay may pantay na karapatang mamuno B. Ang kapangyarihan ay dapat ipamahagi sa buong Lipunan C. **Ang iilang makapangyarihang tao ang dapat mamuno** D. Ang mga manggagawa ang dapat mamuno _____2. Ang political dynasty ay umiiral kapag; A. Maraming kandidato ang lumalahok sa halalan **B. Mga miyembro ng iisang pamilya ay paulit-ulit na humahawak ng kapangyarihan** C. Napapalitan ang mga opisyal taon-taon D. Ang mga lider ay galing sa pribadong sektor _____3.Kung ikaw ay bahagi ng Youth Leadership Forum sa inyong paaralan, alin sa sumusunod ang pinakamabisang paraan upang matulungan ang kapwa kabataan na maunawaan ang implikasyon ng political dynasty sa demokratikong proseso? A.Hikayatin silang huwag bumoto sa mga miyembro ng political dynasty anuman ang kanilang plataporma. **B.Magdaos ng open forum kung saan tatalakayin ang mga epekto ng political dynasty batay sa datos at karanasan ng komunidad.** C.Gumawa ng campaign posters na tumutuligsa sa mga pamilyang may posisyon sa gobyerno. D.Iwasan na lamang ang pakikialam sa isyung ito upang hindi makasira ng relasyon sa mga opisyal ng barangay. _____4.Anong anyo ng pamahalaan ang karaniwang kaakibat ng awtoritaryanismo at kawalan ng karapatang pantao? A. Pederalismo **B. Diktaduryal** C. Demokrasya D. Monarkiya

_____5.Ano ang isang halimbawa ng elitistang pananaw sa politika?

A. Pagbibigay ng pantay na oportunidad sa lahat
B. **Paniniwalang ang mas may pinag-aralan at mayaman lang ang dapat mamuno**
C. Paghalal sa mga lider mula sa iba't ibang sektor
D. Pagpapalawak ng karapatang bumoto

_____6.Sino ang dating pangulong nagdeklara ng Batas Militar sa Pilipinas noong 1972?

A. Benigno Aquino Jr.
B. Ferdinand Marcos Sr.
C. Diosdado Macapagal
D. Ramon Magsaysay

_____7.Alin sa sumusunod ang hindi katangian ng isang diktaduryal na pamahalaan?

A. Kalayaan sa pamamahayag B. Paghihigpit sa oposisyon
C. Censorship sa media D. Pag-aresto sa mga kritiko

_____8.Sa ilalim ng Batas Militar, ano ang kadalasang nalilimitahan?

A. Access sa edukasyon **B. Kalayaan sa pamamahayag at pagpoprotesta**
C. Pagkakaroon ng pulisya D. Pagkain ng mamamayan

_____9.Bilang isang responsableng mamamayan, alin sa sumusunod ang pinakamakatuwirang hakbang upang masuri ang epekto ng political dynasty sa demokrasya?

A. Iwasan ang paglahok sa halalan dahil hindi rin naman nagbabago ang resulta.
B. Maglunsad ng petisyon upang awtomatikong ipagbawal ang mga kandidatong may kapamilya sa gobyerno.
C. **Magsagawa ng malalim na pagsusuri sa track record at plataporma ng bawat kandidato, kahit sila ay mula sa iisang pamilya.**
D. Suportahan na lamang ang kilalang pangalan dahil subok na ang kanilang kakayahan sa pamumuno.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>_____10.Bakit itinuturing na banta sa demokrasya ang political dynasty?
A. Dahil napapalitan ang mga lider kada taon
B. Dahil hindi ito sang-ayon sa karapatang pantao
C. Dahil nababawasan ang representasyon ng ibang sektor
D. Dahil ito ay galing sa impluwensya ng midya

Gawain sa Pagganap: Boses ng Bayan: Paglalantad sa Karanasan ng Sambayanan sa Gitna ng Diktadurya at Elitismo"

Layunin: Maipapakita ng mga mag-aaral ang malalim na pag-unawa sa naging kolektibong tugon ng mga Pilipino sa gitna ng diktadurya at political elitism sa pamamagitan ng malikhaing presentasyon batay sa aktuwal na mga karanasan at kasaysayan.

Panuto: Bumuo ng isang creative performance output na nagpapakita kung paano nakibaka o nakibagay ang mga Pilipino sa ilalim ng diktadurya at political elitism mula dekada ‘70 hanggang ‘80s.

Maikling Dula-dulaan (3–5 minuto)
Tema: Buhay ng isang karaniwang Pilipino sa panahon ng diktadurya. Ipakita ang reaksyon at kolektibong pagkilos ng mamamayan (Tignan ang Rubrics sa Annex 18)</td>
</tr>
<tr>
<td>VI.KARAGDAGANG GAWAIN/ INTERBENSYON</td>
<td>Opsyon 1 #HindiNaMaulit Campaign
Gumawa ng maikling social media post, slogan, o hashtag campaign na naghihikayat sa mga mamamayan na maging responsable, mapanuri, at aktibong kalahok sa demokratikong proseso.

Opsyon 2: Basahin ang bawat sitwasyon. Isulat kung ito ay tumutukoy sa Political Dynasty, Elitismo, Diktadurya, o Hindi Kabilang sa Tatlo. Pagkatapos, ipaliwanag sa isang pangungusap ang iyong sagot.

<table>
<tr><th>SITWASYON</th><th>KONSEPTO</th><th>PALIWANAG</th></tr>
<tr><td>Halos lahat ng halal na opisyal sa isang bayan ay magkakamag-anak</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Iisang tao lamang ang nagpapasya sa mahahalagang usapin ng bansa at hindi tumatanggap ng pagtutol</td><td></td><td></td></tr>
</table>
Pamprosesong Tanong:
1. Ano ang pagkakaiba ng political dynasty at elitismo?
2. Bakit mahalagang maunawaaan ang mga konseptong ito bilang mamamayan?</td>
</tr>
</table>

VII. PAGNINILAY (Feedback and Continuous Improvement)	Matapos isagawa ang apat na araw na aralin, napansin ko na ang mga mag-aaral ay _____. Ang kanilang mga pangunahing natutuhan ay kinabibilangan ng _____, habang ang mga pangunahing nagging hamon sa pagtuturo ay _____. Upang mapabuti ang pagtuturo, gumawa ako ng pag-aangkop sa pamamagitan ng _____, na nakatulong upang mapahusay ang pakikilahok at pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa susunod na ituturo ko ang araling ito, aking
VIII. DEKLARASYON SA PAGGAMIT NG AI	Sa paghahanda ng rebisyong Lesson Exemplar na ito, gumamit ang may-akda ng Copilot, AI Gemini, ChatGPT, at Perplexity upang mahusay na maisama at mapagsama-sama ang mga komplikado at multidisiplinaryong impormasyon, at makatulong sa pagdisenyo ng mga materyales na madaling maunawaan, kawili-wili, at nagsasama ng iba't ibang pananaw tungo sa praktikal na aplikasyon. Gumamit din ang may-akda ng mga kagamitang ito upang makabuo ng mga mungkahing larawan at ilustrasyon para sa paggamit sa silid-aralan. Sinuri at pininal na ng may-akda ang pagsulat ng nilalaman. Buong pananagutan ng may-akda ang nilalaman ng Lesson Exemplar na ito.

Pamagat / Paksa ng Aralin	Bunga ng Pakikiangkop ng mga Pilipino sa Hamon ng "Local Elitism" sa pagsulong ng Kamalayang Pilipino	**Modelong Banghay-Aralin**	5

I. LAYUNIN	
A. Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang masusing pag-unawa sa iba't ibang anyo ng pakikibaka bilang salik sa pag-usbong at pagpapatibay ng kamalayang Pilipino
B. Pamantayan sa Pagganap	Nakapagpapahayag ng paninindigan (hal. posisyong papel o pahayag adbokasiya) na nagsusuri sa karanasan ng mga Pilipino laban sa iba't ibang anyo ng opresyon
C. Mga Kasanayang Pampagkatuto	Natataya ang bunga ng pakikiangkop ng mga Pilipino sa pagsulong ng kamalayang Pilipino
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO (*Pagpili ng Materyal)*	• ***ACCLED.*** *The Philippines: Rivalries Between Local Elites Fuel Violence. Special Issue, Violence Targeting Local Officials, June 22, 2023. Accessed May 8, 2025. https://reliefweb.int/report/philippines/philippines-rivalries-between-local-elite-philippines-fuel-violence* • ***Abueva, José Veloso.*** *Ramon Magsaysay: A Political Biography. Manila: Solidaridad Publishing House, 1971.* • ***Aquino, Benigno S., Jr.*** *"Evidence Tortured into Existence." In Testament From A Prison Cell, 88–117. 2nd ed. Makati:Benigno S. Aquino, Jr. Foundation, Inc., 1984, 2000.* • ***Chua, Michael Charleston B.*** *Ang Ating Panahon: Ang Bayan Mula Pagkabansang Republika Hanggang Kapangyarihang Bayan. Manila: De La Salle University-Manila.* • ***Chua, Michael Charleston B.,*** *et al. Interview with Imelda Romualdez Marcos, August 26, 2004. Pacific Plaza, Makati City.* • ***Cmfr Staff.*** *"PCIJ's In-depth Review Maps Political Dynasties' Grip on Power." CMFR, November 18, 2024.* • ***Coronel, Sheila S.,*** *et al. The Rulemakers: How the Wealthy and Well-born Dominate Congress. Quezon City: Philippine Center for Investigative Journalism, 2004.* • ***Cortes, Rosario Mendoza, ed.*** *Philippine Presidents: 100 Years. Quezon City: Philippine Historical Association and New Day Publishers, 1999.* • ***Cruz, Romeo V.*** *"Ang Paggawa ng Tadhana Mula 1980." In Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan, edited by Ma.Bernadette L. Abrera and Dedina A. Lapar, 193–217. Quezon City: Departamento ng Kasaysayan UP, UP Lipunang Pangkasaysayan, and Bahay Saliksikan ng Kasaysayan, 1993.* • ***De Dios, Aurora Javate, et al.****, eds. Dictatorship and Revolution: Roots of People Power. Kalakhang Maynila: Conspectus Foundation, Inc., 1988.* • ***Department of Agrarian Reform.*** *"Land Reform in Philippine History." Accessed May 8, 2025. http://www.dar.gov.ph/darhistory.html.* • ***Ecumenical Institute for Labor Education Research, Inc., and Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon.*** *Sa Ngalan ng Tubo. 2005.*

- ***Fonbuena, Carmela S.*** *"Meet the 'Obese' Political Dynasties of the Philippines." PCIJ.org, January 26, 2025. https://pcij.org/2024/10/25/fat-political-dynasties-philippines-elections/.*
- ***Foundation for Worldwide People Power.*** *Batas Militar: A Documentary on Martial Law in the Philippines. 1997.*
- ***GMA Public Affairs.*** *"Alaala: A Martial Law Special | Full Episode." YouTube video, 1:16:45. Posted September 23, 2017. https://www.youtube.com/watch?v=ULUgKp7EbYg.*
- ***Latoza, Guinevere, and Maujerie Miranda.*** *"5 Ways Philippine Dynasties Are Able to Stay in Power." PCIJ.org, October 28, 2024.*
- ***Latoza, Guinevere, Maujerie Miranda, and Karol Ilagan.*** *"8 in Every 10 District Reps Belong to Dynasties. More Than Half Are Reelectionists in 2025." PCIJ.org, February 18, 2025.*
- ***Lico, Gerard Rey.*** *Edifice Complex: Power, Myth, and Marcos State Architecture. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003.*
- ***Manapat, Ricardo.*** *Some Are Smarter Than Others: The History of Marcos' Crony Capitalism. Nueba York: Altheia Publications, 1991.*
- ***McCoy, Alfred W., ed.*** *The Anarchy of Families: State and Family in the Philippines. Quezon City: Ateneo de Manila University Press in collaboration with the Center for Southeast Asian Studies, University of Wisconsin-Madison, 1994.*
- ***Mijares, Primitivo.*** *"Philippine 'Gulag': A Paralysis of Fear." In The Conjugal Dictatorship of Ferdinand and Imelda Marcos I, 276–324. San Francisco: Union Squares Publications, 1976.*
- ***Marcos, Ferdinand E.*** *"Dream of A Reformed Society." In Dream of a Reformed Society and Other Speeches, 1–6. Manila: National Media Production Center, 1974.*
- ***Marcos, Ferdinand E.*** *Tadhana: The History of the Filipino People, Volume II, Part 1. 1976.* ***Mijares, Primitivo.*** *"Philippine 'Gulag': A Paralysis of Fear." In The Conjugal Dictatorship of Ferdinand and Imelda Marcos I, 276–324. San Francisco: Union Squares Publications, 1976.*
- ***Nepomuceno-Francisco, Mariel, and Maria C. Arriola.*** *The History of the Burgis. Quezon City: GCF Books, 1987.*
- ***Psinakis, Steve.*** *Two Terrorists' Meet, 136–159. Naga: Upperprint Lithographs (Bicol), Inc., 1981.*
- ***Recto, Claro M.*** *"Our Lingering Colonial Complex." In 20 Speeches That Moved a Nation, edited by Manuel Quezon II, 49–54. Pasig: Anvil Publishing, Inc. in collaboration with Platypus Publishing, 2002.*
- ***Salazar, Zeus A.*** *"Ang Historyograpiya ng Tadhana: Isang Malayang Paggunita Panayam."*
- ***Santillan, Neil Martial R.*** *"Liwanag at Dilim sa Dantaon 20: Isang Pagsasakasaysayan at Pagpapakahulugan ng Pagbubuo ng Bansang Pilipinas." Unpublished paper based on the approved framework of the UP Department of History and the revised framework of Kasaysayang Pilipino by Dr. Zeus A. Salazar (2000).*
- ***Sine Patriyotiko.*** *Aklasan!. 2005.*
- ***Tan, Samuel K.*** *"Tadhana: History of the Filipino People." Undated.*
- ***Trofeo, Dik, dir.*** *Kasaysayan ng Lahi. National Media Production Center, 1974 https://drive.google.com/drive/folders/1QPe2cMFRN8Nl1Zn53fW3qljbNm60w8zy?usp=share_link*

III. NILALAMAN *(Pagsasaayos ng Nilalaman)*	**I. Bunga ng Pakikiangkop ng mga Pilipino sa Hamon ng "Local Elitism" sa pagsulong ng Kamalayang Pilipino** II. Bunga ng Pakikiangkop ng mga Pilipino sa Panahon ng Diktadurya sa Pagsulong ng Kamalayang Pilipino III. Kahalagahan ng Kamalayang Pilipino sa pagharap sa mga Hamong Panlipunan
IV. TUNGUHIN *(Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin at Pagsusuri ng mga Gawain)*	***Matapos ang aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:*** 1. Naiisa-isa ang mga bunga ng pakikiangkop ng mga Pilipino sa harap ng lokal na elitismo at diktadurya sa pagsulong ng Kamalayang Pilipino. 2. Nasusuri ang mga bunga ng pakikiangkop ng mga Pilipino sa harap ng lokal na elitismo at diktadurya sa pagsulong ng kamalayang Pilipino. 3. Nakatataya sa bunga ng pakikiangkop ng mga Pilipino sa mga hamong dulot ng lokal na elitismo at diktadurya sa pagsulong ng Kamalayang Pilipino.
IV. PAMAMARAAN	**TALA SA GURO** *(Panuto sa guro kung paano isasakatuparan ang mga gawain.)*


A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	**UNANG ARAW** **Paghango sa Dating Kaalaman** *Magandang araw! Alam ninyo ba kung ano ang tawag sa ginagawa natin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay? Ito ang ating tutuklasin ngayon sa ating paksa. Sisimulan ang araw sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na gawain. Pipili ang guro ng OPSIYON 1 (Flash-Talk) o OPSIYON 2 (4-Pics in a Frame) batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral.* ***OPSIYON 1: "FLASH-TALK"*** • *Ang guro ay maghahanda ng "flashcards" na naglalaman ng mga konseptong tinalakay sa nakaraang aralin. Ang mga konseptong ito ay ang lokal na elitismo, dinastiyang politikal, diktadurya, at karapatang pantao.* • *Ipaliliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang pananaw ukol sa mga konseptong ibinigay ng guro.* Lokal na Elitismo Dinastiyang Politikal Diktadura Karapatang Pantao ***Pamprosesong Tanong:*** *Paano tumugon o nakibagay ang mga Pilipino sa mga hamong dulot ng diktadurya at elitismo?* ***OPSIYON 2: "4-PICS IN A FRAME"*** • *Bubuoin ng guro ang klase sa apat na pangkat. Ipasusuri sa bawat pangkat ang mga larawan na nagpapakita ng mga scenario o sitwasyon sa lipunan tungkol sa pag-iral at bunga ng dinastiyang politikal at paglaganap ng diktadurya sa lipunang Pilipino. Bibigyan ang bawat pangkat ng tiglimang minuto (5) upang makapagbigay ng maikling pagsusuri sa bawat sitwasyon na makikita sa bawat larawan.*   	*Please refer to the link provided for the complete set of rubrics https://drive.google.com/drive/folders/1QPe2cMFRN8Nl1Zn53fW3qljbNm60w8zy?usp=share_link* *Ito ay gagawin sa Unang Araw ng Ikawalong Linggo. Pipili ang guro ng isang Gawain mula sa dalawang OPSIYON. Matapos maipagawa ang isang gawain sa mga mga mag-aaral, sasagutin ang pamprosesong tanong. Maaring indibidwal na pagsagot o kaya naman ay pangkatang gawain. Sa gawaing ito, ihahanda ang mga mag-aaral sa susunod na paksa sa pamamagitan ng pagtukoy sa inisyal na kaalaman ng mag-aaral sa mga konsepto tulad ng Diktadura, Dinastiyang Politikal, Karapatang Pantao. Lokal na Elitismo. Ang mga sangkap ng IDF na ating makikita sa bahaging ito ay Reflective,sapagkat nakatuon ang gawain sa pagiging kritikal ng mag-aaral ukol sa mga paksang kanyang natutunan sa nakaraang talakayan.Makikita ito kung matagumpay niyang naipaliwanag ang mga konseptoat naiugnay sa sariling karanasan at kamalayan. Ang Pamprosesong Tanong ay lubosna makapagpapalalim upang mataya ang lalim ng kaalaman ng mag-aaral sa nakaraang paksa.Ito ay ideational sapagkat nakabubuo ang mag-aaral ngsariling ideya ukol sa kahulugan ng konsepto na may kaugnayan sa disnasiyang pulitikal at diktadura sa pamamagitan ng pakikipagpalihan sa kapwa mag-aaral. Mabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mas palalimin pa ang pag- unawa sa mga dating natutunan o narinig na konsepto, mailabas ang paunang pang-unawa ng mga mag-aaral batay sa sariling karanasan o obserbasyon, at mailalapat ang konsepto sa tunay na mga pangyayari sa lipunan.*

		Sa option 1 at 2 malinaw na mayroong integrasyon ng literacy sapagkat parehong hinihikayat ang mag-aaral na umunawa, magsuri, magpaliwanag, at magpahayag ng sariling pananaw tungkol sa mahahalagang konseptong panlipunan tulad ng lokal na elitismo, dinastiyang politikal, diktadura, at karapatang pantao. Sa "Flash-Talk," nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pasalitang pagpapahayag at pagbibigay-kahulugan sa mga konsepto, samantalang sa "4-Pics in a Frame," napauunlad naman ang visual literacy, kritikal na pagbasa sa larawan, pagbuo ng hinuha, at pagpapaliwanag batay sa sitwasyong ipinapakita. Sa kabuuan, ang dalawang opsiyon ay nakatutulong sa paghubog ng mapanuring pag-iisip, malinaw na komunikasyon, at mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng kasaysayan, politika, at lipunan. "mag-aaral ay inaasahang magbasa, umunawa, magsuri, magbigay-kahulugan, at magpaliwanag ng mga ideyang nakapaloob sa teksto ni Michael Charleston "Xiao" B. Chua tungkol sa Demokratikong Elitismo at Diktadura. Sa Opsiyon 2: SURI-KAALAMAN, makikita ang integrasyon ng EdTech sa paggamit ng printed text, Learning Activity Sheets, learning stations, papel para sa pagtatala, at mga gabay na tanong o task cards.

B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	**IKALAWANG ARAW** **1. Paglalahad ng Halimbawa** *Nauunawaan mo na ba ang bunga ng lokal elitismo at diktadurya sa paghubog ng kamalayang Pilipino?* **A. Recap of Day 1 (Balik-tanaw sa Unang Araw na aralin)** *Sa unang araw, tinalakay natin ang kahulugan ng diktadurya at lokal na elitismo. Ngayon, susuriin natin kung paano nakaapekto ang mga ito sa kalayaan, kaginhawaan, at kalinangan ng lipunang Pilipino. Ngayon, ating suriin ang iba't ibang sitwasyon gamit ang mga piling artikulo at naratibo ukol sa "political dynasty" at karapatang pantao sa Panahon ng Diktadurya.* ***Tanong:** Paano nakakaapekto ang lokal na elitismo at diktadurya sa buhay ng mga mamamayan?* ***OPSIYON 1: PANANAW KO!*** ***Isahang Gawain: Posisyong Papel*** • *Ang guro ay magbibigay ng mga artikulo hinggil sa mga piling artikulo at naratibo ukol sa "local elitism" at "political dynasty". Pipili ang bawat mag-aaral ng isang artikulo upang gawan ng posisyong papel. Sundan ang google drive link sa rubrics ng gawaing ito: https://drive.google.com/drive/folders/1QPe2cMFRN8Nl1Zn53fW3qljbNm60w8zy?usp=share_link* • *Ang mga artikulong susuriin ay ang mga sumusunod:* *A. "Local Elitism" at Political Dynasty* *A.1 5 ways Philippine dynasties are able to stay in power* *Sanggunian: https://pcij.org/2024/10/27/5-ways-philippine-dynasties-are-able-to-stay-in-power/* • *A.2 "8 in every 10 district reps belong to dynasties. More than half are re-electionists in 2025"* *Sanggunian: https://pcij.org/2024/10/26/lower-house-district-representatives-political-dynasties-reelection/* • *A.3 "Meet the 'obese' political dynasties of the Philippines"* *Sanggunian:https://pcij.org/2024/10/25/fat-political-dynasties-philippines-elections/*	*Pipili ang guro ng isang gawain mula sa dalawang OPSIYON . Matapos maipagawa ang isang gawain sa mga mga mag-aaral, sasagutin ang pamprosesong tanong. Maaring indibidwal na pagsagot o kaya naman ay pangkatan. Ang guro ay gagamit ng "Reflective Instruction", sapagkat binigyan nito ng pagkakataon na mahubog ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng paglikha ng posisyong papel ukol sa bunga ng lokal na elitismo at diktadura buhat sa binasang artikulo.* *Ang dalawang gawain ay may integrasyon ng **EdTech, Literacy, at Numeracy** dahil pinagsasama nito ang paggamit ng digital sources, kritikal na pagbasa at pagsulat, pagsusuri ng datos, at sistematikong pagtataya sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa isyu ng political dynasty at local elitism.*

	• *A.4 "The Philippines: Rivalries Between Local Elite in The Philippines Fuel Violence"* *Sanggunian: https://reliefweb.int/report/philippines/philippines-rivalries-between-local-elite-philippines-fuel-violence* ***Pamprosesong Tanong:*** *Paano nakaangkop ang mga Pilipino sa pag-iral ng political dynasty at ano ang naging epekto nito sa kamalayang Pilipino?* ***OPSIYON 2: PAG-USAPAN NATIN!*** ***Pangkatang Gawain*** *Inaasahang Awtput: Posisyong Papel* • *Ang guro ay magbibigay mga piling artikulo at naratibo ukol sa "local elitism" at "political dynasty". Ang bawat pangkat ay bibigyan ng nakatalagang artikulo na kanilang susuriin.* • *Ang mga artikulong susuriin ay ang mga sumusunod;* ***Unang Pangkat*** *A.1 5 ways Philippine dynasties are able to stay in power* *Pinagmulan: https://pcij.org/2024/10/27/5-ways-philippinedynasties-are-able-to-stay-in-power/* ***Ikalawang Pangkat*** *A.2 8 in every 10 district reps belong to dynasties.* *More than half are reelectionists in 2025* *Pinagmulan: https://pcij.org/2024/10/26/lower-house districtrepresentativespolitical-dynasties-reelection/* ***Ikatlong Pangkat*** *A.3 Meet the 'obese' political dynasties of the Philippines* *Pinagmulan: https://pcij.org/2024/10/25/fat-political-dynastiesphilippines-elections/.* ***Ikaapat na Pangkat*** *A.4 The Philippines: Rivalries Between Local Elite in The Philippines Fuel Violence* *Pinagmulan:https://reliefweb.int/report/philippines/philippinesrivalries-between-local-elite-philippines-fuel-violence* • *Bawat pangkat ay bibigyan ng tatlong minuto para sa presentasyon*	

	Pamprosesong Tanong: *1. Ano ang pangunahing ideya ukol sa "political dynasty" sa bawat artikulong binasa?* *2. Batay sa mga artikulo na binasa, ano-ano ang mga palatandaan ng manipestasyon ng "political dynasty" sa isang lipunan?* *3. Paano inilalarawan sa mga artikulong binasa ang mga bunga political dynasty sa isang lipunan?* **2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto** *Ngayon na natapos na tayo sa pagsusuri sa mga artikulo na naging daan upang makapagtaya tayo ng bunga ng lokal na elitismo at diktadurya. Ngayon naman ay talakayin natin ang mga bunga ng diktadurya at lokal na elitismo sa tatlong aspekto: ang Kalayaan, Kaginhawaan, at Kalinangan. Gamitin natin ang lente ni Propesor Michael Charleston B. Chua na may pamagat na "ANG ATING PANAHON: Ang Bayan Mula Pagkabansang Republika Hanggang Kapangyarihang Bayan". Upang magkaroon tayo ng malinaw na pag-unawa, gagamit tayo ng "concept map". Halina't maghanda at makilahok sa ating malayang talakayan.* ***OPSIYON 1: "PAGTALAKAY NG GURO!"*** • *Ang guro ay maglalahad ng impormasyon ukol sa saliksik na ginawa ni Michael Charleston B. Chua na may pamagat na "ANG ATING PANAHON: Ang Bayan Mula Pagkabansang Republika Hanggang Kapangyarihang Bayan". Sa puntong ito, mas palalalimin pa ng guro ang talakayan sa mga mahahalagang konsepto tungkol sa "local elitism"98 at diktadurya. Ang kagamitan sa pagkatuto o ang teksto na gagamitin ng guro ay matatagpuan sa Learning Activity Sheet ng mga mag-aaral.* • *Mula dito, ay gagamit ang guro ng "concept map" upang tatalakayin ang bunga ng demokratikong elit at diktadurya sa aspektong;* *o kalayaan* *o kaginhawaan* *o kalinangan*	

	  ***C. Closure: (Paglinang sa Natutunan)*** *Gumawa ng* ***Quick Reflection:*** *Sumulat ng tatlong bagay na natutunan at paano ito magagamit sa tunay na buhay.* ***Preview Day 3: (Paunang Pagtingin sa Ikatlong Araw na Aralin)*** *Bukas, maipapamalas natin ang malalim na pag-unawa at pagtataya sa mga konsepto na nag-uugnay sa konsepto ng diktadurya at lokal na elitismo.*	*Makikita ang integrasyon ng* ***Literacy*** *sapagkat ang mga mag-aaral ay ginagabayan sa pag-unawa at pagsusuri ng teksto ni Michael Charleston B. Chua tungkol sa "local elitism" at diktadurya. Sa pamamagitan ng talakayan at concept map, naipapaliwanag ng guro ang mahahalagang konsepto at naiuugnay ang mga bunga ng demokratikong elit at diktadurya sa kalayaan, kaginhawaan, at kalinangan.*

IKATLONG ARAW

3. Paglinang ng Kabihasaan

Ngayon ba ay malinaw na ang mga bunga ng lokal na elitismo at diktadurya sa pagsulong ng kamalayang Pilipino? Upang maipamalas ang malalimang pag-unawa at pagtataya sa mga konsepto, iugnay ang mga konseptong kaugnay sa diktadurya at lokal na elitismo.

A. Recap of Day 2 (Balik-tanaw Ikalawang Araw na Aralin)

Sa nakaraang talakayan, natutuhan natin ang kahulugan ng political dynasty*, lokal na elitismo, diktadurya, at karapatang pantao. Ngayon, palalalimin natin ang ating pag-unawa sa pamamagitan ng pagsusuri sa iba't ibang sitwasyon mula sa mga piling artikulo at naratibo upang matukoy kung paano nakaapekto ang mga ito sa kalayaan, kaginhawaan, at kalinangan ng lipunang Pilipino.*

Pambungad na Tanong: *Paano naaapektuhan ng* political dynasty *at diktadurya ang kalayaan, kaginhawaan, kalinangan ng mga mamamayan?*

Opsiyon 1: "I-CONNECT MO SA WALL OF FAME!"


- *Ang guro ay maghahanda ng mga salita o konsepto sa "Wall of fame" na may kaugnayan sa talakayaan.*
- *Hahatiin ang klase sa apat (4) na pangkat. Bawat pangkat ay pipili ng dalawang konsepto sa "wall of fame" at bibigyan sila ng 5 minuto upang mapag-usapan ang ugnayan ng dalawang konsepto na napili. Matapos ang "brainstorming", bibigyan ang bawat pangkat ng pagkakataon na ilahad ang resulta ng kanilang talakayan.*

"Wall of Fame"

Diktadurya	***"Political Dynasty"***	***Karapatang Pantao***
Kahirapan	***"Local Elitism"***	***Batas Militar***
Kapayapaan	***Korupsyon***	***Impluwensiya***

Pamantayan sa Pagmamarka:

Nilalaman na tumatalakay sa bunga ng paksa …. 10 puntos
Malalim na Pag-uugnay ……..10 puntos
Malinaw na paglalahad …….. 5 puntos
KABUOAN ……..25 puntos

	*(**Note:** Ang Wall of Fame ay isang espasyo na paglalagyan ng mga popular na konsepto at isyu na may kinalaman sa paksa.* ***Pamprosesong Tanong**:* *Anong anyo ng pakikiangkop ang pinakamabisang nagpalakas sa kamalayang Pilipino? Ipaliwanag.* ***Opsiyon 2: "CAUSE AND EFFECT GRAPHIC ORGANIZER"*** • *Iuugnay ng mga mag-aaral ang bunga ng Lokal na Elitismo at Bunga ng Diktadurya gamit ang "Cause and Effect Graphic Organizer"*  ***C. Closure: (Paglinang sa Natutunan)*** *Gumawa ng **Quick Reflection:** Sumulat ng tatlong bagay na natutunan at paano ito magagamit sa tunay na buhay.*	*Makikita ang integrasyon ng **Literacy** sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na unawain, ipaliwanag, iugnay, at suriin ang mahahalagang konsepto tulad ng diktadurya, political dynasty, karapatang pantao, kahirapan, "local elitism", batas militar, kapayapaan, korupsyon, at impluwensiya. Ito may integrasyon ng **educational technology** dahil sa paggamit ng pisikal na wall display, concept cards, manila paper, cartolina, marker, printed organizer, rubric bilang mga kagamitang panturo upang masuportahan ang talakayan at pagkatuto.*
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	**(IKAAPAT NA ARAW*)*** ***1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon*** *Upang ikaw ay makabuo ng matibay na personal na paninindigan at pagtataya ukol sa mga isyung kaugnay sa diktadurya at lokal na elitismo, ang mga susunod na gawain ay makatutulong upang malinang mo ang kasanayang ito.* ***A. Recap of Day 3 (Balik-tanaw sa Ikatlong Araw na aralin)*** *Sa nakaraang talakayan, napag-aralan natin ang mahahalagang konsepto tulad ng diktadurya, "political dynasty", karapatang pantao, kahirapan, "local elitism", batas militar, kapayapaan, korupsyon, impluwensiya. Ngayon, iuugnay natin ang mga konseptong ito upang mas maunawaan ang sanhi at bunga ng lokal na elitismo at diktadurya sa lipunang Pilipino.* *Paano nakakaapekto ang ugnayan ng **diktadurya, "political dynasty", "local elitism", at korupsyon** sa kalayaan, kapayapaan, at karapatang pantao ng mga mamamayan sa isang lipunan?*	*Sa mga gawaing **"DOCUMENTARY ANALYSIS"** at **"ADVOCACY CAMPAIGN,"** makikita ang integrasyon ng **Literacy** sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na manood nang may pag-unawa, magsuri ng mahahalagang mensahe, magpaliwanag ng mga bunga ng Diktadurya, at bumuo ng sariling pananaw tungkol sa karapatang pantao at kamalayang panlipunan. Sa advocacy campaign, higit pang nalilinang ang kasanayan sa pagsulat, pagbuo ng mensahe, panghihikayat, at malinaw na komunikasyon para sa isang makabuluhang layuning panlipunan. May malinaw na*

	Opsiyon 1: DOCUMENTARY ANALYSIS • *Ang guro ay magpapanood ng isang dokumentaryo ukol sa isang piling naratibo sa panahon ng Diktadurya. Sundan ang google drive link sa rubrics ng gawaing ito: https://drive.google.com/drive/folders/1QPe2cMFRN8Nl1Zn53fW3qljbNm60w8zy?usp=share_link* ***A.*** *GMA Public Affairs. "Alaala: A Martial Law Special | Full Episode," September 23, 2017. https://www.youtube.com/watch?v=ULUgKp7EbYg.*  *GMA Public Affairs. "Alaala: A Martial Law Special | Full Episode," September 23, 2017. https://www.youtube.com/watch?v=ULUgKp7EbYg.* *Ang mga mag-aaral ay gagawa ng kanyang sariling pagsusuri ukol sa bunga ng Diktadurya sa paghubog sa kamalayang panlipunan.* ***Mga Gabay na Tanong:*** 1. *Ano ang mahahalagang mensahe ang nakuha ninyo mula sa pinanood na dokumentaryo?* 2. *Ano-ano ang mga sitwasyon o manipestasyon sa kasalukuyang panahon na bunga ng diktadurya mula sa dokumentaryo na pinanood?* 3. *Ano-anong paraan ng pakikiangkop, paglaban, o pakikilahok ng mamamayan ang ipinakita sa dokumentaryo?* 4. *Paano nakakaapekto ang mga bunga ng pagdeklara ng Batas Militar sa pagkilala sa Karapatang Pantao?*	*integrasyon ng **EdTech** sa paggamit ng dokumentaryo mula sa YouTube bilang digital learning resource. Mas napapalakas din ito kung gagamit ang mga mag-aaral ng digital tools tulad ng Canva, PowerPoint, video editor, Google Slides, o social media platforms sa paglikha at pagpapalaganap ng kanilang advocacy campaign. Makikita naman ang **Numeracy** sa pagsusuri ng bilang ng mahahalagang mensahe, sitwasyon, o manipestasyong matutukoy mula sa dokumentaryo, gayundin sa paggamit ng rubric, puntos, bilang ng engagement sa social media, o simpleng pagtataya sa lawak ng naabot ng advocacy campaign. Maaari ring ipasuri sa mga mag-aaral ang datos o estadistika kaugnay ng karapatang pantao, diktadurya, at lokal na elitismo upang mas mapalalim ang kanilang pagsusuri.*

Opsiyon 2: "ADVOCACY CAMPAIGN"

- *Ang mga mag-aaral ay lilikha ng advocacy campaign na magsusulong sa paghubog sa kamalayang Pilipino ukol sa mga bunga ng lokal na elitismo at diktadurya sa lipunang Pilipino.*
- *Maaari itong ipost sa social media upang maipalaganap ang kamalayan ukol sa bunga ng diktadurya at lokal na elitismo. Sundan ang google drive link sa rubrics ng gawaing ito: https://drive.google.com/drive/folders/1QPe2cMFRN8Nl1Zn53fW3qljbNm60w8zy?usp=share_link*

2. Paglalahat

Sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing inyong natapos, nagkaroon kayo ng pagtataya sa bunga ng diktadurya at lokal na elitismo sa kamalayang Pilipino.

Opsiyon 1: "Reflective Essay"

- *Bubuo ang mga mag-aaral ng "reflective essay" tungkol sa mga mahahalagang natutunan ukol sa bunga ng "local elitism" at diktadurya sa paghubog ng kamalayang Pilipino*

Opsiyon 2: "Quick-Recap Poetry"

- *Bibigyan ng pagkakataon ang bawat mag-aaral na bumuo ng "Quick-Recap Poetry" tungkol sa mga mahahalagang natutunan ukol sa bunga ng local elitism at diktadurya sa paghubog ng kamalayang Pilipino.*

Pamantayan	Deskripsyon	Marka (1–10)
Nilalaman (Content)	*Orihinal at makabuluhan ang mensahe; may malinaw na tema at lohikal na pagkakabuo.*	
Pagbigkas (Delivery)	*Malinaw, may emosyon, at may kontrol sa tinig; akmang bigkas ng salita.*	
Pagkakabisa (Memorization)	*Hindi nagbabasa, buong puso ang pagganap, kabisado ang piyesa.*	
Pagpapahayag ng Emosyon	*Naipapakita ang damdamin ng tula sa pamamagitan ng kilos, boses, at ekspresyon.*	
Pagkamalikhain (Creativity)	*May natatanging estilo o paraan ng pagganap; malikhaing presentasyon.*	
Kabuuang Epekto	*Malakas ang dating; nakaaantig at nakakaugnay sa mga tagapakinig.*	

	Pamprosesong Tanong: *1. Ano ano ang mga mahahalagang kaalaman ang pumukaw sa iyong damdamin bilang Pilipino?* *2. Paano hinubog ng mga bunga ng "local elitism" at diktadurya ang iyong kamalayang Panlipunan?*	
V. PAGTATAYA *(Assessing Learnings)*	*Dadako naman tayo sa pagtataya ng inyong pang-unawa at mga kasanayang inyong nahubog. Pag-isipang mabuti ang pagsusulit na naglalaman ng karunungan, asal at pagkilos ukol sa bunga ng diktadurya at lokal na elitismo.* ***Opsiyon 1: Wastong Pagpili:*** ***Panuto:****Suriin ang mga sumusunod na katanungan at isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.* *1. Ano ang tawag sa sistemang politikal kung saan iilang pamilya lamang ang may kapangyarihan?* *A. Sosyalismo B. Demokrasya C. Elitismo. D. Totalitaryanismo* *2. Anong batas ang nilagdaan ni Diosdado Macapagal noong 1963 kaugnay ng repormang agraryo?* *A. PD 27 B. RA 3844. C. RA 6657 D. Batas Militar* *3. Alin sa mga sumusunod na pangulo ang kilala sa pagbubukas ng Malacañang para sa mamamayan?* *A. Ferdinand Marcos B. Gloria Macapagal-Arroyo* *C. Ramon Magsaysay D. Carlos P. Garcia* *4. Ano ang naging epekto ng Land Use Conversion sa mga lupang sakahan?* *A. Tumaas ang ani ng palay* *B. Naitayo ang maraming eskwelahan* *C. Naipamahagi ang lahat ng lupang agrikultural* *D. Naiwasan ng ilang hacienda ang repormang agraryo* *5. Batay sa artikulo ni Propesor Xiao Chua, ano ang naging pangunahing puna sa representasyon ng mga kongresista mula 1986 pataas?* *A. Lumaki ang bilang ng partylist* *B. Mas dumami ang mahihirap sa Kongreso* *C. Hindi nagbago ang dominasyon ng mga angkan sa politika* *D. Nawala ang kapangyarihan ng mga elit* *6. Ano ang epekto ng Proklamasyon 1081 sa lehislatura ng bansa?* *A. Lalong lumawak ang kapangyarihan ng Kongreso* *B. Ipinatigil ang eleksyon* *C. Ipinasarado ang Kongreso at si Marcos na lamang ang gumagawa ng batas* *D. Ibinigay sa Korte Suprema ang kapangyarihang magbatas*	

	7. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit lumala ang kalagayang pang-ekonomiya noong dekada '80? *A. Pagtaas ng suweldo ng mga empleyado* *B. Digmaan sa Kanlurang Asya na nagdulot ng pagtaas ng presyo ng langis* *C. Pagdami ng turista sa Pilipinas* *D. Pagbabago ng panuntunan sa edukasyon* *8. Alin sa sumusunod na grupo o indibidwal ang GINAMIT ang sining bilang paraan ng protesta laban sa diktadura?* *A. Sentrong Pangkultura ng Pilipinas* *B. Inang Laya at Lino Brocka* *C. Thrilla in Manila organizers* *D. Miss Universe candidates* *9. Bakit sinasabing nagkaroon ng "Bagong Lipunan" sa mga unang taon ng Batas Militar?* *A. Dumami ang bilang ng mga manggagawa sa pamahalaan* *B. Nagkaroon ng malawakang reporma sa agrikultura* *C. Nagkaroon ng katahimikan sa gabi at naipatayo ang mga imprastraktura* *D. Lahat ng tao ay nabigyan ng pantay na Karapatan* *10. Ano ang pangunahing layunin ni Pangulong Ferdinand Marcos sa pagdeklara ng Batas Militar noong 1972, batay sa kanyang pahayag?* *A. Mapabilis ang pag-unlad ng bansa* *B. Iligtas ang republika mula sa rebelyong Komunista at baguhin ang lipunan* *C. Tanggalin ang lahat ng oposisyon sa gobyerno* *D. Palawakin ang kapangyarihan ng militar* ***Mga Sagot;*** *1. C 2. B 3. C 4. D 5. C 6. C 7. B. 8. B 9. C 10. B* ***Opsiyon 2: Susing-Salita*** ***Panuto:*** *Magbibigay ng susing salita ang mga mag-aaral tungkol sa bunga ng local elitism at diktadurya. Magbibigay rin sila ng isang pangungusap bilang pagsusuri sa mga bunga ng local elitism at diktadurya.* ***Paglalahat at Paglinang sa Natutunan:*** *Sa kabuuan, mahalagang maunawaan na ang lokal na elitismo at diktadurya ay may malalim na epekto sa paghubog ng kamalayang Pilipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga teksto, artikulo, dokumentaryo, konsepto, at karanasan sa lipunan, nakita natin na ang mga ito ay nakaapekto sa kalayaan, kaginhawaan, kalinangan, karapatang pantao, at pakikilahok ng mamamayan sa lipunan. Ang pag-aaral sa mga bunga ng lokal na elitismo at diktadurya ay hindi lamang pag-alam sa nakaraan, kundi paraan din upang mahubog ang mapanuri, responsable, at makabayang mamamayang may kakayahang manindigan laban sa pang-aabuso, korupsyon, at opresyon. Bilang mag-aaral, mahalagang gamitin ang natutuhan upang makibahagi sa pagpapalaganap ng kamalayang Pilipino at sa pagsusulong ng makatarungan, malaya, at makataong lipunan.*


VI. KARAGDAGANG GAWAIN / INTERBENSYON	***Option 1: Remediation Activity: MINUTE-REELS*** *Bubuo ng "minute-reels" ang mga mag-aaral batay sa sariling adbokasiya upang magbigay ng kaalaman sa mga mamamayang Pilipino tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng muling kamalayan sa lipunan. Ang "reels" ay aabot lamang ng labing limang (15) segundo.* ***OPTION 2: HAGDAN NG KAMALAYAN*** *Panuto: Pipili ang mga mag-aaral ng isang tema mula sa bunga ng Demokratikong Elit at Diktadurya (A. Kalayaan, B - Kaginhawaan, C-Kalinangan). Kukumpletuhin ang mga detalye na hinihingi sa bawat baitang na makikita sa "hagdan ng kamalayan". Ang gawaing ito ay matatagpuan sa "Learning Activity Sheets" ng mga mag-aaral. Mag-iisip ang mag-aaral ng isang sitwasyon o kalagayan sa lipunan na nangangailangan ng tugon o pansin upang malinang ang kamalayang Pilipino. Sa unang baitang, magbibigay ng maikling pagsusuri sa sitwasyon, bibigyan diin dito ang kaugnayan ng sitwasyon sa temang napili. Sa ikalawang baitang, ilalahad ang pangkalahatang adhikain o "vision" sa sitwasyon o kalagayan, ibabahagi sa baitang na ito ang iyong sariling ekspektasyon ukol sa sitwasyon na iyong inilahad. Sa ikatlong baitang, sa bahaging ito naman, isusulat mo ang iyong mga layunin kung paano mo maisasakatuparan ang iyong adhikain upang makatugon sa paghubog sa kamalayang Pilipino. Sa panghuli at ikaapat na baitang, dito naman itatala ang mga mungkahing Gawain na naka-angkla sa iyong layunin na nabangit sa ikatlong baitang.*
VII. PAGNINILAY *(Feedback and Continuous Improvement)*	
